مترجمة إلى اللغة الفلبينية – هذا وقف لله تعالى لا يجوز بيعه

Isinalin sa Wikang Filipino – Ito ay sa para sa Allah at hindi maaaring ipagbili

# أسئلة القبر

# Ang Mga Katanungan sa Libingan

**(As-ilatil Qabr)**

**Ipinaliwanag Ni:**

**Shaykh Haytham bin Muhammad Jameel Sarhan**

**Dating Guro sa Mahad Haram sa Al-Masjid An-nabawiy**

**Tagapangasiwa ng At-Ta'seel Al-Ilmiy Website**

**http://attasseel-alelmi.com**

**Patawarin nawa siya ng Allah at ganoon din sa kanyang Dalawang Magulang**
**At sinuman tumulong sa paglimbag at paglathala ng Aklat na ito**

**Isinalin sa Wikang Filipino ni:**
**Shaykh Al-hafeyz Bautista**

**UNANG EDISYON**

**2018/1439H**

**Lahat ng karapatan ay nakalaan sa may-akda**

**Maliban sa sinumang magnanais na ilimbag o isalin ito upang ipamahagi ng libre pagkatapos ng pakikipag-ugnayan sa may-akda**

**Mangyaring Makipag-ugnayan sa:**

**islamtorrent@gmail.com**

الأصول الثلاثة و أدلتها

# Ang Tatlong Saligan

# At kanyang mga katibayan

## (Al-Usuluth Thalathah Wa Adillatuha)

Sa ngalan ng Allah,

Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

Katotohanan, ang lahat ng papuri ay sa Allah Taa'la lamang, purihin natin siya at hilingin natin ang kanyang tulong. Humingi tayo ng kapatawaran sa kanya. At hilingin natin ang kalinga niya mula sa kasamaan ng ating mga sarili at mula sa mga masasamang ating nagawa. Sinuman ang patnubayan ng Allah Taa'la, walang sinuman ang maaaring makapagligaw sa kanya, at sinuman ang kanyang iligaw, walang sinuman ang maaaring makapaggabay sa kanya at ako ay sumasaksi na walang sinuman ang may karapatang sambahin kundi ang Allah Taa'la siya ang nag-iisa at walang katambal. At ako ay sumasaksi na si Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wa Sallam ay kanyang alipin at sugo. At bilang pagpapatuloy:

## Ang panimula sa pagpapaliwanag

### Ang may-akda ng aklat

**Shaykhul Islam Mujaddidu da'watit Tawheed Al-Imam:**
**Muhamamd bin Abdilwahhab bin Sulayman Attamimiy, Abul Husayn**
**Siya ay isinilang sa Al-Uyaynah noong taon (1115h)**
**at siya ay pumanaw sa Ad-dhir'iyah noong taon (1206h)**

### Bakit natin pag-aaralan ang Tawheed

- Anumang gawaing walang Tawheed ay Hindi tinatanggap ng Allah
- Dahil Nilikha tayo ng Allah ayon sa layuning ito
- Ito ay Dahilan sa pagdami ng kabutihan
- Walang makakapasok sa paraiso liban sa taong may Tawheed
- Dahilan upang makamit ang gabay at kapayapaan
- Dahilan upang mapatawad ang mga kasalasanan
- Dahilan upang makamit ang Shafa'ah ng Propeta Muhammad (saw)
- Dahilan upang makamit ang katiwasayan at kapanatagan

## Ang dahilan sa pagpili ng Aklat na ito para sa mga nagsisimula pa lamang sa pahingi ng kaalaman

**Ang Pinagpalang Aklat na ito ay pinahalagahan ng ating mga Salaf Salih at Ulama mula sa Ahlu Sunnah wal Jamaah dahil sa mga dakilang kapakinabangan at mga aral na magiging pundasyon ng isang naghahanap ng kaalaman at dito niya binabase ang kanyang pagkuha ng kaalaman sa Islam, at dahil doon susunod tayo sa kanila at tatahakin natin ang kanilang kapamaraanan.**

***At ganoon rin, ang mga karaniwang tao ay hindi maaari sa kanila na iwanan ang pag-aaral ng aklat na ito at anumang napapaloob dito mula sa mga pangunahing aralin na marapat sa kanya na maniwala nang tiyak at wagas na walang pagdududa.**

### Natatangi ang Aklat na ito at iba pang mga aklat ni Sheikh Muhammad bin Abdilwahhab -*Rahimahullah*- dahil sa mga sumusunod:

- Maraming panalangin sa Allah para sa bumabasa at tagapakinig habang binabasa ang kanyang mga aklat
- Tinitipon ang mga usapin, inaayos, nilalagyan ng bilang at pagkatapos ay kanya itong ipinapaliwanag
- Pagbanggit ng mga usapin na may kalakip na batayan
- Madali at Malinaw

## Ang Kahulugan ng Al-Usuluth Thalathah

**Ang buod ng Al-Usuluth Thalathah ay: Ang tatlong katanungan sa loob ng libingan**

- Sino ang iyong Rabb?
- Ano ang iyong Deen?
- Sino ang iyong Sugo?

## Anong bunga ang ating makukuha mula sa pag-aaral ng Usuluth thalathah?

**Kapag napag-aralan mo ang Usuluth thalathah, at iyong isinabuhay ito, at pagkatapos iyo itong pinangaral sa iba, at pagkatapos ay nagtiis ka sa pagkuha ng kaalaman at pagsasabuhay at pagpapalaganap nito, nasagot mo na ang katanungan sa loob ng libingan (Ayon sa kagustuhan ng Allah Taa'la)**

## Ang nilalaman ng Aklat na "Usuluth Thalathah"

Ito ay nababahagi sa limang Bahagi:

1. ARBA' MASAAEL *(Apat na Usapin)*
   Surah Al-asr
2. MASAAELUTH THALATHAH (*tatlong Usapin*)
   Uri ng Tawheed
3. Ang kahalagahan ng Pag-aaral ng Tawheed
4. Al-usuluth thalathah *(Tatlong Saligan ng relihiyon)*
   Mga katanungan sa Loob ng libingan
5. Ang Pangwakas

## 1- Ang Apat na Usapin
## (Al-Masaa'el Al-arbaah)

1. Al-ilm

*(Kaalaman)*

2. Al-a'mal

*(Pagsasabuhay nito)*

3. Ad-da'wah ilayhi

(*Pag-anyaya tungo rito*)

4. As-sabr alal adha feehi

(*Ang pagtiis sa pagtupad ng mga ito*)

## 2- Ang Tatlong Usapin
## (Al-Masaa'el Ath-thalaathah)

1. Tawhidu Rububiyyah at Tawhidul Asma was Sifat

2. Tawhidul Uluhiyah

3. Ang pag-iwas mula sa Shirk at mga gumagawa nito sa pamamamagitan ng Puso, Dila, at Gawa

## 3. Kahalagahan ng Pag-aaral ng Tawheed

Ang sagot sa katanungan: Bakit natin pag-aaralan ang Tawheed?

## 4. Al-usuluth thalathah
## (Tatlong Saligan ng relihiyon)

Ang buod ng Al-Usuluth Thalathah

- Sino ang iyong Rabb?
- Ano ang iyong Deen?
- Sino ang iyong Sugo?

## 5. Ang Pangwakas

Mula sa sinabi ng May-akda -Rahimahullah: (At ang mga tao kapag namatay ay mabubuhay muli) hanggang sa katapusan ng Aklat.

# Una: Ang Apat na Usapin (Al-Masaa'el Al-arbaah)

Sa Ngalan ng Allah Ang Pinakamaawain Ang Pinakamahabagin (1)

Dapat mong malaman -ang habag ng Allah ay sumaiyo-(2) na obligasyon natin ang pag-aralan ang ARBA' MASAAEL (*apat na usapin*) ito ay;

Una: AL-I'LM (*Ang kaalaman*) at ito ang pagkakilala sa Allah, pagkakilala sa kanyang Propeta at kaalaman sa Deenul Islam sa pamamagitan ng mga patunay mula sa Kitab at Sunnah.

Pangalawa: AL-A'MALU BIHI (*Ang pagsasabuhay sa mga ito*)

**(1) Dahilan ng May-akda sa pagsisimula ng aklat sa pamamagitan ng Basmallah**

- **1. Pagsunod sa Quran at Mga Sugo**
- **2. Pagsunod sa mga naunang mga Ulama at mga Salaf na ang kanilang kaugalian sa pag-aakda ay ang pagsisimula sa basmallah**
- **3. Paghingi ng pagpapala sa pamamagitan ng pangalan ng Allah Al-kareem**

**(2) Katulad na nabanggit mula sa simula; ang kaugalian ng may-akda ay ang pagsisimula sa pamamagitan ng panalangin para sa mga naghahanap ng kaalaman at humihiling siya sa Allah para sa kanila ng Rahmah (Habag); at ito ay isang palatandaan ng:**

- **Habag ng mga Ulama ng Ahlu Sunnah wal Jama'ah sa kanilang mga Mag-aaral.**
- **Ang Relihiyong Islam ay itinayo sa Rahmah (Habag)**

**Ang "ilm": Ang malaman ang katotoohan sa pamamagitan ng kanyang katibayan, at ang kanyang kasalungat ay "Jahl" o kamangmangan.**

**(3) Nabanggit na ang katunayan sa "ilm" at "Amal": ((Nagbubunyi ang kaalaman sa pagsasabuhay nito; kung siya ay sinagot, at kung hindi; siya ay aalis at mawawala)), walang pakinabang ang kaalaman na walang pagsasabuhay nito. Kapag nagkaroon ng kaalaman ang isang tao nararapat sa kanya na gawin at isabuhay ang mga kaalaman na kanyang nakukuha, at kung hindi nangyari iyon;, matutulad siya sa mga hudyo, dahil sila ay nagkaroon ng kaalaman sa katotohanan ngunit hindi nila ito sinunod at isinabuhay *(nalalaman nila ang katotohan, katulad kung gaano nila nalalaman ang kanilang mga anak)* at ang unang ipapasok sa Impiyerno ay mula sa tatlong uri ng tao kabilang dito ay: ang isang may kaalaman ngunit hindi niya ito isinasabuhay.**

**"Ang isang taong mayroong kaalaman at hindi niya ito isinabuhay,<br>Una siyang paparusahan bago ang mga sumasamba sa mga diyos-diyosan"**

**Ang Da'wah ay mayroong mahahalagang kondisyon at panuntunan na dapat isakatuparan; at ito ang:**

| | | | |
|---|---|---|---|
| 1. Mangyari na ang Da'wah ay magkaroon ng "Ihklas" para sa Allah Ta'ala | 2. Mangyari na ang Da'wah ay naaayon sa kaalamang pang-islam | 3. Mangyari na ang Da'wah ay Naaayon sa Hikmah at Sabar | 4. Mangyari na magkaroon ng kaalaman sa kalagayan ng mga Dinada'wahan |

**Pangatlo:**
**AD-DA'WAH ILAYHI**
**(*Pag-anyaya tungo rito*)**

**Ang Batayan sa mga Kondisyong ito**

Sinabi ng Allah Ta'ala: *(sabihin mo sa kanila, O Muhammad: "Ito ang aking "Sabeel" (pamamaraan), na ako ay nag-aanyaya tungo sa Allâh, na ako ay may "Baseerah" (kaaalaman), ako at ang sinumang susunod sa akin, at Luwalhati sa Allah na Napakadakila na malayung-malayo mula sa anumang kanilang sinasamba na itinatambal sa Kanya, at ako ay hindi kabilang sa mga nagbibigay ng katambal sa pagsamba sa Kanya.)*

*(Ito ang aking "Sabeel" pamamaraan)*: Ang tinutukoy na "pamamaraan" ay ang dalang batas ng Propeta Muhammad (Saw) at ang "Sabeel" ay ang Daan

*(na ako ay nag-aanyaya tungo sa Allâh)*: Ang nag-aanyaya tungo sa Allah ay siya ang dalisay na nagnanais na dalhin ang mga tao tungo sa Allah.

*(na ako ay may "Baseerah")*: Ang "Baseerah" ay ang "ilm" (*kaaalaman*) at sumasaklaw ito sa kaalaman sa:

| | | |
|---|---|---|
| 1. Batas ng Islam | 2. Kalagayan ng Dina-da'wahan | 3. Kapamaraanan na magdadala tungo sa ninanais |

Sinasabi ng may-akda –rahimahullah-: kapag ikaw ay nagkaroon ng kaalaman at isinabuhay mo ito, nararapat sa iyo na tahakin mo ang kapamaraanan ng Propeta Muhammad (Saw), Sahabah at ng Salaf Salih, kung saan nagwika ang Allah: (*Sabihin mo sa kanila, O Muhammad: "Ito ang aking "Sabeel" (pamamaraan), na ako ay nag-aanyaya tungo sa Allâh, na ako ay may "Baseerah" (kaaalaman), ako at ang sinumang susunod sa akin*), kung ganon ay kinakailangan natin magsagawa ng Da'wah.

<u>Pang-apat</u>: **AS-SABR ALAL ADHA FEEHI** (*Ang pagtiis sa pagtupad ng mga ito*) (1).

Ang patunay,
Sinabi ng Allah Ta'ala:

*(1-2. Sumumpa ang Allâh sa pamamagitan ng panahon na walang pag-aalinlangang ang Mga Tao ay nasa pagkawasak at pagkatalo.*
*3. Maliban sa kanila na naging mananampalataya at gumawa ng mabubuting gawa, at nagpayuhan sila sa isa't isa sa pananatili sa katotohanan, at pagtitiis para rito.)* (2)

**(1)** **Binanggit ng may-akda –rahimahullah- na ang pagkatapos ng Da'wah ay: Ang Sabr, samakatuwid: Ang tumahak sa landas na ito ay mangyayari sa kanya ang katulad sa kung ano ang nangyari sa mga Sugo at Propeta, kaya nararapat ng magsabar o magtiis.**

## Ang Sabr

**Sa Islam:** Ang pagpigil sa sarili sa mga bagay at paglayo mula rito.

**Literal:** Pagpigil

## Ang Tatlong Uri ng Sabr ayon kay Ibn Qayyim –Rahimahullah-

1. Ang Pagtitiis sa pagsunod sa Allah hanggang sa ito ay maisagawa.
2. Ang Pagtitiis mula sa pagsuway sa Allah haggang sa ito ay maiwasan
3. Ang Pagtitiis sa mga Masakit na Tadhana na Tinadhana ng Allah

**(2)** **Matapos ang pagbanggit sa apat na usapin, nilahad ng may-akda –Rahimahullah- ang patunay patungkol dito mula sa Quran; at ito ang Surah Al-Asr. At ang may-akda –rahimahullah- sa tuwing siya'y magbabanggit ng usapin palagi itong may kalakip na Patunay o Batayan, Bakit?**

- Upang matuto ang mga mag-aaral sa pagsunod at hindi sa paggaya
- Upang magkaroon ang isang mag-aaral ng patunay upang itugon sa isang sumasalungat
- Upang magkaroon ang isang mag-aaral ng kakayahan sa pagkuha ng hukom mula sa mga pangunahing batayan

Sinabi ni Imâm Ash-Shâfi'î:
"Kung sakaling wala ng iba pang Surâh na ipinadala ang Allah maliban dito ay sapat na ito sa kanyang mga nilikha." (1)

Sinabi ni Al-Bukhârî:
"Kaalaman bago ang pagsasalita at paggawa."
At ang patunay, Sinabi ng Allah:
*((Dapat mong mabatid, O Muhammad, na walang sinuman ang may karapatan at karapat-dapat na sambahin kundi ang Allâh, at humingi ka sa Kanya ng kapatawaran sa iyong kasalanan))*

Sinimulan sa kaalaman bago ang pagsasalita at pagkilos o paggawa. (2)

(1) Gustong sabihin ng may-akda – rahimahullah- na ang Surah na ito ay sapat ng patunay sa mga nilalang upang maghanap ng kaalaman, isabuhay ito, magsagawa ng da'wah at ang pagtitiis para dito.

(2) Pinangalan ni Imam Bukhari ang isang kabanata mula sa kanyang aklat na (sahih Al-bukhari): Kabanata: (Kaalaman bago ang pagsasalita at paggawa) at kanyang binanggit ang patunay, kaya naman nararapat na magkaroon ng kaalaman muna bago ang pagsasalita at paggawa.

At Hindi magiging tama ang paggawa na walang kaalaman, dahil ito ay isang gawaing katulad sa mga Kristiyano.

# Pangalawa: Ang Tatlong Usapin (Al-Masaa'el Ath-thalaath)

Dapat mong malaman -ang habag ng Allah ay sumaiyo- na kinakailangan sa mga lalaki at babaing Muslim ang pag-aralan ang MASAA-EL ATH THALATHAH (*Tatlong Usapin*) at pagsasabuhay nito. (1)

(1) Sinimulan ng may-akda ang bahaging ito mula sa aklat sa pamamagitan ng panalangin para sa mag-aaral.
Tunay na nagsagawa ng panalangin ang may-akda sa Allah para sa mga mag-aaral, at ito ay nasa tatlong lugar ng aklat: Una; sa pagsisimula ng apat na usapin. Pangalawa; sa pagsisimula ng Tatlong usapin, Pangatlo: (Dapat mong malaman patnubayan ka nawa ng Allah sa pagsunod sa kanya, tunay na ang AL-HANIFEEYAH ang siyang MILLAH (paniniwala) ni Ibrahim)

## Panimula Bago ang Pagpapaliwanag sa Tatlong Usapin

### Tawheed

**Literal:** Salitang Ugat ng *"Wahhada, Yuwahhidu, Tawheedan"*

Nangangahulugan: *"Binukod-tangi"*

**Sa Islam:** Ang Pagbubukod-tangi sa Allah sa kanyang *Rububiyah* at *Uluhiyyah* at *Asma was sifat*

### Ang Tawheed ay nahahati sa tatlong bahagi:

**Tawheedur Rububiyyah**

Ang pagbubukod-tangi sa Allah sa Kanyang mga Gawain.

O

Pagbubukod-tangi sa Allah sa Kanyang Paglikha at Pagmamay-ari sa lahat ng nilikha at Pangangasiwa.

**Tawheedul Uluhiyah**

Pagbubukod -tangi sa Allah sa Pagsamba.

**Tawheedul-Asma-i was Sifat**

Pagbubukod-tangi sa Allah sa pamamagitan ng mga Pinangalan at itinangi Niya sa Kanyang sarili sa Quran at sa binanggit ng kanyang propeta Muhammad, at magpatibay sa lahat ng pinagtibay Niya sa Kanyang sarili at magwaksi sa lahat ng winaksi Niya sa Kanyang sarili nang walang TAHRIF (pagbabago ng kahulugan), o TA'TIL (pag-aalis ng kahulugan) at nang walang TAKYIF (paglalarawan ng pamamaraan sa Kanyang katangian at pangalan o kung paano Niya isinasagawa ang kanyang mga gawain), TAMTHIL (paghahalintulad sa Kanya sa anumang nilikha).

*Ang mga pangalan at katangian ng Allah ay "Tawqifiyah" o nababatay lamang sa kung ano ang nabanggit sa Quran at Sunnah at ito ay:

- Sa pamamagitan ng pagkilala sa lahat ng pinagtibay ng Allah sa Kanyang sarili sa Quran o pinagtibay para sa Kanya ng kanyang Sugo.

- At sa pamamagitan ng pagwaksi sa lahat ng winaksi ng Allah mula sa Kanyang sarili sa Quran o winaksi mula sa Kanya ng kanyang Sugo, katulad:

*( Hindi Siya maaaring antukin at Hindi rin Siya maaaring matulog.), (at Hindi Kami kailanman napagod sa paglikha nito.)* Nang walang *Tahrif* at *Ta'til*, at nang walang *Takyif* at *Tamthil*.

Una: Tunay na ang Allah ang Siyang lumikha sa ating lahat at nagtutustos at hindi niya tayo pinabayaan, bagkus ay nagpadala siya ng mga sugo, at ang sinumang sumunod dito ay makakapasok sa Paraiso at sinumang sumuway ay makakapasok sa Impiyerno.

At Ang patunay sinabi ng Allah:

*"Katiyakan, ipinadala Namin sa inyo, si Muhammad bilang Sugo na titestigo laban sa inyo na katulad din ng pagkapadala Namin kay Musa tungo kay Fir`âwn, subalit di-pinaniwalaan ni Fir`âwn si Musa at hindi naniwala sa kanyang mensahe at nilabag ang kanyang utos, na kung kaya, pinuksa Namin sila nang matinding pagkapuksa."*

## Ang Buod ng Tatlong Usapin

| Unang Usapin: | Pangalawang Usapin: | Pangatlong Usapin: |
| --- | --- | --- |
| Tawhidur Rububiyyah at Tawhidul Asma was Sifat | Tawhidul Uluhiyah | Ang Pag-iwas mula sa Shirk o pagtatambal at mula sa mga gumagawa nito |

(1) Sa unang usapin ay pinapakilala rito ng may-akda ang Tawhidur Rububiyyah at Tawhidul Asma was Sifat, (Tunay na ang Allah ang Siyang lumikha sa ating lahat) Siya ang Al-khaliq, (at nagtutustos) ang Ar-Razzaq, (at hindi Niya tayo pinabayaan) sa kawalan na parang walang kautusan o pinagbabawal (bagkus ay nagpadala Siya ng mga sugo).

## Ang Dahilan ng pagpapadala ng Allah sa mga sugo Alayhimus Salam:

| | |
| --- | --- |
| Ang Paglalahad ng Hujjah o katibayan sa mga nilalang: *(At hindi namin paparusahan ang sinuman, hanggang hindi naitatag ang katibayan sa pamamagitan ng pagpapadala ng mga sugo.)* | Bilang Habag: *(At Hindi ka Namin ipinadala, O Muhammad, kundi bilang habag sa sangkatauhan)* |

**Pangalawa:** Tunay na ang Allah ay hindi nalulugod sa sinumang nagtatambal sa Kanya sa pagsamba, ni mula sa malalapit sa Kanya na anghel, ni sa mga propetang isinugo. Ang patunay, sinabi ng Allah:

*(At katiyakan, ang mga 'Masjid' ay para sa pagsamba sa Allâh, na kung kaya; huwag kayong magsagawa rito ng pagsamba sa sinuman)*

**Napapaloob sa Pangalawang Usapin ang pagpapakilala sa Al-Uluhiyah ng Allah Taala.**

**Sinabi ng may –akda:** (Tunay na ang Allah ay hindi nalulugod sa sinumang nagtatambal sa Kanya sa pagsamba) ang salitang *(Sinuman)* ay sumasaklaw sa lahat ng nilalang; ito man ay maging isang propeta, o waliy, o isang jinn, o anghel, o isang mabuting tao, at ibang mga nilalang.

Ang patunay sinabi ng Allah:
*(At katiyakan, ang mga 'Masjid' ay para sa pagsamba sa Allâh, na kung kaya; huwag kayong magsagawa rito ng pagsamba sa sinuman)*

## Ang Tatlong kahulugan ng Masjid (at ito ay maaaring pagsama-samahin)

- Ang mga nakatayong Masjid na itinayo upang sambahin ang Allah dito
- Ang mga parte ng katawan na kung saan nakadikit sa lupa habang nakasujud
- Ang kalupaan: *(at ginawa para sa akin ang kalupaan na Masjid at dalisay)*

*(ay para sa pagsamba sa Allâh, na kung kaya; huwag kayong magsagawa rito ng pagsamba sa sinuman):* ang salitang *(Sinuman)* ay sumasaklaw sa lahat ng nilalang; at dahil dito sinabi ng may-akda sa simula ng pangalawang usapin (Tunay na ang Allah ay hindi nalulugod sa sinumang nagtatambal sa Kanya sa pagsamba) ibig sabihin ay lahat ng nilalang; ito man ay propeta o waliy o jinn o mabuting tao.

**Ipinapaliwanag ng may-akda sa pangatlong usapin; na marapat na umiwas mula sa Shirk o pagtatambal at mula sa mga gumagawa nito.**

**Mangyayari ang pag-iwas mula sa Shirk at sa mga gumagawa nito sa pamamagitan ng:**

**Puso** | **Dila** | **Katawan**

**1- Puso: Sa pamamagitan ng pagkamuhi sa mga Kuffar at kanilang mga piyesta at pagdiriwang at lalo na ang mga gawaing pagtatambal at makabagong gawain pagsamba.**

**2- Dila: *(“Katiyakan, kami ay walang pananagutan sa inyo at sa anuman na inyong sinasamba bukod sa Allâh”)***

**1. Sabihin mo; O Muhammad, *“O kayong mga hindi naniniwala sa Allâh.* 2. *“Hindi ko sasambahin ang anumang sinasamba ninyo na mga diyus-diyusan* 3. *“At kayo ay hindi rin ninyo sasambahin ang aking sinasamba* 4. *“At ako, kailanman ay hindi mangyayari na sasamba sa mga sinasamba ninyo* 5. *“At kailanman ay hindi kayo sasamba sa aking sinasamba.”* 6. *“Na kung kaya, sa inyo na lamang ang inyong relihiyon na inyong pinagpipilitan, at sa akin na lamang din ang aking ‘Deen,’.”***

**3- Katawan: sa pamamagitan ng hindi paglahok sa kanilang mga pinagdiriwang o mga ritwal o mga kasuotan o anumang bagay na kanilang pinaniniwalaan.**

**Pangatlo: tunay na ang sinumang sumunod sa sugo at binukod tangi ang Allah ay hindi maaari sa kanya ang tumangkilik sa sinumang kumalaban sa Allah at sa Kanyang sugo kahit na ito pa ay Kanyang malapit na kamag-anak.**

**At ang patunay sinabi ng Allah:**

***(Hindi ka makatatagpo, O Muhammad ng mga tao na naniniwala sa Allâh at sa Kabilang-Buhay, na pakamamahalin nila ang sinuman na kumakalaban sa Allâh at sa Kanyang Sugo, kahit na sila pa ay kanilang magulang o di kaya ay kanilang mga anak o di kaya ay kanilang mga kapatid o di kaya ay kanilang mga kamag-anak.***

***Na itinanim ng Allâh ang kanilang Pananampalataya sa kanilang mga puso, at pinatatag sila sa pamamagitan ng tulong mula sa Kanya at sa Kabilang-Buhay ay papapasukin sila sa mga Hardin na umaagos ang mga ilog sa ilalim ng mga puno nito, at sila ay mananatili roon magpasawalang-hanggan, ipagkakaloob ng Allâh sa kanila roon ang Kanyang pagmamahal at mamahalin nila ang Allâh, Sila ang mga nasa panig ng Allâh at sila ang magkakamit ng kaligayahan sa daigdig at sa Kabilang-Buhay.)***

## Pangatlo: Ang kahalagahan ng pag-aaral ng Tawheed

dapat mong malaman Patnubayan ka ng Allah sa pagsunod sa kanya: **Tunay na ang AL-HANIFIYAH ang siyang MILLAH ni Ibrahim:** ito ay, ang sambahin lamang ang Allah nang dalisay at ito ang inutos ng Allah sa lahat ng tao at nilikha sila dahil dito; katulad ng sinabi ng Allah: *("At hindi Namin nilikha ang mga jinn at tao maliban lamang sambahin nila ako)* (1). At ang kahulugan ng "YA'BUDOON" ay "YUWAHHIDOON" (2). At ang pinakadakilang kautusan ng Allah: Ang TAWHEED at ito ay siyang pagbubukod-tangi sa Allah sa IBAADAH (3). At ang pinakadakilang ipinagbabawal niya ay ang SHIRK. Ito ay ang pananalangin, pagsamba maliban sa Allah.

### AL-HANIFIYAH

**Literal:**

Nagmula sa salitang: Al-hanf

Na ang kahulugan ay:

Al-mayl

Ito ang:

PAGLIHIS

**Sa Islam:** ito ang MILLAH o paniniwala na lumilihis at lumalayo mula sa Shirk patungo sa Ikhlas at Tawheed at Iman. *(At masunurin na nagpapasailalim sa kagustuhan ng Allâh, na hindi siya lumilihis sa Relihiyon ng Islâm)*

Ibig sabihin ay tumungo sa Allah at tumatalikod sa Shirk.

At ang Hanif ay siyang palaging bumabalik sa Tawheed at lumalayo mula sa Shirk.

(3) Ipinapaliwanag ng may-akda kung bakit natin pinag-aaralan ang Tawheed at ang kasagutan ay atin ng nabanggit sa panimula.

## Ang kahulugan ng Tawheed

**Literal:** Salitang ugat ng salitang *"Wahhada, Yuwahhidu, Tawheedan"*

Nangangahulugan: *"Binukod-tangi"*

**Sa Islam:** Ang pagbubukod-tangi sa Allah sa kanyang Rububiyyah at *Uluhiyyah* at *Asma was sifat*

Sinabi ng May-akda: (At ang kahulugan ng "YA'BUDOON" (pagsamba lamang) ay ang "YUWAHHIDOON" (ibukod tangi ang Allah sa pagsamba)), ito ay salita ni Ibn Abbas- Radhiyallahu anhu- na kung saan kanyang sinabi: (Tunay na ang bawat Ibadah sa loob ng Quran ay nangangahulugan na: Tawheed)). *((At inyong sambahin ang Allah))*: nang bukod tangi lamang sa Allah, *((O sangkatauhan sambahin niyo ang iyong Rabb))*: nang nag-iisa at bukod tangi lamang.

## Pang-apat: Al-Usuluth Thalathah

*(Tatlong Saligan ng relihiyon)*

**(1)** Sinimulan ng may-akda ang pagtalakay sa Al-Usuluth Thalathah, at ito ay nagpapahiwatig sa tatlong katanungan sa libingan, at kanyang pinukaw ang atensyon ng mga mambabasa at tagapakinig sa pamamagitan ng pagtatanong at pagsagot nito.

**(2)** Nililinaw ng may-akda ang unang saligan, at ipinapaliwanag na ang Rabb at ang karapatdapat sambahin walang iba kundi ang Allah Subhanahu Wa Taa'la, at kanyang binanggit ang patunay dito, at ito ang sinabi ng Allah: *(Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allâh na "Rabb" ng lahat ng mga nilalang),* At ang Rabb siya ang Ma'bood o ang sinasamba.

At kapag tinanong sa iyo kung ano ang tatlong saligan ng relihiyon na marapat malaman ng tao? Sabihin ay: ang makilala ng lingkod ang kanyang RABB, at malaman ang kanyang DEEN at makilala ang kanyang Propeta Muhammad Sallallahu Alayhi Wasallam **(1)**.

Kapag ikaw ay tinanong; "Sino ang iyong RABB?" Sabihin; ang aking RABB ay ang Allah na Siyang nangangalaga sa akin at sa lahat ng nilalang sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, at Siya lamang ang aking sinasamba at wala akong sinasambang katambal sa Kanya. At ang patunay sinabi ng Allah: *(Ang lahat ng papuri ay nararapat lamang sa Allâh na "Rabb" ng lahat ng mga nilalang)* **(2)**

Ang lahat maliban sa Allah ay AL-ALAMUN (Nilikha) at ako ay kabilang sa Kanyang mga nilikha **(3)**.

**(*"Al-ham-du-lil-lâ-hi Rab-bil `Â-la-mîn"*) sa Ayah na ito natitipon ang tatlong uri ng Tawheed**

| (*Rabb*) | (*lil-lâ-hi*) | (*Al-ham-du*) |
|---|---|---|
| Ito ay {nagpapakilala} sa Tawhidur Rububiyah | Ito ay {nagpapakilala} sa Tawhidul Uluhiyah | Ito ay nagpapakilala sa Tawhidul Asma was Sifat |

**(3)** Ibig sabihin: Ang lahat maliban sa Allah ay Makhluq o nilalang, at kung mangyari na ako ay isang nilikha nararapat lamang na ako ay magpasalamat sa Tagapaglikhang nagtutustos at nagbibigay ng biyaya, luwalhati sa kanya ang katas-taasan.

**At kung tatanungin ka; paano mong nakilala ang iyong Panginoon?**

**Sabihin; sa pamamagitan ng Kanyang mga AYAT (*tanda*) at MAKHLUQAT (*sa Kanyang mga nilalang)*, at mula sa mga tanda Niya ay ang gabi at ang umaga, ang araw at buwan at sa Kanyang paglikha sa kalangitan at kalupaan at sa mga nandito at sa pagitan ng mga ito.**

**Patunay na sinabi ng Allah*: ((At kabilang sa mga palatandaan ng Allah ay ang pagpapalit-palitan ng gabi at araw at gayundin ang araw sa buwan, at huwag kayong magpatirapa sa araw at sa buwan, bagkus ay magpatirapa kayo sa Allâh na lumikha ng mga ito, kung kayo ay tunay na sumasamba sa Kanya na Bukod-Tangi na walang katambal))***

**At Sinabi niya: *(Katiyakan, ang inyong 'Rabb,' ay ang Allâh na Siyang Lumikha ng mga kalangitan at ng kalupaan, sa loob ng Anim na Araw, pagkatapos Siya ay pumaroon sa taas ng Kanyang Trono, ipinapasok Niya ang gabi sa araw hanggang sa ito ay sumanib sa araw hanggang sa mawala ang liwanag nito, at bawa't isa rito ay nangyayari nang napakadali, Siya ang Lumikha ng araw at ng buwan at mga bituin at ipinapasailalim Niya ang mga ito sa Kanyang pag-aatas, na kung kaya, dapat ninyong mabatid na Siya lamang ang Bukod-Tanging Lumikha ng lahat at gayundin ang lahat ng Pag-aatas. Luwalhati sa Allâh; na Siya ang 'Rabb' ng lahat ng mga nilalang.)* (1)**

**At ang Rabb ay ang Siyang marapat sa pagsamba, ang patunay ay mula sa sinabi ng Allah :*( O sangkatauhan! Sambahin ang inyong Rabb na siyang lumikha sa inyo at gayundin ang mga nauna sa inyo, upang mapabilang kayo sa mga 'Al-Muttaqîn Siya ang lumikha ng kalupaan nang PALATAG, at sa mga kalangitan, nang pagkatatag-tatag at ibinababa Niya ang tubig-ulan mula sa mga ulap at sa pamamagitan nito ay pinasibol Niya ang iba't-ibang uri ng mga bunga bilang kabuhayan para sa inyo, kung Kaya't huwag kayong gumawa para sa kanya ng katambal habang ito ay inyong nalalaman)* (2)**

**Sinabi ni Ibn Kathir "Ang KHALIQ (Tagapaglikha) ng mga bagay na ito ang siyang karapat-dapat sa IBAADAH (pagsamba)." (3)**

**(1) Sinimulan ng may-akda ang pagbanggit sa mga ilang palatandaang pandaigdig na siyang tumutukoy sa pagkakairal ng Allah, at ito rin ay nagpapatibay na walang Rabb at walang Tagapalikha at walang karapatdapat sambahin maliban sa Allah. At binanggit ang mga patunay tungkol dito mula sa Quran katulad ng nasa aklat na ito.**

**∗ At lahat ng nilalang ay isang tanda ng pagkakaroon ng Allah. Ngunit ang may-akda ay pinag-iba niya ang AYAH at ang MAKHLUQ; dahil ang isang Ayah o Tanda ay nagbabago; katulad ng Gabi at Umaga, at ang nagbabago ay mayroong mas malakas na patunay kaysa sa hindi nagbabago.**

**(2) At ang bersikulo na ito ay mula sa Surah Al-baqarah, ayon sa ilang Ulama o mga maaalam sa Islam: tunay na napapaloob sa bersikulo na ito ang kauna-unahang pagtawag sa Quran: *(O sangkatauhan!)*. At dito ang kauna-unahang kautusan sa Quran *(Sambahin!)* ibig sabihin ay: sambahin nang nag-iisa. At dito rin ang kauna-unahang ipinagbawal sa Quran: *(Kaya't huwag kayong gumawa para sa kanya ng katambal habang ito ay inyong nalalaman)* ito ang pagbabawal mula Shirk.**

**(3) Ibig sabihin: Ang nag-iisa at bukod-tangi sa pagka-Rabb, marapat na ibukod-tangi siyang sambahin.**

Sinundan ng may-akda ang sinabi ni ibn kathir sa pamamagitan ng pagbanggit ng mga iba't ibang uri ng pagsamba na isinasagawa sa pamamagitan ng puso at katawan, na mayroong kalakip na batayan mula sa Quran para sa bawat gawaing nabanggit, at ito ang sumusunod:

**Ang Du'a (Panalangin)**

**At ito ay nababahagi sa:**

**Du'a Ibadah:**

Ito ay uri ng panalangin na kung saan sinasamba ng isang Muslim ang Allah; katulad ng Salah at Sawm at Hajj

Ang pag-aalay nito sa iba maliban sa Allah ay isang uri ng Malaking Shirk

**Du'a mas'alah:**

Ito ay uri ng panalangin na paghingi; katulad ng pagsasabi ng Allahumaghfir liy, Irhamniy (O Allah patawarin mo ako at iyong kaawaan)

Ang hatol nito ay mayroong paliwanag, at ito ay mayroong dalawang bahagi, at ito ang sumusunod:

At ang mga uri ng IBAADAH tulad ng ISLAM, IMAN at IHSÂN, at mula rin sa mga IBAADAH ay ang DUA, KHAWF, RAJA, TAWAKKUL, RAGBAH, RAHBA, KHUSHU, KHASHYAH, INAABAH, ISTIA'NAH, ISTIGHATHAH, DHABH, AN-NADHAR at mga tulad nito mula sa mga pagsamba na siyang ipinag-uutos ng Allah, at ang lahat ng mga ito ay marapat para lamang sa Allah. Ang patunay, sinabi ng Allah: *(At katiyakan, ang mga 'Masjid' ay para sa pagsamba sa Allâh, na kung kaya, huwag kayong magsagawa rito ng pagsamba sa sinuman)*.

At sinuman ang ialay niya ang anumang uri ng Ibadah maliban pa sa Allah; tunay na siya ay naging isang Mushrik Kafir, at ang patunay sinabi ng Allah: *(At ang sinumang sasamba ng iba bukod sa Allâh, na siya ay walang anumang katibayan na ito ay karapat-dapat na sambahin, walang pag-aalinlangan ang kabayaran ng kanyang masamang gawain ay nasa kanyang 'Rabb' sa Kabilang-Buhay. Katiyakang walang tagumpay, walang kaligtasan sa mga di-naniwala sa Araw ng Muling Pagkabuhay.)*

At sa Hadeeth: (Ang Du'a ang siyang utak ng Ibadah).

At ang patunay sinabi ng Allah:

*(At sinabi ng Allâh na inyong 'Rabb': Manalangin kayo sa Akin at Ako lamang ang inyong sambahin at tutugunin Ko kayo, katiyakan, ang mga yaong nagmamataas na di-naniniwala sa pagsamba lamang nang bukod-tangi sa Akin at sa Aking pagiging 'Ilâh' o Diyos na sinasamba, walang pag-aalinlangan, makapapasok sila sa Impiyerno na mga hamak at kaaba-aba.")*

# Ang Du'a Mas'alah ay nababahagi sa Dalawa:

**Sa mga bagay na walang makakagawa nito maliban sa Allah**

Ang pag-aalay nito sa iba maliban sa Allah ay isang uri ng Malaking Shirk

**Sa mga bagay na kayang gawin ng isang Tao**

Ito ay maaari sa kondisyon na:

- Marapat na ang tinatawag ay isang buhay.
  At Hindi kabilang dito ang mga patay
- Marapat na ang tinatawag ay naroroon o kasama.
  At Hindi kabilang ang wala
- Marapat na ang tinatawag ay mayroong kakayanan.
  At Hindi kabilang dito ang walang kakayahan
- Marapat na maniwala na ang tinatawag ay isang dahilan lamang at hindi mismo siya ang nagbibigay ng epekto.

At kung maniwala na ang tinatawag ay mayroon siyang tinatagong pangangasiwa sa sanlibutan at nasa kamay niya ang pagbibigay ng pakinabang at pagtanggal ng nakakapinsala; ang hatol nito ay Malaking Shirk.

## *Kumento:

Ating pinag-aaralan ang patungkol sa hatol sa Gawain, ngunit ang hatol sa gumagawa ay kinakailangan ng paglalahad ng mga katibayan at mawala ang mga Shubuhat o pagdududa at pag-aalinlangan.

At ang mga Ulama o maaalam sa Islam; sila ang may karapatan na magbigay ng hatol sa isang gumagawa kung siya ba ay isang mu'min o isang kafir.

## Ang mga tao ay nahahati sa tatlong pangkat sa usaping paniniwala sa *Asbab* o kaparaanan

**Pangkat na naniniwala at ginawa nilang kaparaanan ang isang bagay na ginawa itong kaparaanan ng Allah**

At ito ay Tama

**Pangkat na naniniwala at ginagawa nila ang isang bagay na kaparaanan na hindi naman ito ginawang kaparaanan ng Allah;**

At ito ay isang Maliit na Shirk

**Pangkat na naniniwala na ang mismong kaparaanan ang nagdudulot ng epekto at hawak niya ang pagkamit ng pakinabang at pag-alis ng pinsala.**

Ito ay isang Malaking Shirk

**Kaparaanan na nabanggit sa Islam**

Katulad ng RUQYAH MASHRU'AH, ito ay ginawang kaparaanan ng Allah sa pagtanggal ng sakit.

**Pisikal na Kaparaanan**

Katulad ng Gamot, ito ay ginawang kaparaanan ng Allah para panlunas.

**Ang Hadeeth na: (Ang Du'a ang siyang utak ng Ibadah) ay isang mahinang hadeeth,**

At ang malakas at tamang Hadeeth ay ang sinabi ng Propeta Muhammad Sallallahu Alayhi wa sallam: (Ang Du'a ay Ibadah)

## Paano Naging ibadah ang Du'a?

Ang bersikulo mula sa Quran ay tumutukoy dito: ((At sinabi ng Allâh na inyong '*Rabb*': *Manalangin kayo sa Akin at Ako lamang ang inyong sambahin at tutugunin Ko kayo, katiyakan, ang mga yaong nagmamataas na di-naniniwala sa pagsamba lamang nang bukod-tangi sa Akin at sa Aking pagiging 'Ilâh' o Diyos na sinasamba, walang pag-aalinlangan, makapapasok sila sa Impiyerno na mga hamak at kaaba-aba.*")).

Sinabi ng Allah: (*Sa pagsamba lamang nang bukod-tangi sa Akin*) ito ay patunay na tumutukoy na ang Du'a ay isang uri ng ibadah.

At ang patunay sa Al-khawf sinabi ng Allah: *(Huwag kayong matakot sa mga pagano ('Mushrikin') dahil sila ay mga mahihina at wala silang kakampi, Ako (Allah) ang inyong katakutan)* (1)

At ang patunay ng Ar-raja' sinabi ng Allah: *(Sinuman ang naghahangad sa Araw ng kanyang pakikipagtagpo sa Kanyang Rabb ay hayaan niyang gumawa ng kabutihan nang alang-alang sa Allâh, at hindi siya maglalagay ng anumang katambal sa kanyang pagsamba sa Allâh nang kahit na ano.)* (2)

**(2) Ang Raja' o ang pag-aasam o pag-asa:** ito ang pag-aasam ng isang bagay o ang pag-asa o paghihintay sa isang bagay na naiibigan.

At napapaloob sa Raja' ang pagpapakumbaba at pagsuko para lamang sa Allah, at ang pag-aalay nito sa iba ay isang uri ng Malaking Shirk.

At ang kapuri-puring Raja' ay mangyayari lamang sa sinumang gumawa ng pagsunod sa Allah at nag-aasam ng kabutihan, o ang nagbalik-loob mula sa pagsuway sa Allah at nag-aasam na matanggap ang kanyang pagbabalik-loob, at ang Raja na walang gawa ay isang uri ng pagmamataas at hindi kapuri-puring paghahangad.

(1) Ang Khawf o Pagkatakot: ito ay isang uri ng emosyon na nangyayari sa tuwing nalalagay ang isang nilalang sa bagay na may dulot na kasawian o kapinsalaan o kasakitan.

## Ang Tatlong uri ng Khawf:

| Ang khawf na Ibadah at pagdakila at palihim | Ang natural na pagkatakot (Likas) | Ang khawf na Muharram (Ipinag-Babawal) |
|---|---|---|
| Ito ang Takot ng isang tao sa kanyang sinasamba at ito ay mayroong (pagpapa-Kumbaba) at pagsuko at pagdakila sa sinasamba at ang uri na ito ay obligado para lamang sa Allah, at ang pag-aalay nito sa iba ay isang malaking Shirk | Katulad ng takot ng isang tao sa apoy at kalaban at mabangis na hayop atbp.... At ito ay Mubah o (Pinapahin-tulutan) | Katulad ng kawalan ng pag-asa mula habag ng Allah o pagsunod sa isang nilalang sa pagsuway sa Allah. |

## (1) Ang kahulugan ng TAWAKKUL

**Sa Literal:**

Ang pagtitiwala sa isang bagay; ito ang pagsandal sa kanya.

**Sa Islam:**

Ito ang totoong pagsandal sa Allah na mayroong kasamang pagtitiwala sa kanya at pagkuha ng mga pinapahintulutan na kaparaanan

## Tatlong bagay na marapat isakatuparan sa Tawakkul

- **Ang pagiging totoo** sa pagsandal sa Allah
- **Ang pagtitiwala** sa Allah na siyang tutupad sa kanyang pangako
- **Ang pagkuha at paggawa ng mga pinapahin-tulutang kaparaanan**

At ang patunay ng AT-TAWAKKUL

Sabi ng Allah: *(at sa Allâh lamang kayo magtiwala kung kayo ay tunay na naniniwala)*

Sabi ng Allah: *(At sinuman ang ipinauubaya niya ang kanyang sarili sa Allâh ay sapat na ang Allâh sa kanya sa anuman na kanyang suliranin sa lahat ng larangan ng kanyang buhay.)*

At ang patunay ng AR-RAGBAH RAHBAH at AL-KHUSHU

Sabi ng Allah: *(dahil sila ang mga yaong mabilis magsigawa ng kabutihan, na sila ay nananalangin sa Amin sa paghahangad ng anuman na nagmumula sa Amin, na natatakot sa Aming parusa, at sila ay mga mapagkumbaba na sumusunod sa Aming kagustuhan.)*

**(2) Ar-Raghbah o paghahangad:** ito ang kagustuhan na makarating sa isang bagay na iniibig.

**Ar-Rahbah o pagkasindak:** ito ang pagkatakot na nagbubunga ng paglayo mula sa kinakatakutan, at ito ang takot na mayroong pagkilos.

**Al-Khushu' o pagkataimtim:** ang pagpapakumbaba sa kadakilaan ng Allah, na kung saan ito ang ganap na pagsuko sa tadhana ng Allah sa sanlibutan at Islam.

*Ang tumatahak sa landas ng Allah ay nararapat na pagsamahin ang Al-khawf o pagkatakot at Ar-Raja' o pag-aasam sa Allah, at hindi maaaring mangingibaw ang isa rito dahil ito ay maglalagay sa kanya sa kasawian, kaya nararapat na magkaroon ang isang tao ng pagkatakot at pag-aasam, na katulad ng isang ibong may dalawang pakpak.

At ang patunay ng AL-KHASHYAH Sabi ng Allah: *(subalit huwag kayong matakot sa kanila. Ako lamang ang dapat ninyong katakutan)* (1)

At ang patunay ng AL-INAABAH Sabi ng Allah: *(At manumbalik kayo sa Allâh na inyong Rabb at sumuko kayo sa Kanya)* (2)

At ang patunay ng AL-ISTIAANAH Sabi ng Allah: *(Ikaw lamang ang aming sasambahin, at Ikaw lamang ang aming hihingian ng tulong.)*

At sa hadîth: *"Kung hihingi ka ng tulong, ay humingi ka sa Allah."* (3)

At ang patunay ng AL-ISTIAADHAH Sabi ng Allah: *(Sabihin mo, O Muhammad: "Nagpapakupkop ako sa Allâh na 'Rabb' ng 'Falaq,' na ito ay pagbubukang-liwayway.),* at *(Sabihin mo, O Muhammad: "Nagpapakupkop ako sa Allâh na 'Rabb' ng sangkatauhan)* (4)

At ang patunay ng AL-ISTIGHATHATAH Sabi ng Allah: *(noong kayo ay humihiling ng saklolo sa Allâh, at dininig ng Allâh ito sa inyo)* (5)

At ang patunay ng ADH-DHABH Sabi ng Allah: *(Sabihin mo, O Muhammad:' "Katiyakan, ang aking 'Salâh;' ang aking pagsasakripisyo na katulad ng pagkatay ng hayop; ang aking buhay, ang aking kamatayan ay pagmamay-ari lamang ng Allâh na 'Rabb' ng lahat ng mga nilikha")*

At ayon sa Sunnah: *"Sumpain ng Allah ang sinumang magkatay upang i-alay maliban sa Allah."* (6)

**(1) Al-khashyah o Pagkatakot**: ito ang pagkatakot na mayroong kaalaman sa kadakilaan ng kinakatakutan at kaalaman sa kanyang ganap na kapangyarihan.

**(2) Al-Inaabah o ang pagbabalik-loob:** ito ang pagbabalik-loob sa Allah sa pamamagitan ng pagsunod sa kanya at paglayo mula sa pagsuway sa kanya, *(wa Anibu)* ibig sabahin: At manumbalik kayo *(ila rabbikum wa aslimu lahu)* ibig sabihin: sumuko ka sa Allah; dahil ikaw ay isang Alipin, at ang isang alipin dapat siyang sumuko sa kanyang Panginoon, at ang Panginoon ay ang Allah; katulad ng sinabi ng sugo ng Allah: "Ang Panginoon ay ang Allah".

**(3) Al-Istiaanah:** ito ang paghingi ng tulong. *: (Ikaw lamang ang aming sasambahin, at Ikaw lamang ang aming hihingian ng tulong.)* ginamit ng Allâh sa talatang ito ang pang-isahan bilang pantukoy Niya sa Kanyang Sarili, upang pagtibayin at maging malinaw ang pagiging Bukod-Tanging karapatan lamang ng Allâh sa pagsunod, pagsamba at panalangin.

**(4) Al-Istiaadhah:** ito ang paghingi ng pagpapakupkop at pagkalinga, at ito ang: proteksyon mula sa mga masamang bagay, *(A'udhu)* ibig sabihin: Ako'y napapakupkop at nagpapakalinga.

**(5) Al-Istighaathah:** ito ang paghingi ng saklolo at ito ang pagsaklolo mula sa kahirapan at kasawian.

- ❖ Ang Al-Istiaanah at Al-Istiaadhah at Al-Istighathah at Shafaah ay maaaring hingiin mula sa mga nilalang sa mga bagay na kanilang makakaya na naayon sa apat na kondisyon; Dapat na ito ay maging: Buhay, umiiral, at mayroong kakayahan, at paniniwala na ito ay kaparaanan lamang.

**(6) Adh-Dhabh:** ang pagpatay at pagpapadaloy ng dugo ng isang kataying hayop bilang pagdakila at pagpapalapit sa Allah sa isang natatanging paraan.

## Ang Tatlong Uri Ng Dhabaih (Mga Pagkatay)

| Ang pagkatay ng hayop para sa Allah | Pagkatay ng hayop para sa iba pa maliban sa Allah bilang pagmamahal at pagdadakila | Pagkatay na Mubah |
| --- | --- | --- |
| Katulad ng: Hadiy at Udhihiyah at Sadaqat | Katulad ng pagkatay para sa Jinn, at mga patay sa libingan, ay itinuturing na malaking Shirk | Katulad ng Karne ng tupa upang kainin o ipagbili |

At ang patunay ng AN-NADHAR sabi ng Allah:

*(Tinutupad nila ang anumang inuubliga nila sa kanilang mga sarili na pagsunod sa Allâh bilang pangako, at kinatatakutan nila ang parusa ng Allâh sa Araw na ang kaparusahan nito ay magiging laganap sa mga tao)* (1)

❖ **Komento**: Mayroong karagdagang pagpapaliwanag sa usaping patungkol sa Adh-dhabh sa susunod na aklat, ito ang Aklat ng Tawheed inshallah.

## (1) Ang Kahulugan ng An-Nadhr

| Sa literal | Sa Islam |
| --- | --- |
| **Sa literal**: Obligasyon o Pag-oobliga | **Sa Islam**: Ang pag-oobliga sa sarili ng isang tao sa paggawa ng isang gawaing hindi obligado |

❖ **Komento:** Ang An-Nadhar ay mayroong iba't ibang bahagi at mga kondisyon at *Kaffarat* at darating ang pagpapaliwanag nito sa Aklat ng Tawheed Inshaallah.

## Mga Uri Ng An-Nadhar

- Ang Nadhar para sa Allah
- Ang Nadhar para sa iba maliban sa Allah

❖ Ang mga nabanggit na gawaing pagsamba ng may–akda sa aklat na ito ay hindi nangangahulugan na ito lamang ang mga gawaing pagsamba bagkus ito ay isang paghahalimbawa lamang; dahil mayroong pang napakaraming pagsamba na hindi nabanggit sa aklat na ito, at ang buod: tunay na ang sinumang mag-aalay at magbibigay ng mga gawaing pagsambang ito sa iba maliban sa Allah tunay na siya ay nakagawa ng Shirk o pagtatambal sa Allah.

**Ang Pangalawang Saligan: Ang Pagkaunawa sa DEEN ISLAM (*Relihiyong Islam)* na naaayon sa Qur'an at Sunnah.**

**At Ito ay ang pagsuko sa Kaisahan ng Allah at sa pamamagitan ng pagsunod at pagiging malaya sa Shirk at sa mga gumagawa nito.**

**Ito ay naaayon sa tatlong antas: Al-Islam, Al- Îmân, Al-Ihsân. At ang bawat antas ay mayroong mga haligi.**

**Ang Unang Antas: Al-Islam (1).**

**Ang Haligi nito ay Lima : Shahâdah – Ang pagsaksing walang diyos na marapat na sambahin maliban lamang sa Allah (2) at pagsaksing si Muhammad ay Sugo ng Allah, Pagtayo ng Salah, Pagbabayad ng Zakât, Pag-aayuno sa buwan ng Ramadan, Pagsasagawa ng Hajj sa Makkah.**

**(1) Lumipat sa pangalawang saligan ang may-akda, at ito ang pagkaunawa ng isang alipin sa kanyang Deen o Relihiyon, at sinimulan ito ng may-akda sa pagpapakilala sa Islam, kanyang sinabi:**

## Ang Unang Antas: Al-Islam

**At Ito ay ang ganap na pagsuko sa kaisahan ng Allah at ganap na pagsunod sa kanya at pagiging malaya sa Shirk at sa mga gumagawa nito.**

**At ito ang kahulugan ng Islam; ang sumuko ka sa Allah; dahil ikaw ay isang alipin, at ang isang alipin ay nararapat na sumuko sa kanyang Panginoon, at ang Panginoon ay ang Allah; katulad ng sinabi ng sugo ng Allah: "Ang Panginoon ay ang Allah".**

**At pagkatapos ay ibinahagi ang Deen sa tatlong Antas:**

| AL-Islam | Al-Iman | Al-Ihsan |
|---|---|---|

**(2) Ang Haligi ng Islam ay lima, at ang pinakauna:**

**Ang Shahadah.**

**Binanggit ng may-akda ang patunay sa Shahadatu Alla ilaha illallah**
**O ang pagsaksi na walang marapat na sambahin maliban sa Allah**
**At pinaliwanag ang kanyang kahulugan:**
**La Ma'buda bihaqqin Illallah**
**Walang tunay at karapatdapat sambahin maliban sa Allah**

**Nararapat na mapaloob sa dalisay na pagsaksi**

**Nafiy (Pagwaksi)** | **Ithbat (Pagkilala)**

**Ang Nafiy ay matatagpuan mula sa sinabi niya na (LA ILAHA).**

**At ang Ithbat ay matatagpuan mula sa sinabi niya na (ILLALLAH).**

**At ang istraktura ng katagang ito ay nagpapahiwatig ng pagkilala at pagbubukod-tangi na kung saan ang katagang ito ay binukod-tangi niya at kinilala na ang pagsamba ay para lamang sa Allah at winaksi niya ang iba pang sinasamba.**

**At dahil dito sinabi ng may-akda: ((at ang kahulugan nito na siyang magpapaliwanag dito ang sinabi ng Allah:** ***(At alalahanin mo, O Muhammad noong sinabi ni Ibrâhim sa kanyang ama at sa kanyang sambayanan "Walang pag-aalinlangan, ako ay walang pananagutan sa inyo sa anuman na inyong sinasamba Maliban sa Kanya na lumikha sa akin)*****)).**

**Ang patunay sa SHAHADAH, sabi ng Allah:** ***(Sumasaksi ang Allâh na Siya ang Bukod-Tangi na 'Ilâh' o Diyos na karapat-dapat sambahin, at kasabay ng Kanyang pagsaksi ay ang pagsaksi ng mga anghel, at maging yaong mga nagtatangan ng kaalaman ay sinaksihan ang napakadakilang bagay na ito, siya ang Kataas-Taasan sa lahat, ang Ganap na Maalam sa anuman na Kanyang mga sinasabi at mga ginagawa.)***

**Ang kahulugan nito: ay walang marapat sambahin maliban sa Allah lamang,** ***((LA ILAHA))*** **"walang diyos" o ang pagwawaksi sa lahat ng uri ng sinasamba,**
**Ang** ***((ILLALLAH))*** **"maliban sa Allah" ay ang pagtanggap na ang pagsamba ay para lamang sa Allah at wala Siyang katambal dito. Tulad ng wala rin Siyang katambal sa pagiging Tagapagmay-ari ng lahat.**

**at ang kahulugan nito na siyang magpapaliwanag dito ang sinabi ng Allah:** ***(At alalahanin mo, O Muhammad noong sinabi ni Ibrâhim sa kanyang ama at sa kanyang sambayanan "Walang pag-aalinlangan, ako ay walang pananagutan sa inyo sa anuman na inyong sinasamba maliban sa Kanya na lumikha sa akin, dahil katiyakan, na walang pag-aalinlangan, gagabayan Niya ako sa pagsunod sa daan ng Patnubay. At ginawa ni Ibrâhim ang kataga ng Kaisahan ng Allâh na manatili pagkatapos niya; upang sila ay magbalik tungo sa pagsunod sa Allâh na kanilang 'Rabb')*** **(2)**

***(Ako ay walang pananagutan sa inyo sa anuman na inyong sinasamba)*****: ito ang kahulugan ng ((LA ILAHA))**

***(Maliban sa Kanya na lumikha sa akin)*****: Ibig sabihin ((ILLALLAH))**

At Sabi ng Allah: (*Sabihin mo, O Muhammad sa mga 'Ahlul Kitâb' – mga Hudyo at mga Kristiyano: "Halina sa makatarungan at makatotohanang salita, at tayong lahat ay sumunod at manatili rito: ito ay ang pagturing natin sa pagiging bukod-tangi ng Allâh sa pagsamba sa Kanya, na hindi tayo gagawa ng anumang pagtatambal sa Kanya; at hindi tayo susunod sa ibang batas o kagustuhan ng sinuman sa atin maliban sa kautusan ng Allâh".*
*At kapag sila ay tumanggi sa mabuting paghihikayat na ito. Sabihin ninyo – O kayong mga mananampalataya – sa kanila: "Tumestigo kayo sa amin na kami ay mga Muslim na sumusuko sa aming 'Rabb' bilang alipin at taimtim na pagsamba namin sa Kanya.")* (1)

❖ **Kung mayroong magsasabi na: ang kahulugan ng Shahadatu La Ilaha Illallah: Walang sinasamba maliban sa Allah?**

**Ating sasabihin: ang salitang iyan ay mali; dahil magiging tama ang pagsamba sa lahat ng sinamba maliban sa Allah, ngunit kung ating sasabihin (Bihaqqin) o tunay at karapatdapat, ito ay batayan ng pagwaksi sa lahat ng mga sinasamba maliban sa Allah at batayan din na walang karapatdapat sambahin maliban sa Allah.**

❖ **Kung mayroong magsasabi na: ang kahulugan ng (La Ilaha Illallah): Walang tunay na Rabb Panginoon maliban sa Allah?**

**Ating sasabihin: ang salitang iyan ay tama, ngunit hindi ito ang kahulugan ng La Ilaha Illallah, dahil ito ang Tawhidur Rububiyah, at ang mga Kuffar sa panahon ng Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wa Sallam, ay kanila itong pinagtitibay at pinaniniwalaan, pero hindi ito naging sapat para makapasok sila sa Islam.**

**(1)** (*Sabihin mo, O Muhammad sa mga 'Ahlul Kitâb' – mga Hudyo at mga Kristiyano: "Halina sa makatarungan at makatotohanang salita, at tayong lahat ay sumunod at manatili rito*) **sa talatang ito ay patunay na ang pagtitipon sa pagitan ng mga relihiyon ay isang Batil o hindi wasto at hindi maaari.**

(1) Binanggit ng may-akda ang talatang ito bilang patunay sa pagsaki na si Muhammad ay sugo ng Allah Sallahu Alayhi wa Sallam, at tiniyak ng Allah ang pagsaksing ito sa tatlong patunay:

Al-qasam, Lam, at Qad, lahat ng ito ay salitang Arabe na nangangahulugan na Pagtitiyak at pagpapatunay.

(2) Ipinaliwanag ng may-akda ang kahulugan ng pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ng Allah, at ito ay obligado sa bawat muslim lalaki man ito o babae at upang mapatotohanan ang pagsaksing ito:

Kailangan sumunod sa lahat ng utos ng Propeta Sallahu Alayhi wa sallam at paniwalaan sa lahat ng ipinahayag niya at lumayo sa lahat ng ipinagbawal niya, at sasambahin lamang ang Allah ayon sa paraang isinabatas niya. Sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan.

Ang patunay sa PAGSAKSING SI MUHAMMAD AY SUGO NG ALLAH, sabi ng Allah: *(Katiyakan, dumating sa inyo, ang Sugo na mula sa inyo, na naghihirap ang kanyang kalooban sa anumang natatamo ninyong kahirapan, nagmamalasakit sa inyo, at siya ay maawain, ubod ng buti at mapagmahal sa mga mananampalataya.)* (1)

Ang kahulugan ng pagsaksing si Muhammad ay Sugo ng Allah:
Ang pagsunod sa kanyang mga Ipinag-utos at paniniwala sa mga ipinahayag sa kanya. At paglayo sa mga ipinagbabawal niya. At sasambahin lamang ang Allah sa paraang isinabatas niya. (2)

**Mga obligasyon na kalakip ng pagsaksi na si Muhammad ay sugo ng Allah ((siya ay alipin ng Allah na hindi dapat sambahin at sugo na hindi mapasisinungalingan))**

| Ang pagsunod sa kanyang mga iniutos. | Ang pagpapatotoo sa kanyang ipinahayag. | Ang paglayo sa kanyang mga ipinagbawal. | Ang hindi pagsamba sa Allah maliban na lamang sa paraang kanyang isinabatas |
|---|---|---|---|
| Dahil siya ang nagpapaabot ng Salita ng Allah | Dahil siya ay makatotohanan at pinaniniwalaan | Dapat mong ilagay ang mga pinagbawal ng propeta sa isang tabi at ikaw ay nasa isang tabi | Ito ay tugon sa mga gumagawa ng Bid’ah |

Ang patunay hinggil sa pagtupad ng salah at zakât, at paliwanag sa tawheed sabi ng Allah: *(at walang ipinag-utos sa kanila sa lahat ng batas sa kasulatan kundi sambahin lamang nila ang Allâh na Bukod-Tangi, na ang kanilang hangarin ay dalisay at isagawa nila ang 'Salâh,' at ibibigay nila ang kanilang 'Zakâh,' at ito ang Matuwid na 'Deen')* (1)

Ang patunay sa pagsasagawa ng pag-aayuno, sabi ng Allah: *("O kayong mga sumampalataya, itinakda sa inyo ang ayuno tulad ng pagtakda sa mga nauna sa inyo nang sa gayun kayo ay maging may takot sa Allah.")* (2)

Ang patunay sa pagsagawa ng HÂJJ, sabi ng Allah: *(at para sa Allah na ang mga tao ay magsagawa ng hâjj sa (Ka'bah) sa sinuman ang may kakayanan na ito ay tuparin. At sinuman ang tumanggi, tunay nga na ang Allah ay mayaman kaysa sa lahat ng mga nilalang.)* (3)

**(1) Ang Pangalawang Haligi: Ang Salah:**

Ito ay isang uri ng pagsamba na para lamang sa Allah sa pamamagitan ng mga natatanging kilos at mga salita na nagsisimula sa pamamagitan ng Takbeer at nagtatapos sa pamamagitan ng Tasleem, at ito ay haligi ng Deen, at ito ay direktang isinabatas mula sa Allah sa kanyang sugo noong siya ay itinaas patungong kalangitan.

**Ang Pangatlong Haligi: Ang Zakah:**

Sa literal na kahulugan nito: ito ang pagpapalago at pagdadalisay.

At ito ay may dalawang uri: zakat ng katawan at zakat ng kayamanan.

**(2) Ang pang-apat na Haligi: Ang Siyam:**

Sa literal na kahulugan nito: ito ang pagpipigil.

Sa kahulugan nito sa Islam: ito ang pagsamba para sa Allah lamang sa pamamagitan ng pagpigil at pag-iwas mula sa mga Muftirat o mga nakakasira ng pag-aayuno at may kasamang *NIYYA* o intensyon mula sa pagsikat ng Fajr hanggang sa paglubog ng araw.

At ang Siyam ay kabilang sa mga maiinam na pagsamba; dahil sa pagsasama-sama ng tatlong uri ng Sabr dito, at kabilang sa dakilang katayuan nito, inaako ng Allah ang paggagantimpla sa isang nag-aayuno.

**(3) Ang panglimang Haligi: Ang Hajj:**

Sa literal na kahulugan nito: ito ang Intensyon, at ang kahulugan nito sa Islam: ito ay pagsamba para sa Allah lamang sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *Manaasek* na ayon sa kapamaraanan ng propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wa Sallah.

At ito ay obligado sa bawat muslim, isang beses sa buong buhay niya.

## Ang Pangalawang Antas: Al-Iman

Sa literal na kahulugan: ito ang Al-Iqrar o pagpapatotoo o pagpapatunay.
Sa Islam: Ang pagbigkas nito sa pamamagitan ng dila, Paniniwala sa pamamagitan ng puso, Ang pagsasagawa ng mga katuruan at saligan nito sa pamamagitan ng katawan at puso. Nadadagdagan sa pamamagitan ng pagsunod. Nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway.

Ang Iman sa pang-islamikong kahulugan nito ay nararapat na mapaloob dito ang limang bagay na ito.

At kapag ang isa mula sa mga ito ay nawala o nabawasan, tunay na makakalabas mula kahulugan nito ayon sa Ahlus Sunnah wal Jamaah.

Ano ang patunay sa limang bagay na ito?

Sinabi ng Sugo ng Allah: ((ang pinakamataas dito ay ang pagsasabi ng LA ILAHA ILLALLAHU)) at ito ang patunay sa Salita.

((at ang pinakamababa ay ang pag-alis ng mga balakid sa daan)) at ito ang patunay sa Gawain ng Katawan.

((at ang Al-Hayah)) ito ang patunay sa Gawain ng Puso.

Ang Pangalawang Antas: Ang Îmân ay binubuo ng pitumpung bahagi at ang pinakamataas dito ay ang pagsasabi ng LA ILAHA ILLALLAHU (walang diyos na marapat sambahin maliban sa Allah), at ang pinakamababa ay ang pag-alis ng mga balakid sa daan at ang AL-HAYA (pagkahiya) ay bahagi rin ng Îmân.
Ang haligi nito ay anim:
Ang maniwala sa ALLAH at sa Kanyang mga MALAIKAH (anghel). At sa Kanyang mga KUTUB (Kapahayagan) At sa Kanyang mga RUSUL (Sugo) At sa YAWMUL AKHIR (Huling Araw) At maniwala sa
QADAR KHAYRIHI WA SHARRIHI (Tadhana, kabutihan at kasamaan nito).

At ang patunay sa Anim na Haligi na ito, sinabi ng Allah:

*(Hindi kabutihan ang pagharap sa silangan o kanluran, ngunit ang tunay na kabutihan ay sinumang manampalataya sa Allah, sa Huling Araw, sa mga Anghel, sa mga aklat, sa mga Propeta.)*

Ang patunay sa Qadar ay ang sinabi ng Allah; *(Tunay na Aming nilikha ang lahat ng bagay sa pamamagitan ng tadhana.)*

At sinabi ng Allah*: (“Sino nga ba sa inyo ang naragdagan ang kanyang paniniwala sa Allâh sa pamamagitan ng Kanyang talata at kabanatang ito?”)* ito ang patunay na ang Iman ay nadadagdagan, at kapag ito ay nadadagdagan nararapat din itong mabawasan, at tinukoy ito ng Islam na sinabi ng Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wa Sallam: *((wala na akong ibang nakitang mga tao (kababaihan) na kulang ang kanilang A’ql at Deen))* at kaya naman ang pananampalataya ay bumababa.

# Ang Anim na Haligi ng Iman

- Ang Paniniwala sa Allah
- Ang Paniniwala sa mga Anghel
- Ang Paniniwala sa Kasulatan
- Ang Paniniwala sa mga Sugo
- Ang Paniniwala sa Huling Araw
- Ang Paniniwala sa Tadhana ito man ay mabuti o masama

## Unang Haligi: Ang Paniniwala sa Allah

Ito ay sumasaklaw sa apat na bagay:

- **Ang paniniwala sa pagkakaroon ng Allah**
  At ito ay sa pamamagitan ng apat ng bagay:
- **Ang paniniwala sa kanyang pamamahala**
- **Ang paniniwala sa kanyang pagka-diyos**
- **Ang paniniwala sa kanyang mga Pangalan at mga katangian**

**Kaisipan:**

Napaka imposible para sa kaisipan na kanyang malarawan ang isang umiiral na wala itong tagapaglikha *(Sila ba ay nilikha nang walang pinagmulang bagay, o sila ba ang tagapaglikha ng kanilang sarili)*

**Pakiramdam:**

At ito ay sa tuwing mayroong kahirapan at kagipitan, at iyong itataas ang dalawang kamay sa langit upang humiling: Ya Rabb, at iyong makikita ang katuparan ng iyong hiling ayon sa kapahintulutan ng Allah

**Fitrah:**

(Ang lahat ng ipinapanganak ay ipinanganganak sa Fitrah (Islam), samakatuwid ang kanyang dalawang magulang ang nagtatakda ng kanyang pagiging Hudyo, Kristiyano at Pagano)

**Batas:**

Binanggit ni Ibn Qayyim: na ang bawat talata sa Quran ay tumutukoy sa Kaisahan ng Allah

(Tawheed)

## Pangalawang Haligi: Ang paniniwala sa mga Anghel

**Ang mga Malaikah o Anghel ay isang daigdig na lingid, nilikha sila ng Allah mula sa liwanag, binigyan sila ng ganap na kakayahan para sumunod sa Kanyang ipinag-uutos at hindi sila sumasuway sa kanya, at mayroon silang espiritu *(‘Rûh-ul-Qudus’ (Banal na Espiritu))*, mga kaanyuan *(ginawa Niya ang mga anghel na may mga pakpak na dalawa, tatlo o apat, na sila ay lumilipad sa pamamagitan nito; upang iparating ang anumang ipinag-utos ng Allâh at dinaragdagan Niya ang paglikha sa anuman na Kanyang nais.)* at pag-iisip at puso *(kapag nawala na ang kanilang takot sa kanilang mga puso ay magtatanungan na sila sa isa’t isa: “Ano ba ang sinabi ng inyong ‘Rabb?),* at tayo ay maniniwala sa kanila, at sa mga pangalan nila na binalita sa atin ng Allah (katulad ng Jibreel at Mikael at Isarafil), at sa mga katangian nila *(at hindi nila nilalabag ang anumang ipinag-utos ng Allâh sa kanila, at ipinatutupad nila ang anumang ipinag-utos sa kanila.)*, at sa kanilang mga Gawain (katulad ng nagpapasan ng ‘`Arsh’ (Trono)), at sa mga balitang dumating tungkol sa kanila, ating paniwalaan ito sa pangkalahatang pananaw.**

## Pangatlong Haligi: Ang paniniwala sa mga kasulatan

**Marapat na maniwala tayo na ang mga kasulatan na ito ay totoong salita ng Allah at hindi haka-haka, at ito ay nagmula sa Allah at hindi nilikha, at ang Allah ang nagpahayag sa bawat sugo ng kasulatan, at maniwala tayo sa lahat ng pinahayag ng Allah tungkol sa kasulatan; katulad ng mga pangalan nito, at mga kapahayagan at mga batas ayon sa pangkalahatang pananaw nito, hanggat hindi ito mapawalang-bisa, at maniwala tayo na ang Quran ang siyang magpapawalang-bisa sa lahat ng kasulatang nauna rito. Katulad ng: Torah- Injeel-Zaboor-Suhuf Ibrahim at Musa-.**

## Pang-apat na Haligi: Ang paniniwala sa mga sugo

**Marapat na maniwala tayo na sila ay mga tao lamang at hindi nagtataglay ng anumang katangian ng pagkapanginoon, at sila ay isang alipin lamang na hindi nararapat sambahin, at ang Allah ang nagpadala sa kanila at nagbigay ng rebelasyon, at tinulungan sila sa pamamgitan ng mga himala, at isinakatuparan nila ang mga pinagkatiwala sa kanila at pinayuhan ang lahat ng sambayanan at ipinaabot sa kanila ang katuruan, at sila ay nakibaka nang tunay na pakikibaka sa landas ng Allah, at maniwala tayo sa kanila, at sa lahat ng pinahayag sa atin ng Allah, katulad ng mga pangalan nila at katangian, at mga kapahayagan nila,ayon sa pangkalahatang pananaw. At ang kauna-unahang Propeta ay si Adam, at ang kauna-unahang Sugo ay si Nuh alayhimus Salam. At ang mga U’lul A’zam o matatag na kapasiyahan ay lima na kung saan nabanggit sila sa dalawang surah ito ang Shurah at Ahzab: (Muhammad-Nuh-Ibrahim-Musa-Eisa) sumakanila nawa ang pagpapala ng Allah at kapayapaan.**

## Panglimang Haligi:
## Ang paniniwala sa Huling Araw

**Napapaloob dito ang paniniwala sa lahat ng naipahayag ng Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wasallam, sa mga bagay na maaaring mangyari pagkatapos mamatay tulad ng mga parusang igagawad sa loob ng libingan, pag-ihip sa trumpeta, ang pagbangon ng mga tao mula sa kanilang libingan, ang timbangan, ang listahan ng mga gawain, ang daanan, ang lawa, ang pamamamagitan, ang paraiso, ang impiyerno, ang makita ng mga mananampalataya ang kanilang Panginoon sa araw ng muling pagkabuhay at sa loob ng paraiso at iba pang mga pangyayari at bagay na lingid.**

## Pang-anim na Haligi:
## Ang paniniwala sa Tadhana

**At nararapat na mapaloob dito ang Apat na sangkap:**

| Ang Kaalaman | Ang Pagsulat | Ang Pagnanais | Ang Paglikha |
|---|---|---|---|
| Ang paniniwala na ang Allah ay nalalaman ang lahat ng bagay, ang kabuuan at ang detalye nito | Ang paniniwala na ang Allah ay isinulat ang tadhana ng lahat ng bagay hanggang sa araw ng paghuhukom | Ang paniniwala na ang lahat ng ninais ng Allah ay nangyari at lahat ng hindi niya ninais ay hindi nangyari, at ang isang tao ay may sariling pagnanais ngunit ito ay sakop pa rin ng pagnanais ng Allah | Ang paniniwala na ang isang tao ay nilalang at kanyang mga gawain, at lahat ng nilalang ay nilikha,<br><br>at ang patunay: *(Ang Allah ang Tagapaglikha ng lahat ng bagay)*, *(At ang Allah ang lumikha sa inyo at sa anumang ginagawa ninyo)* |

**At ang apat na antas na ito tinipon sa isang tula:**

**Ang kaalaman, pagsulat ng Allah, at pagnanais ay kanya lamang**

**At siya ang lumikha, at ito ang pagpapairal at paglalang**

## Ang Pangatlong Antas: Al-Ihsan

Ito ang pinakamataas na antas ng Deen, at ito ay may isang haligi at ito rin ay may dalawang antas:

**Ibadatul Mushahadah**
(Pagkasaksi o pagkakita)

Ito ang pagsamba na may ganap na pagmamahal at pagnanais at paghahangad sa kung anong mayroon sa Allah.

Ang halimbawa nito:
Ang Pagsamba ng mga Sugo at Propeta,

At maaari rin naman maarok ito ng mga ibang tao.

**Ibadatul Muraqabah**
(Kaalaman at pagmamanman)

Ito ang pagsamba na may ganap na takot sa Allah,

At napapabilang ang lahat ng Muslim sa antas na ito.

**Ang Pangatlong Antas:** Al-Ihsan, ito ay may isang haligi: Ito ay ang sambahin ang Allah na para mo Siyang nakikita, at kung Siya nga'y hindi mo nakikita ngunit tunay naman na ikaw ay Kanyang nakikita.
ang patunay sinabi ng Allah: *(Katotohanan, ang Allâh ay kasama ng mga Muttaqun yaong may takot sa kanya, at kasama ng Mushsinun yaong higit na mas minabuti nila ang pagsagawa ng mga ipinag-uutos at pagpapatupad ng Kanyang mga karapatan.)*
At sinabi ng Allah:
*(At ipaubaya mo na ang sarili mo sa Allâh ang Kataas-Taasan ang Napakamaawain, na nakikita Ka niya habang ikaw ay nagsasagawa ng 'Salâh' nang nag-iisa sa kalaliman ng gabi, at nakikita Niya ang iyong mga galaw kasama ang mga nagpapatirapa sa kanilang mga 'Salâh, Katiyakan, ang Allâh, Bukod-Tangi na Siya ang Ganap na Nakakarinig at Ganap ang Nakaaalam sa lahat)*

At sinabi ng Allah: *(At lahat nangyayari sa iyo at binabasa mula sa Quran at anumang ginagawa ninyong Gawain; kami ay nagmamasid kung inyo lamang nalalaman)*

**Paglilinaw:** Hindi ito nangangahulugan na ang isang nagtataglay ng antas na ito ay pagmamahal lamang sa Allah ang mayroon siya, at walang siyang takot sa kanya, ngunit sa antas na ito, pinakamalakas na magtutulak sa isang tao na gumawa ng pagsamba ay: ang ganap na pagmamahal niya sa Allah, mula rito sinabi ng Propeta Muhammad Sallahu Alayhi wa sallam: (hindi ba ako maaaring maging isang aliping mapagpasalamat).

At ang patunay mula sa Sunnah ay ang tanyag na hadîth ni Jibreel; Ayon kay Omar, na nagsabi: Isang araw habang kami ay nakaupo dumating sa amin ang isang lalaki na nakaputing kasuotan at napakaitim ng buhok na hindi makikitaan ng bakas ng paglalakbay, at wala ni isa man sa amin ang nakakikilala sa kanya, hangga't sa umupo siya sa harap ng Propeta at ang tuhod niya ay nakatapat sa tuhod ng Propeta at ipinatong niya ang kanyang palad sa hita ng Propeta at sinabi: "O Muhammad, sabihin mo sa akin ang hinggil sa Islam", at sinabi ng Sugo ng Allah : "Ang Islam ay ang pagsaksi na walang diyos maliban lamang sa Allah at si Muhammad ay sugo ng Allah at itayo ang salah, magbigay ng zakât, mag-ayuno sa buwan ng Ramadân, at magsagawa ng hajj sa bahay ng Allah kung may kakayanang gawin ito." At sinabi: "ikaw ay tama", at kami ay nagulat sapagkat siya ay nagtanong at agad na naniwala sa Propeta at sinabi muli, "sabihin mo sa akin ang hinggil sa pananampalataya": At sabi ng Propeta: "Ang sumampalataya sa Allah, sa mga anghel at sa mga aklat at sa mga sugo at sa huling araw at sa tadhana; sa kabutihan at kasamaan nito." At sinabi: "ikaw ay tama"

at nagsabi muli: "Sabihin mo sa akin ang hinggil sa ihsan", at nagsabi ng Propeta "Ang ihsan ay ang sambahin ang Allah na parang nakikita mo Siya at tunay naman na hindi mo Siya nakikita ngunit tunay namang nakikita ka Niya." At sabing muli: "sabihin mo sa akin ang hinggil sa Oras", sinabi ng Propeta: "Ang nagtatanong ay siyang mas maalam sa tinatanong." At sabing muli, sabihin mo sa akin ang hinggil sa mga tanda nito, at sinabi ng Propeta, "Kapag ang aliping babae ay nanganak mula sa kanyang amo at makikita mo ang mga nakapaa, nakahubad, at mga dukha at mga pastolero na nagpapaligsahan sa pagpapataasan ng gusali." At ang lalaki ay umalis na, at ako ay naiwan at sinabi ng Propeta, "O Omar, kilala mo ba kung sino ang nagtanong na'yun?" Ang sabi ko, ang Allah at ang Kanyang Sugo ang nakaaalam, at sabi ng Propeta: "Tunay na siya ay si Jibreel na dumating sa inyo at itinuro sa inyo ang inyong relihiyon."

**Ang Hadith na ito ang patunay sa mga haligi ng Islam, Iman at Ihsan.**

Sa sinabi ng Sugo ng Allah: ("Ang nagtatanong ay siyang mas maalam sa tinatanong.") ay isang patunay na ang Sugo ng Allah ay hindi niya batid ang oras ng paghuhukom malibang sa Allah.

**Sinabi ng Sugo ng Allah:** (Kapag ang aliping babae ay nanganak mula sa kanyang amo)

Ibig sabihin:
Paglaganap ng kawalang galang sa magulang

Ibig sabihin:
Paglaganap ng pang-aalila

Ibig sabihin:
Pagbaliktad ng sitwasyon

Ibig sabihin:
Ang isang Amo ay mag-papakasal sa isang babaeng alipin, at magkakaroon ito ng anak, at magiging amo ng babaeng alipin ang mismong anak niya.

((At makikita mo ang mga nakapaa, nakahubad, at mga A'lah))

A'lah: ang mga Dukha.

(Mga dukha at mga pastolero na nagpapaligsahan sa pagpapataasan ng gusali): ibig sabihin ay ang pagbaliktad ng sitwasyon, babaliktad ang sitwasyon ng isang dukha patungo sa isang masamang mayaman.

# Mga Aral Mula sa Hadith ni Jibril Alayhis Salam

**1- Ang anim na karapatan na marapat isakatuparan ng isang nag-aaral: karapatan para sa kanyang sarili, karapatan para sa kanyang guro, karapatan ng lugar kung saan siya nag-aaral, at karapatan ng mga kapwa mag-aaral, at karapatan ng aklat, at karapatan ng kaalaman na pinag-aaralan.**

**- Karapatan ng kanyang sarili: Ang kaalaman ay isang uri ng pagsamba (Ikhlas at Mutaba'ah), maging isang totoong tagasunod ng Salaf, magkaroon ng Al-khasyah, Muraqabah, pagpapakumbaba at lumayo sa pagmamalaki at pagmamayabang.**
**Makuntento, at iwanan ang makamundong bagay, magtaglay ng palamuti ng kaalaman, magkaroon ng mabuting kaasalan, at ikasiya sa pagkakaroon ng katapangan, at iwanan ang pagmamaluho.**

**Tumalikod sa mga walang pakinabang pagtitipon, at magtaglay ng kabutihan, at magkaroon ng katiyakan at katibayan.**
**Magkaroon ng mataas na layunin sa paghahanap ng kaalaman, at maglakbay tungo sa paghahanap ng kaalaman, at isulat ang mga nakalap na kaalaman, at pangalagaan ito, at magkaroon ng palagiang pagbabalik-tanaw sa mga kaalamang nakalap.**

**Magkaroon ng pag-unawa sa Deen sa pamamagitan ng pagkuha ng sangay nito mula sa kanyang ugat. At palaging humingi ng kalinga sa Allah, maging isang mapagkakatiwalaan sa kaalaman, makatotohanan.**
**Ang pananggalang ng isang naghahanap ng kaalaman ay ang (La Adriy) o ang sabihin "hindi ko alam", at pangalagaan ang oras at panahon, pagtutuwid sa pagbabasa at paglayo sa mga malalalim ng aklat.**

**ang mabuting pagtatanong at pakikinig at pag-unawa at paggawa, mabuting pakikipagtalakayan na walang halong bangayan, at muling pag-aaral sa mga napag-aralang kaalaman. Mangyari na palaging panghawakan ang Quran at Sunnah at mga kaalaman mula rito, at pagkumpleto sa mga pamamaraan sa bawat larangan.**
**Pagsasabuhay sa kaalaman, pag-iwas sa pagnanais na pangingibabaw sa iba at pagpapasikat, at makamundong bagay, masamang akala sa sarili at maging mabuti sa mga tao.**

**Ang Zakah ng Ilm: pakikipaglaban para sa katotohanan, pag-uutos ng kabutihan at pagbabawal ng kasamaan, karunungan sa pagtimbang sa pagitan ng makakabuti at makakasama, nagpapalaganap ng kaalaman at pagmamahal sa pagbibigay pakinabang sa iba, pagsisikap sa katayuan at mabuting tagapamagitan para mga kamusliman sa katotohan at kabutihan.**

**Ang karangalan, pagbibigay ng proteksyon sa kaalaman, mabuting pakikisama ayon sa batas ng Islam, pag-iwan sa pagmamagaling, pag-iwan sa panghihimasok sa bagay na hindi niya larangan.**

**Ang katayuan mo sa pagkakamali ng isang may kaalaman at pagsasalungat ng mga may kaalaman, tanggalin ang mga Shubuhat, at iwanan ang magpangkat-pangkat na kung saan ay magiging kasama ang isa at iiwas sa iba.**

**- Ang karapatan ng Guro: Ang mga tao sa usapin na ito ay nababahagi sa tatlo; dalawa sa magkabilang panig at isa sa gitna. At ating mapag-aaralan, na ang kauna-unahan pagtatambal sa Allah na nangyari sa mundong ito ay dahil sa pagmamalabis sa pagmamahal sa mga matutuwid na tao, kaya naman marapat tayo na maging nasa gitna lamang sa pagmamahal sa mga matutuwid na tao, na walang pagmamalabis at walang pagkukulang.**

**-Ang karapatan ng lugar kung saan nag-aaral dito.**

**-Ang karapatan ng mga kapwa mag-aaral: sinabi ng Allah *(Kayo, O sambayanan ni Muhammad, ang pinakamabuti sa lahat ng mga sambayanan, at higit na kapaki-pakinabang sa mga tao)*, sinabi ng Sugo ng Allah: *(hindi magiging ganap ang Iman ng isa sa inyo, hanggat ibigin niya para sa kanyang kapwa, ang mga bagay na iniibig niya para sa kanyang sarili).***

**-Ang karapatan ng Aklat: dapat itong pangalagaan at ingatan; dahil ito ay biyaya para sa atin mula sa Allah, kaya naman marapat na ingatan ito.**

**-Ang karapatan ng Kaalaman: ang pagpapahusay sa kaalaman at palagiang pagbabalik tanaw, at pagsasabuhay nito; dahil ito ay obligado sa lahat ng napagkalooban ng kaalaman na sila ay magsabuhay sa kanilang kaalaman, at pagkatapos ay ipabahagi ito sa iba at ipalaganap; dahil ito ay isang biyaya, marapat lamang na magpasalamat tayo.**

**2- Kabilang sa mga kaasalan ng pagtatanong: magtanong na mga bagay na mayroong pakinabang at kabutihan.**

**3- Marapat sa isang naghahanap ng kaalaman, ang pangalagaan niya ang kanyang hitsura na maging mabuti.**

**4- Pagkatapos ng pagpanaw ng Mahal na propeta Muhammad Sallahu Alayhi wa Sallam, hindi na maaari pang sabihin ang: “Allahu wa rasuluhu A’alam” o Ang Allah at kanyang sugo ang nakakaalam, bagkus sabihin ang Allahu A’lam, o Ang Allah ang lubos na nakakaalam lamang.**

**Pangatlong Saligan: Ang Pagkilala sa inyong Sugo na si Muhammad (ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa ating propeta)**

Siya si Muhammad bin 'Abdullah bin Abdi Muttalib bin Hâshim at si Hâshim ay mula sa tribo ng Quraysh, at ang Quraysh ay mula sa lahi ng Arabo at ang mga Arabo ay mula sa lipi ni Isma'il na anak ni Ibrâhim, ang khalilullah. (Ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa ating propeta.)

At ang kanyang edad 63 taon kabilang doon ang 40 na taon bago dumating ang propesiya at 23 na taon sa kanyang misyon bilang NABIY (Propeta) at RASUL (Sugo). Naging propeta ng ipinahayag sa kanya ang rebelasyon na "IQRA", at pagiging sugo nang ipinahayag sa kanya ang Surah Al-Mudaththir. Ang kanyang bayang pinagmulan ay ang Makkah. At siya lumikas patungong Al-Madinah.

Napapaloob sa bahaging ito ang munting pagsasalaysay sa talambuhay ng Propeta Sallahu Alayhi Wasallam, napapaloob dito ang kanyang pangalan, angkan, edad at ilang bahagi mula sa kanyang Da'wah.

## Ang Mga Dapat malaman patungkol sa Propeta Kabilang dito:

**Ang kanyang Pangalan at Angkan**

Siya si Muhammad bin 'Abdullah bin Abdi Muttalib bin Hâshim at si Hâshim ay mula sa tribo ng Quraysh, at ang Quraysh ay mula sa lahi ng Arabo at ang mga Arabo ay mula sa lipi ni Isma'il na anak ni Ibrâhim, ang khalilullah. (Ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa ating propeta.)

**Ang kanyang Edad**

Ang kanyang edad 63 taon kabilang doon ang 40 na taon bago dumating ang propesiya at 23 mula noong pinadala siya bilang sugo.

**Nabahagi ang panahon ng pagkakasugo ng Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wa Sallam sa dalawa:**

| Panahon sa Makkah (Makkiyah) | Panahon sa Al-Madinah (Madaniyah) |
|---|---|
| Tumagal ng 13 na taon | Tumagal ng 10 na taon |

**Si Muhammad ba -ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa kanya- ay isang Nabi (Propeta) o Rasul Sugo)?**

Si Muhammad Sallahu Alayhi Wa Sallam ay isang Nabi at Rasul sa pamamagitan ng pagpapahayag ng "Iqra" at pagkatapos ay sinugo siya sa pamamagitan ng pahayag na "Al-Mudaththir"

## Maikling sulyap mula talambuhay ng sugo
### sallahu alayhi wa sallam

At ang Da'wah sa panahon na ang Propeta Muhammad (saw) ay na sa loob pa ng Makkah ay nakatuon lamang sa paksang Tawheed o Kaisahan ng Allah, at ang paksang pag-iwan ng Shirk o pagtatambal sa kanya, at paksang pagdadalisay ng pagsamba sa Allah nang nag-iisa, at nagpatuloy ang Da'wah na ito sa loob ng Makkah ng labing tatlong taon.

At pagkatapos ay naatasan siyang magsagawa ng Hijra patungong Al-Madinah, at ganoon din, nagpatuloy ang Da'wah sa loob ng Al-madinah na nakatuon sa Tawheed, at kasama na rin ang mga ibang mga batas at katuruan sa Islam na mga gawaing pagsamba at mga batas pangkalakalan, at iba pang mga katuruan sa pang araw-araw na pamumuhay.

Bagkus kung titignan lamang ang talambuhay ng Propeta Muhammad patungkol sa kanyang Da'wah, matatagpuan na ang Da'wah patungkol sa Tawheed ay nagpatuloy hanggang sa pumanaw ang mahal na sugo ng Allah, at ito ang malinaw at maliwanag na tugon laban sa mga nilalang na iniwan nila ang Da'wah tungo sa Tawheed ng Allah, at iniwan nila ang pag-aaral nito, at kanilang sinasabi na kayang pag-aralan ito sa loob ng ilang nabibilang mga minuto.

Ipinadala siya ng Allah upang magbabala sa Shirk at tawagin ang mga tao sa Tawhîd.

Ang patunay ay ang sinabi ng Allah: *"O Mudhaththir (nakatakip), bumangon ka at magbabala, at dakilain ang iyong Panginoon, at dalisayin ang iyong mga kasoutan, at ang Rujz ay iyong layuan, at huwag ka magbigay upang magparami, at para sa Panginoon mo ay magtiis."*

At ang kahulagan ng *(QUM FA-ANDHIR)* "bumangon ka at magbabala" ito ay pagbabala sa Shirk at magtawag tungo sa Tawhîd.

Ang *(RABBAKA FA-KABBIR)* "Dakilain ang iyong Panginoon" dakilain sa pamamagitan ng Tawhîd .

Ang *(WA THIYABAKA FA-TAHHIR*) "Dalisayin ang iyong mga kasoutan" ito ay dalisayin ang mga gawain mula sa Shirk.

Ang *(WAR RUJZA FAHJUR)* "Rujz ay iyong layuan" ito ay ang rebulto na dapat layuan, at ang pagiging walang kauganayan sa mga ito at mga tao nito.

Ipinagpatuloy niya ang pagdadawah sa Tawheed (kaisahan ng Allah) nang 10 taon at inakyat siya sa langit kung saan ang limang obligadong salâh ay ipinag-utos at ginampanan niya ito ng 3 taon sa Makkah at pagkatapos ay inutos ang HIJRAH tungong Madinah.

Sinabi ng May-akda: (at inakyat siya sa langit) may mga aral na makukuha mula rito:

1- Tunay na ang lahat ng pinahayag ng Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wa Sallam mula sa mga bagay na lingid ating sasabihin: Kami ay naniniwala, aming itong pinapatotohanan at kami ay sumusuko at tumatalima rito.

2- Ang kahalagahan ng obligadong pagdarasal, na kung saan inutos ito ng Allah doon sa Kalangitan.

## Nahahati Ang Hijrah sa Tatlong Bahagi

Ang Hijrah ay: Ang paglikas mula sa bayan ng Shirk tungo sa bayan ng Islam, kaya't ang Hijra ay obligasyon ng nasyong ito mula sa bayan ng Shirk tungo sa bayan ng Islam at ito ay mananatili hanggang sa pagdating ng Huling Oras.

At patunay sinabi ng Allah: *(Katiyakan, ang mga yaong kinuha ng mga anghel ang kanilang mga kaluluwa, samantalang isinasagawa nila ang mga pagkakasala sa kanilang mga sarili, sa pamamagitan ng pananatili nila sa lugar ng mga walang pananampalataya at hindi nila pangingibang-bayan, sasabihin sa kanila ng mga anghel, "Sa ano bang kondisyon ang inyong kinalalagyan?'" Sasabihin nila: "Kami ay mahihina sa kalupaan," at sasabihin sa kanila sa marahas na pagsagot: "Hindi ba napakalawak ng kalupaan ng Allâh para sa inyo upang kayo ay mangibang-bayan, nang sa gayon ay mapangalagaan ninyo ang inyong 'Deen?'" Ang mga katulad nila kung gayon, ang hahantong sa Impiyerno – anong napakasamang kalalagyan! Maliban na lamang sa mga may sapat na kadahilanan, dahil sa sila ay mga mahihina na mga kalalakihan, mga kababaihan at mga musmos na mga bata, na hindi nila kayang ipagtanggol ang kanilang mga sarili mula sa mga pagmamalupit at pang-aapi, at wala silang alam na kaparaanan, para sila ay makaligtas mula sa paghihirap na kanilang dinaranas.)*

At sinabi pa ng Allah: *(O lingkod Ko na silang nanampalataya, tunay na ang kalupaan ay malawak kaya't Ako'y sambahin ninyo.)*

Ang sabi ni Baghawî (kaawaan nawa siya ng Allah), "Ang dahilan ng kapahayagan ng ayah na ito ay hinggil sa mga Muslim na nasa Makkah na hindi pa lumilikas tungo sa Madinah, ay tinawag sila ng Allah sa ngalan ng pananampalataya ."
At ang patunay sa Sunnah, ang sinabi ng Propeta; Hindi matatapos ang Hijrah hanggat hindi matatapos ang Tawbah at hindi matatapos ang Tawbah hanggat hindi sumisikat ang araw sa kanluran.

| Ang Hijrah mula sa bayan ng Kufr tungo sa bayan ng Islam | Ang Hijrah Mula sa Makkah tungo sa Al-Madinah | Ang Hijrah ng bawat isa na inubliga sa kanya ng Allah na maghijrah |
|---|---|---|
| Ang Hatol nito: Wajib o Obligado | At ito ay natapos na noong nasakop ang Makkah | Sa mga Gawain at gumagawa at sa mga panahon at mga lugar |

Gawain: lahat ng mga pinagbawal ng Allah, at ang pinakaulo nito ang Shirk.

Gumagawa: Ang mga Kuffar at mga Munafiq at iba pa.

Panahon: pag-iwan sa mga panahon na kung saan nagdiriwang ang mga Kuffar dito.

Lugar: pag-iwan sa mga lugar na kung saan nagdiriwang ang mga Kuffar dito.

*Matatapos ang Tawbah sa dalawang bagay:
1- Pagsikat ng araw mula sa kanluran.
2- Sa pagdating ng kamatayan *(At hindi tinatanggap ang pagsisisi ng sinumang nagpupumilit sa pagsasagawa ng mga kasalanan hanggang sa dumating sa kanila ang paghihingalo at sasabihin ng isa sa kanila: "Ako'y nagsisisi na ngayon." At ganoon din, Hindi rin tinatanggap ng Allâh ang pagsisisi ng mga namatay na tumanggi na hindi naniwala,)*

* Sinabi ng Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wasallam: ((Wala ng Hijrah pa pagkatapos ng Makkah)): ibig sabihin, Mula sa Makkah tungo sa Al-Madinah. At ang Hadith na ito, patunay lamang na ang Makkah ay hindi manunumbalik na bayan ng Kufr.

At nang sila ay nanahan sa Madinah ay isinabatas ang natitirang mga batas sa Islam tulad ng Zakât (1), Sawm, Hâjj, Adhân, Jihâd, ang pag-uutos ng kabutihan at ang pagbabawal ng kasamaan at iba pang batas ng Islam.

At ito ay nagtagal ng sampung taon, at siya ay nabawian ng buhay; Sumakanya nawa ang pagpapala at kapayapaan (2).

Ngunit ang kanyang Deen ay nananatili, at ang lahat ng kabutihan para sa Ummah ay kanya na itong itinuro at siya ay nagbabala sa Ummah mula sa lahat ng kasamaan.

At ang kabutihang itinuro sa Ummah ay ang panawagan tungo sa TAWHEED at lahat ng kaibig-ibig at kalugod-lugod sa Allah.

At ang kasamaang binigyang babala mula rito ang Ummah ay ang SHIRK at lahat ng kinaaayawan ng Allah at mga pinagbabawal nito (3).

(1) Sinabi ni Sheikh ibn Uthaymeen -rahimahullah-: (Ang Zakah ay inutos muna sa Makkah; ngunit hindi itinakda ang mga nararapat na bilang na ibibigay bilang zakah, at hindi rin itinakda ang yaman na maramat na ilaan sa Zakah. At noong nasa Al-Madinah, dito itinakda ang bilang na ibibigay at mga yaman na dapat ilaan sa Zakah.)

(2) Pumanaw ang Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wa Sallam, sa ika sampung taon pagkatapos ng Hijrah, at siya ay nilibing sa silid ni A'ishah radhiyallahu anha.

(3) ((at ang lahat ng kabutihan para sa Ummah ay kanya itong itinuro at siya ay nagbabala sa Ummah mula sa lahat ng kasamaan.)) marapat na sumaksi tayo at maniwala na si Propeta Muhammad ay kanyang tinupad ang pinagkatiwala sa kanyang Amanah, at pinaabot niya ang Mensahe ng Islam, at pinayuhan ang Ummah, at tunay na siya ay nakibaka sa Landas ng Allah, at iniwan niya sa atin ang malinaw na kapamaraanan na maliwanag pa sa araw, at walang tataliwas at sasalungat dito maliban na siya ay maliligaw at mawawasak.

## Ang Mga Pinamalaking Kasalanan

- Ang Malaking Shirk

  (Nag-aalis sa taong gumagawa nito sa Islam.)

- Ang Maliit na Shirk

  (Hindi Nag-aalis sa taong gumagawa nito sa Islam)

- Kaba'ir Malaking kasalanan

  (Lahat ng kasalan na may natatanging parusang itinakda)

- Saga'ir Maliit na kasalanan

  (Lahat ng kasalan na walang natatanging parusang itinakda)

At siya ay isinugo ng Allah sa lahat ng mga tao at pinag-utos ang pagsunod sa kanya sa lahat *THAQALAYN* (ang mga jinn at tao)

Ang patunay ay ang sinabi ng Allah: *(Sabihin mo o Muhammad, "o mga tao ako ay sugo ng Allah para sa inyong lahat...")* (1)

At ginawang ganap at kompleto ng Allah sa pamamagitan niya ang DEEN (Relihiyon).

Sabi ng Allah: *(Sa araw na ito ay kinumpleto Ko para sa inyo ang relihiyon ninyo at ginanap Ko ang biyaya ko sa inyo at pinili Ko para sa inyo ang Islam bilang relihiyon.)* (2)

At ang patunay na si Propeta Muhammad ay mamamatay, sabi ng Allah: *(Tunay na ikaw ay mamamatay at tunay na sila ay mamamatay rin, at pagkatapos kayo sa araw ng pagkabuhay sa Panginoon niyo kayo ay magtatalo.)*

(1) Sinugo ang Propeta Muhammad Sallahu Alayhi wa Sallam sa lahat ng mga Tao, at napawalang bisa ang lahat ng naunang batas, ang mga Hudyo at mga Kristiyano sa panahon ng Propeta Muhammad, at sa panahon nating kasalukuyan kapag umabot sa kanila ang Da'wah at hindi sila tumalima at pumasok sa Islam, tunay sila ay Kuffar, kahit na sila ay sumusunod sa kapamaraan ni propeta Moses at Jesus Alayhimus salam. At ang mga patunay nito:

1- Sinabi ng Allah: *(Sabihin mo, O Muhammad sa mga 'Ahlul Kitâb' – mga Hudyo at mga Kristiyano: "Halina sa makatarungan at makatotohanang salita, at tayong lahat ay sumunod at manatili rito: ito ay ang pagturing natin sa pagiging bukod-tangi ng Allâh sa pagsamba sa Kanya)*

2- Sinabi ng Allah: *(O kayong mga Muslim, makipaglaban kayo sa (mga kumakalaban sa Allâh na) mga walang pananampalataya na hindi naniniwala sa Kaisahan ng Allâh at hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay at Paghuhukom, at hindi iniiwasan ang anumang ipinagbabawal ng Allâh at ng Kanyang Sugo, at yaong hindi nila tinatanggap ang Tunay na 'Deen' o Relihiyon na Al-Islâm na hindi nila sinusunod ang mga batas nito, na katulad ng mga nagtatangan ng mga naunang Kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano)*

3- Sinabi ng Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wa sallam*: (Ako'y sumusumpa sa may hawak ng aking kaluluwa, sinuman ang makakarinig sa akin, ito man ay hudyo o maging kristiyano at pagkatapos ay hindi siya naniwala sa akin, tunay na siya ay kabilang sa mga taga- impiyerno.)*

(2) Ang talatang ito ay isang tugon laban sa mga Mubtade'en (gumagawa ng Bid'ah)

# Panglima: Ang Pangwakas

(1) Ang lahat ng tao ay makakalasap ng kamatayan at hindi sila makakatakas mula rito, at sila ay muling mabubuhay sa dakilang araw; ang araw ng paghuhukom, at sa araw na ito lilitisin sila at gagantimpalaan ayon sa kanilang mga gawain.

(2) Sinuman ang pinasinungalingan niya ang muling pagkabuhay at paglilitis ay naging kafir o di mananampalataya; dahil tumanggi siya sa isa sa mga haligi ng Iman.

(3) Si Nuh Alayhis Salam ang kauna-unahang Sugo, ang patunay sinabi ng Allah: *(Tunay na Kami ay nagpahayag sa iyo, tulad ng pagpapahayag Namin kay Nuh at sa mga sugong pagkatapos niya.)*

At ang kauna-unahang propeta ay si Adam alayhis Salam, ang patunay: Ang Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wasallam, noong tinanong siya tungkol kay Adam, kung siya ba ay isang propeta? Kanyang sinabi: ((isa siyang propetang kinausap ng Allah)).

At ang Huling Propeta at Sugo ay si Muhammad Sallahu Alayhi Wasallam, ang patunay sinabi ng Allah:

*(Si Muhammad ay hindi ama ng kahit na sinuman sa inyo na mga kalalakihan, kundi siya ay Sugo ng Allâh at ang pinakaselyado o pinakahuli sa lahat ng mga Propeta).*

Sinuman ang magpanggap ng pagkapropeta at pagkasugo pagtapos ni Propeta Muhammad, tunay na siya ay sinungaling at di mananampalataya, at ang sinuman ang maniwala sa isang nagpapanggap, tunay na naging kafir siya katulad niya.

At ang mga tao kapag namatay ay mabubuhay muli, ang sabi ng Allah; *(Mula dito ay nilikha Namin kayo at dito Namin ibabalik kayo at Aming ilalabas kayong muli.)*

Sabi ng Allah: *(At ang Allah ay ginawa kayo mula sa lupa tulad ng halaman, at pagkatapos ay ibabalik kayo dito at muli kayo ay ilalabas dito.)*

At pagkatapos buhayin muli ay gagantimpalaan o parurusahan ayon sa mga ginawa nila. Sabi ng Allah: *(At sa Allah ang pagmamay-ari ng mga nasa kalangitan at mga nasa kalupaan ay gagantimpalaan ang mga masasama ayon sa kanilang ginawa at gagantimpalaan mga naging mabubuti ng pinakamabuti.)* (1)

At sinuman ang pinasinungalingan ang muling pagkabuhay ay naging Kafir Ang patunay ay ang sabi ng Allah: *(Nag-angkin ang mga tumangging mananampalataya na sila ay hindi bubuhaying muli, sabihin mo! "Bagkus, sumpa sa Panginoon ko tunay na kayo ay bubuhayin muli at sasabihin sa inyo kung ano ang inyong mga ginawa, at tunay na iyon para sa Allah ay madali.)* (2)

At ipinadala ng Allah ang lahat ng mga sugo upang maging tagapagbalita ng kabutihan at tagapagbabala. At ang patunay ay ang sabi ng Allah: *(At may mga sugong Aming ikinuwento sa inyo dati at may mga sugong hindi Namin ikinuwento sa inyo. At kinausap ng Allah si Mûsâ ng pangungusap.)*

Ang unang sugo ay si Nûh at ang pinakahuling sugo ay si Muhammad, at siya ang panghuling propeta. Ang patunay na si Nuh ang unang sugo ay ang sabi ng Allah: *(Tunay na Kami ay nagpahayag sa iyo, tulad ng pagpapahayag Namin kay Nuh at sa mga sugong pagkatapos niya.)* (3)

Inutos ng Allah ang pagtanggi sa lahat ng uri ng TÂGHUT at manampalataya lamang sa Allah, Sabi ni Ibn al-Qayyim: (Ang kahulugan ng tâghut ay ang paglagpas ng isang lingkod sa dapat niyang kalagayan mula sa sinasamba o sinusundan o sinusunod)

At sa lahat ng nasyon ay nagpadala ang Allah ng sugo, mula kay Nuh hanggang kay Muhammad, upang ipag-utos ang pagsamba sa Allah lamang at ang pagbabawal sa pagsamba sa tâghut. Ang patunay ay ang sabi ng Allah: *(At nagpadala Kami sa lahat ng nasyon ng sugo upang ipasamba sa kanilang ang Allah at palayuan sa kanila ang tâghut...)*

at ang uri ng taghut ay marami, at ang pangunahing ulo nito ay ang limang ito:

Si Iblis (sumpain siya ng Allah) at sinumang sinasamba na siya ay nasisiyahan at sinuman ang nanawagan sa tao na sambahin siya at sinuman ang nag-aangkin na mayroon siyang kaalaman sa lingid. At ang sinuman ang humahatol maliban sa kapahayagan ng Allah.

ang patunay, sinabi ng Allah: *(Walang sapilitan sa relihiyon sapagkat malinaw ang gabay mula sa kaligawan, kaya't sinuman ang tumangging sumampalataya sa taghut at manampalataya sa Allah, tunay na napanghawakan niya ang URWATUL WUTHQAH (matatag na mapagkakatiwalaan) na hindi mabibiyak. At ang Allah ang Nakaririnig at ang Nakaaalam.)*

At ito ang kahulugan ng "La ilaha illalah" ay walang diyos na marapat sambahin maliban sa Allah. At sabi sa hadîth ng Propeta: (ang pangulo ng mga bagay na ito ay ang Islam at ang saligan nito ay ang Salah at ang pinakamataas na proteksyon nito ay ang Jihad fi Sabilillah)

At ipinadala ng Allah ang lahat ng mga sugo at propeta upang maging tagapagbalita ng kabutihan at tagapagbabala mula sa kasamaan, at lahat sila ay nagkakasundo at nagkakaisa sa Da'wah tungo sa Tawheed ng Allah, at labanan ang mga Taghut at iba't ibang uri ng Shirk, at ang patunay sinabi ng Allah: *(At nagpadala Kami sa lahat ng nasyon ng sugo)* ibig sabihin : bawat pangkat; *(upang ipasamba sa kanila ang Allah)* ibig sabihin: sambahin nang bukod tangi at nag-iisa, *(at palayuan sa kanila ang tâghut)* ibig sabihin: ilagay ninyo ang mga taghut sa kabilang panig at kayo ay nasa kabilang panig naman, at ito ang pinakamainam na pagpigil at paglayo mula sa kanila, at ito rin ang magpapatunay sa pagiging malaya mula sa shirk at mga gumagawa nito.

Inutos ng Allah sa lahat ng tao na tumanggi sa lahat ng uri ng TÂGHUT at manampalataya lamang sa Allah, at marapat lamang na iwaksi ang mga taghut muna bago ang Iman sa Allah *(kaya't sinuman ang tumangging sumampalataya sa taghut at manampalataya sa Allah)*

At ang Taghut: ito ay ang paglagpas ng isang lingkod sa dapat niyang kalagayan mula sa sinasamba (katulad ng mga puno o mga bato) o sinusundan (katulad ng mga masamang mga Ulama) o sinusunod (katulad ng mga Pinuno na lumalabas sa pagsunod sa Allah).

Ang mga Taghut ay napakarami, ang pangunahin ulo nito ay lima: Si Iblis -sumpain siya ng Allah- (Ang may-akda ay kanyang sinumpa si iblis, sa paraang pagbabalita)

at ang sinumang sinasamba, at siya ay nasisiyahan sa pagsamba sa kanya at sinuman ang nanawagan sa mga tao na sambahin siya at sinuman ang nag-aangkin na mayroon siyang kaalaman sa lingid. At sinuman ang humahatol maliban sa kapahayagan ng Allah.

## Ang paggawad ng hatol bukod sa mga ibinaba ng Allah ito ay may paliwanag:

**Malaking Kufr**

Kapag naniwala siya na ang batas ng tao ay katulad ng batas ng Allah o kaya naman mas mainam ito kaysa batas ng Allah.

**Maliit na Kufr**

Sinuman ang naniniwala na ang paggawad ng hatol bukod sa mga ibinaba ng Allah ay hindi maaari, ngunit siya ay naghahatol gamit ang batas ng tao dahil sa kanyang sariling kagustuhan o pagnanais mamuno o iba pang mga dahilan.

## Binahagi ni Imam ibn Qayyim ang Jihad sa Apat na Antas:

**Jihadun Nafs**

Ito ay sa pamamgitan ng kaalaman at pagsasabuhay nito at Da'wah tungo sa landas ng Allah at Sabr.

**Jihadush shaytan**

Ito ay sa pamamagitan ng pag-iwan sa mga Shubuhat (Shirk at bi'dah) at Shahawat (Kaba'ir at Sagha'ir)

**Jihadul Kuffar wal Munafiqin**

Ito ay sa pamamagitan ng puso at salita at kayamanan at buhay o sarili

**Jihadu Arbabidh dhulm wal bid'ah wal munkarat**

Ito ay sa pamamagitan ng kamay at salita at puso

## Pangwakas:

Nararapat sa bawat taong mayroon pag-iisip na kanyang isipin at pagnilay-nilayan ang dakilang aklat na ito, at magkaroon siya ng natatanging pagpapahalaga rito; dahil sa mga napapaloob sa aklat na ito, mula sa mga dakilang saligan at panuntunan na sadyang kinakailangan ng bawat tao sa kanyang libingan.

At tunay nga na ang Nakaaalam ay ang Allah Ta'ala

Wa Sallallahu ala Muhammadin wa ala Alihi wa sahbihi wa sallam

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ang buod ng Al-Usuluth Thalathah ay: Ang tatlong katanungan sa loob ng libingan, Bakit natin pag-aaralan ang Tawheed, bakit natin pag-aaralan ang tatlong saligan, at mga aral mula rito. | Apat na Usapin ang patunay (suarh Al-asr) | Al-Ilm | Ang pagkakilala sa Allah, pagkakilala sa kanyang Propeta at kaalaman sa Islam sa pamamagitan ng mga patunay mula sa Kitab at Sunnah. (Ang Tatlong Saligan) |
| | | Al-A'mal | ((Nagbubunyi ang kaalaman sa pagsasabuhay nito, kung siya ay sinagot, at kung hindi, siya ay aalis at mawawala)) Ang isang maalam sa kanyang kaalaman ngunit hindi ito sinabuhay, mauuna siyang paparusahan kaysa sa mga nagtatambal. |
| | | Da'wah | Kondisyon ng Da'wah: Ikhlas, kaalaman sa Islam, kaalaman sa kalagayan ng mga Mad'u, Hikmah at sabr. |
| | | | Ang unang paksa sa Da'wah ay ang Tahweed, ito ang Da'wah ng mga Sugo at Propeta At ang pinakamataas na antas ng Da'wah: Tawheed at pagwaksi sa Shirk |
| | | Sabr | Ang Pagtitiis sa pagsunod sa Allah(Salah), Ang Pagtitiis mula sa pagsuway sa Allah (Riba), Ang Pagtitiis sa mga Masakit na Tadhana (kahirapan) |
| | | | Ibig sabihin: Pagtitiis sa Kaalaman at pagsasabuhay nito at sa pagdada'wah tungo rito. |
| | Tatlong Usapin | Tawhidur Rububiyah (Ang bukod-tangi sa pagkapanginoon siya ang bukod tangi na pag-alayan ng pagsamba) at Tawhidul Asma Was Sifat. | |
| | | Tawhidul Uluhiyah (Ikhlas) at: Tunay na ang Allah ay hindi nalulugod sa sinumang nagtatambal sa Kanya sa pagsamba, ni mula sa malalapit sa Kanya na anghel, ni sa mga propetang isinugo. | |
| | | Pagiging malaya sa Shirk at mga gumagawa nito: sa pamamagitan ng Puso (kamuhian ang mga Kuffar), Dila *(Katiyakan, kami ay walang pananagutan sa inyo at sa anuman na inyong sinasamba bukod sa Allâh)* at sa pamamagitan ng katawan (Ang pag-iwas mula sa kanilang pagdiriwang at piesta at ang paggaya sa kanila.) | |

| | | |
|---|---|---|
| Ang buod ng Al-Usuluth Thalathah ay: Ang tatlong katanungan sa loob ng libingan, Bakit natin pag-aaralan ang Tawheed, bakit natin pag-aaralan ang tatlong saligan, at mga aral mula rito. | Dahilan sa pag-aaral ng Tawheed | (Al-Hanifiyyah): ito ang MILLAH o paniniwala na lumilihis at lumalayo mula sa Shirk patungo sa Ikhlas at Tawheed. |
| | | Literal: Salitang Ugat ng salitang "Wahhada, Yuwahhidu, Tawheedan"<br>Nangangahulugan: "Binukod-tangi"<br>Sa Islam: Ang Pagbubukod-tangi sa Allah sa kanyang Rububiyyah at *Uluhiyyah* at *Asma was sifat*.<br>At ang tatlong uri nito: |
| | | <u>Tawheedur Rububiyyah</u>: Pagbubukod-tangi sa Allah sa Kanyang Paglikha at Pagmamay-ari sa lahat ng nilikha at Pangangasiwa.<br><u>Tawheedul Uluhiyah</u>: Pagbubukod-tangi sa Allah sa Pagsamba<br><u>Tawheedul-Asma-i was Sifat</u> : Pagbubukod-tangi sa Allah sa pamamagitan ng mga Pinangalan at Tinangi niya sa Kanyang sarili sa Quran at sa binanggit ng kanyang propeta Muhammad, at magpatibay sa lahat ng pinagtibay Niya sa Kanyang sarili at magwaksi sa lahat ng winaksi Niya sa Kanyang sarili nang walang TAHRIF (pagbabago ng kahulugan), o TA'TIL (pag-aalis ng kahulugan) at nang walang TAKYIF (paglalarawan ng pamamaraan ng kanyang katangian at pangalan o kung paano Niya isinasagawa ang Kanyang mga gawain), TAMTHIL (paghahalintulad sa Kanya sa anumang nilikha) |
| | | SHIRK Ito ang pananalangin, pagsamba maliban sa Allah. At ito ang dakilang kasalanan dito sa lupa. |
| | Ang Tatlong Saligan | Ang makilala ng lingkod ang kanyang RABB, "Sino ang iyong RABB? At paano mong nakilala ang iyong Panginoon? Ang Rabb siya ang sinasamba, iba't ibang uri ng pagsamba, hatol sa sinumang nagtambal sa Allah sa anumang uri ng pagsamba at mga patunay nito. |
| | | kaalaman sa Islam sa pamamagitan ng mga patunay mula sa Kitab at Sunnah, pagpapakilala sa Islam, antas ng Deen, haligi ng Islam, kahulugan ng Shahadah, Haligi ng Iman, mga antas ng Iman, Ihsan patunay sa mga Antas ng Deen, palatandaan ng araw ng paghuhukom. |
| | | Pagkakilala sa kanyang Propeta, sa kanyang angkan, kapanganakan, edad, pagkapropeta at pagkasugo, kanyang bayan, dahilan ng pagkakasugo niya, bilang ng panahon ng pagdada'wah niya tungo sa Tawheed, Al-isra at Al-Mi'raj, saan at kailan inutos ang Salah? Ang Hijra at kanyang hatol at panahon, kailan isinabatas ang iba pang mga utos at batas? Tagal ng panahon sa pagdada'wah, kanyang pagpanaw, kanyang dalang katuruan sa Deen, ang kanyang pangkalahatang pagsugo sa buong sansinukob, ang kaganapan ng Deen at biyaya. |

<table>
<tr>
<td rowspan="8">Ang buod ng Al-Usuluth Thalathah ay: Ang tatlong katanungan sa loob ng libingan, Bakit natin pag-aaralan ang Tawheed, bakit natin pag-aaralan ang tatlong saligan, at mga aral mula rito.</td>
<td rowspan="8">Ang Pangwakas</td>
<td colspan="4">Ang muling pagkabuhay, Ang paglilitis sa mga Gawain, pagiging Kafir ng isang di naniniwala sa Muling pagkabuhay, ang trabaho ng mga Sugo at kanilang panawagan, ang unang sugo at huli, ang dalawang haligi ng Tawhid: Ang pagwaksi sa Taghut at Ang paniniwala sa Allah, ang kahulugan ng Taghut, ang mga pangulong mga taghut, ang kapamaraan ng pagwaksi sa taghut, ang kahulugan ng La ilaha illallah, Ang Islam ay ulo ng Deen, ang sandigan nito ay ang Salah, ang proteksyon nito ay ang Jihad.</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="7">Mga uri Ng Jihad</td>
<td>Jihadun Nafs</td>
<td colspan="2">Ito ay sa pamamgitan ng Kaalaman at pagsasabuhay nito at Da'wah tungo sa landas ng Allah at Sabr. (SURAH AL-ASR)</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="4">Jihadush shaytan</td>
<td rowspan="2">Shahawat</td>
<td>Kaba’ir<br>(lahat ng kasalan na may natatanging parusang itinakda)</td>
</tr>
<tr>
<td>Saga’ir<br>Maliit na kasalanan<br>(lahat ng kasalan na walang natatanging parusang itinakda)</td>
</tr>
<tr>
<td rowspan="2">Shubuhat</td>
<td>Ang Malaking Shirk (Nag-aalis sa taong gumagawa nito sa Islam.) at Maliit na Shirk</td>
</tr>
<tr>
<td>Bid’ah</td>
</tr>
<tr>
<td>Jihadul Kuffar wal Munafiqin</td>
<td colspan="2">Ito ay sa pamamagitan ng puso at salita at kayamanan at buhay o sarili</td>
</tr>
<tr>
<td>Jihadu Arbabidh Dhulm wal Bid’a wal munkarat</td>
<td colspan="2">Ito ay sa pamamagitan ng kamay at salita at puso</td>
</tr>
</table>

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | **Taghut** | **Ang mga Taghut ay napakarami, ang pangunahing ulo nito ay lima: Si Iblis -sumpain siya ng Allah- (Ang may-akda ay kanyang sinumpa si iblis, sa paraang pagbabalita)**<br><br>**At ang Sinumang sinasamba at siya ay nasisiyahan sa pagsambang ito at Sinuman ang nanawagan sa tao na sambahin siya at Sinuman ang nag-aangkin na mayroon siyang kaalaman sa lingid. At sinuman ang humahatol maliban sa kapahayagan ng Allah.** |
| | | **At tunay nga na ang Nakaaalam ay ang Allah Ta'ala**<br><br>**Wa Sallallahu ala Muhammadin wa ala Alihi wa sahbihi wa sallam** | |

## Pagsusulit Mula Sa Tatlong Saligan At Kanyang Mga Patunay

**Piliin ang tamang sagot mula sa loob ng panaklong:**

**1- Ang may-akda ng Usuluth Thalathah: (Muhammad bin Sulayman At-tamimiy – Muhammad bin Abdil Wahhab – lahat ng nabanggit)**

**2- Ang Usuluth Thalathah ito ang buod ng katanungan sa Libingan: (Tama – Mali)**

**3- Nanalangin ang may-akda sa Allah para sa mga mambabasa ng Usuluth Thalathah sa: (dalawang bahagi ng Aklat – Tatlong bahagi ng Aklat)**

**4- Bukod- tangi ang mga aklat ng may-akda dahil: (Madali at Malinaw - Pagtitipon ng mga usapin at inaayos ito at nilalagyan ng bilang at pagkatapos ay kanya itong ipinapaliwanag - Pagbanggit ng mga Usapin na may kalakip na batayan mula Quran at Sunnah- Maraming panalangin sa Allah para sa mag-aaral – pagtugon sa mga salita ng mga kalaban ng Islam – Maraming aklat na pagpapaliwanag – pagbanggit ng mga mahahalagang katanungan at mga sagot nito – binigay ng Allah ang pagtanggap - lahat ng nabanggit)**

**5- Maaaring ibahagi ang nilalaman ng Usuluth thalathah sa: (5 -6) na bahagi.**

**6- Ang pag-aaral ng Tawheed ay isang: (Fardhu Kifayah -Fardhu A'yn)**

**7- Ang patunay sa Apat na usapin ay ang surah: (Al-a'sr – Al-khlas)**

**8- Sinuman ang nagkaroon ng kaalaman ngunit hindi niya ito sinabuhay ay katulad siya ng isang (Kristiyano – Hudyo – Lahat ng Nabanggit)**

**9- Nababahagi ang Sabr sa ilang bahagi: (Dalawa -Tatlong)**

**10- Ang kahulugan ng kasabihan ni Imam Shafi'ey sa Surah Al-A'sr: (sapat na upang maging isang batayan sa mga tao- sapat na sa ibang surah): (Tama – Mali)**

**11- Sinuman ang manampalataya sa isang uri lamang ng Tawheed at hindi sa iba pa, hindi magiging isang Muwahhid: (Tama o Mali)**

**12- Mangyayari lamang ang pagiging Malaya mula sa Shirk at mga tauhan nito sa pamamagitan ng: (Puso at Dila at Katawan – Pagiging Malaya mula sa Gawain at gumagawa nito – Lahat ng nabanggit)**

**13- Ang nais ipakahulugan sa Al-Masajid sa sinabi ng Allah (Ang mga Masjid ay para lamang sa Allah): (Ang mga masjid na itinayo – Ang mga parte ng mga katawan na nakadikit sa Lupa habang nasa Sujood – ang lupa na kung saan nagsasagawa ng sujood- Lahat ng nabanggit)**

**14- Ang kapamaraanan ng Salaf: (Ang pagpapatunay pagkatapos ay ang paniniwala – paniniwala pagkatapos ay pagpapatunay)**

**15- Sinuman ang mga naligaw mula sa mga mayroong kaalaman ay katulad ng mga: (Hudyo - Kristiyano)**

**16- Sinuman ang mga naligaw mula sa mga mananamba ay katulad na mga: (Hudyo – Kristiyano)**

**17-Ang tatlong usapin ay ang Tatlong Saligan: (Tama - Mali)**

**18- Nababahagi ang Du'a sa Du'a Ibadah at Du'a Mas'alah: (Tama – Mali)**

**19- Ang Du'a ay nababahagi sa ilang bahagi (Dalawa – Apat)**

**20- Ang mga tao ay nahahati sa tatlong pangkat sa usaping paniniwala sa Asbab o kaparaanan: (Dalawang magkabilang panig at nasa gitna – Shirkul Akbar at Shirkul Asghar at Jaiz)**

**21- Maaaring Humingi ng saklolo mula sa mga nilalang: (nang walang limitasyon – sa mga bagay na mayroon siyang kakayahan dito – sa mga bagay na mayroong siyang kakayahan dito ngunit sa Apat na kondisyon)**

**22- Ang Kahulugan ng La ilaha illallah: (Ang may kakayahang sa pagimbento – Walang sinasamba maliban sa Allah – Walang tunay at karapatdapat sambahin maliban sa Allah – lahat ng nabanggit)**

**23- Ang pagkakasundo at pagsang-ayon kasama ng iba't ibang Relihiyon sa usapin pang Relihiyon at pananampalataya sa dahilan pagkakaisa: (Maaari – Malaking Kasalanan – isang gawaing Kufr)**

**24- Ang pangkalahatang batayan sa pagkakaroon ng Allah: (Marami -- Apat)**

**25- Ang mga Anghel ba ay mayroong mga Puso: (Oo – Wala)**

**26- Ang ugnayan ng Tawheed sa Iman, Ang Iman ay pangkalahatan at ang Tawheed ay bahagi nito: (Tama -Mali)**

**27- Ang Haligi ng Iman ay: (5—6---8)**

**28- Ang mga Mushrikin ay mayroong mga ilang pagsamba sa Allah: (Tama – Mali)**

**29- Sinuman ang sinamba siya maliban pa sa Allah at siya ay hindi nalulugod dito, siya ay isang (Taghut – Hindi Taghut)**

**30- Ang pagbubukod-tangi sa Allah sa kanyang pangangasiwa sa sanlibutan at pagbibigay ng ulan ay ang Tawheed: (Al-Uluhiyah – Ar-rububiyah – Al-asma was sifat)**

**31- Ang mga sumalungat sa pangunahing Tawheed: (Shirkul Akbar – Al-Asghar – Bid'ah)**

**32- Ang pinaka obligado sa lahat ng obligado ay ang pagiging mabuti sa mga magulang: (Tama – Mali)**

**33- Ang pinaka malaking pinagbabawal ay ang Zina, pagpatay ng isang inosenteng tao: (Tama --- Mali)**

**34- Ang Mi'raj ay ang paglalakbay ng Sugo ng Allah mula sa Makkah patungong Baytul Maqdis: (Tama – Mali)**

**35- Isinugo ng Allah ang Propeta Muhammad sa: (isang partikular na nasyon lamang – sa buong sanlibutan)**

**36- Ang Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wa Sallam ay: (Namatay – Ang mga Propeta ay hindi namamatay)**

**37- Sinuman ang hindi maniwala sa muling pagkabuhay siya ay naging kafir na (Malaki – Maliit)**

**38- Ang Deen ng mga Propeta ay: (iisa – ang bawat propeta ay may sariling Deen)**

**39- Ang Hijrah: (Mapaputol dahil sa pagsakop sa Makkah – Mananatili hanggang sa pagdating ng Oras)**

**40- Ang Hijrah ito: (Ang paglikas mula sa bayan ng Kufr patungo sa Bayan ng Islam – Pag-iwan ng pinagbabawal ng Allah)**

**41- Ang Deenul Islam ay nakumpleto at ganap: (Tama –Mali)**

**42- Ang pag-aalay ng pagsamba sa iba maliban pa sa Allah ay isang Shirk: (Akbar— Asghar)**

**43- Nararapat na ang pinagkaibahan ng paghahatol sa gawain at paghahatol sa gumagawa: (Tama—Mali)**

**44- Ang kauna-unahang Propeta: (Nuh --- Adam Alayhimussalam)**

**45- Ang ating mahal na Propeta ay isang: (Propeta ---Sugo)**

Piliin mula sa unang hanay ang nababagay sa kanya mula sa pangalawang hanay:

| Unang Hanay | Bilang | Bilang | Panglawang Hanay |
|---|---|---|---|
| Ang Tawheed sa Literal | 1 | | Sinabi ni Ahmad: Kapag Nakita mo ang isang kafir, ipikit mo ang iyong mata sa takot na Makita ang kalaban ng Allah. |
| Ang Tawheed sa Islam | 2 | | Napapaloob ang paniniwala sa lahat ng mangyayari pagkatapos ng kamatayan |
| Tawhidul Uluhiyah | 3 | | Ang pagbigkas nito sa pamamagitan ng dila. Paniniwala sa pamamagitan ng puso. Ang pagsasagawa ng mga katuruan at saligan nito sa pamamagitan ng katawan at puso, nadadagdagan sa pamamagitan ng pagsunod. Nababawasan sa pamamagitan ng pagsuway. |
| Tawhidur Rububiyyah | 4 | | Al- Islam at Al-Iman at Al-Ihsan |
| Tawhidul Asma Was Sifat | 5 | | Para sa Allah at sa iba pa |
| Al-Hanifiyah | 6 | | Wajib at Jaiz at Muharram |
| Ang unang panawagan at utos sa loob ng Quran | 7 | | Kaparaanan na nabanggit sa Islam at Pisikal na Kaparaanan |
| An-nidd | 8 | | Ang mga katanungan sa libingan |
| Al-Khasyah | 9 | | Ilm, Amal, Da'wah, Sabr |
| At-Tawakkul | 10 | | Ang Ikhlas at Mutaba'ah |
| Kondisyon upang matanggap ang Ibadah | 11 | | totoong pagsandal sa Allah na mayroong kasamang pagtitiwala sa kanya at pagkuha ng mga pinapahintulutan na kaparaanan |
| Ang buod ng Apat na Usapin | 12 | | Ang pagkatakot na mayroong kaalaman sa kadakilaan ng kinakatakutan at kaalaman sa kanyang ganap na kapangyarihan. |
| Ang Buod ng Tatlong Usapin | 13 | | Ito ang katambal, kawangis, kahalintulad |
| Ang buod ng Tatlong Saligan | 14 | | Sa loob ng Surah Al-Baqarah |
| Ang Asbab ay nababahagi sa | 15 | | ito ang MILLAH o paniniwala na lumilihis at lumalayo mula sa Shirk patungo sa Ikhlas at Tawheed |
| Nababahagi ang An-Nadhr sa | 16 | | Pagbubukod-tangi sa Allah sa pamamagitan ng mga Pinangalan at Tinangi Niya sa Kanyang sarili sa Quran at |

| | | | |
|---|---|---|---|
| | | | sa binanggit ng kanyang propeta Muhammad, at magpatibay sa lahat ng pinagtibay Niya sa Kanyang sarili at magwaksi sa lahat ng winaksi Niya sa Kanyang sarili nang walang TAHRIF (pagbabago ng kahulugan), o TA'TIL (pag-aalis ng kahulugan) at nang walang TAKYIF (paglalarawan ng pamamaraan sa kanyang katangian at pangalan o kung paano Niya isinasagawa ang kanyang mga gawain), TAMTHIL (paghahalintulad sa Kanya sa anumang nilikha) |
| Nababahagi ang Adh-dabh sa | 17 | | Ang pagbubukod-tangi sa Allah sa pagsamba |
| Nababahagi ang AL-khawfr sa | 18 | | Ang pagbubukod tangi sa Allah sa Paglikha at Paghahari at pangangasiwa |
| Al-Islam | 19 | | Ang Pagbubukod tangi sa Allah sa lahat ng natatangi sa kanya |
| Antas ng Deen | 20 | | Nagmula sa salitang Wahhad Yuwahhidu |
| Al-Iman | 21 | | Pagsikat ng Araw mula sa Kanluran at pagdating ng kamatayan |
| Ang Paniniwala sa Huling Araw ay napapaloob dito ang | 22 | | ang paglagpas ng isang lingkod sa dapat niyang kalagayan mula sa sinasamba o sinusundan o sinusunod |
| Kabilang sa pagpapatunay ng pagiging Malaya mula sa Shirk | 23 | | Tawhidur Rububiyyah, tawhidul Asma was sifat, Tawhidul Uluhiyah at pagiging Malaya mula sa shirk at mga tauhan nito |
| Oras ng pagkaputol ng Tawbah | 24 | | ang ganap na pagsuko sa Kaisahan ng Allah at ganap pagsunod sa kanya at pagiging malaya sa Shirk at sa mga tauhan nito |
| Taghut | 25 | | Ito ang sinambang imahe |

القواعد الأربع

# Apat Na Panuntunan

**(Al-Qawaid Al-Arba')**

Sa ngalan ng Allah,
Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

Katotohanan, ang pagpuri ay sa Allah Taa'la lamang, purihin natin siya at hilingin natin ang kanyang tulong. Humingi tayo ng kapatawaran sa kanya. At hilingin natin ang kalinga niya mula sa kasamaan ng ating mga sarili at mula sa mga masasamang ating nagawa. Sinuman ang patnubayan ng Allah Taa'la, walang sinuman ang maaring makapagligaw sa kanya, at sinuman ang kanyang iligaw, walang sinuman ang maaring makapaggabay sa kanya at ako ay sumasaksi na walang sinuman ang may karapatang sambahin kundi ang Allah taa'la siya ang nag-iisa at walang katambal. At ako ay sumasaksi na si propeta Muhammad sallahu alayhi wa sallam ay kanyang alipin at sugo. At bilang pagpapatuloy:

## Ang Panimula Sa Paliwanag

### Ang May-Akda ng Aklat

Shaykhul Islam Mujaddidu da'wati Tawheed Al-Imam:
Muhamamd bin Abdilwahhab bin Sulayman Attamimiy, Abul Husayn
Siya ay isinilang sa Al-Uyaynah noong taon (1115h)
At siya pumanaw sa Ad-dhir'iyah noong taon (1206h)

### Ang Al-Qawai'd Al-Arba' ay ang pangalawang aklat na mapag-aaralan sa serye ng Mutoon na para sa isang Talibul Ilm, At ang pagpapahalaga sa aklat na ito ay nararapat Dahil sa mga sumusunod:

- Pinayo ng mga Ulama na pag-aralan ito
- Pagsunod sa yapak ng mga Ulama ng Assalafus Salih
- Napapaloob dito ang pagpapabulaanan sa mga pagdududa ng mga Mushrikin sa ating panahon.
- Dahil ito ang buod ng Aklat na Khashfush Shubuhat (Pag-alis ng mga pagdududa)

Tayo ay magsisimula sa pag-aaral ng aklat na ito bago pa ang aklat ng Khashfush Shubuhat upang hindi kumapit sa puso ng isang Talibul Ilm ang alin mang pagdududa.

## Ang Nilalaman ng Aklat na “Al-Qawai’d Al-Arba’”

Ito ay nababahagi sa Tatlong Bahagi:

**1- Ang Panimula**

**“Unwanus Sa’adah” (Palatandaan ng Kaligayahan)**

**2- Kahalagahan ng pag-aaral ng Tawheed**

**3- Al-Qawai’d**

**Ang mga Panuntunan**

## Una: Ang Panimula (U'nwanus Sa'adah) — Palatandaan ng Kaligayahan

Sa ngalan ng Allah
Ang Pinakamahabagin,
Ang Pinakamaawain (1)

Idinadalangin ko sa Allah Taa'la na siyang Makapangyarihang Diyos, Panginoon ng Maluwalhating Trono na gabayan ka sa mundong ito at sa kabilang buhay (2), at gawing ka na isang mapagpala saan ka man naroroon (3).

**(1) Dahilan ng May-akda sa pagsisimula ng aklat sa pamamagitan ng Basmallah**

1. Pagsunod sa Quran at mga Sugo
2. Pagsunod sa mga naunang mga Ulama at mga Salaf na ang kanilang kaugalian sa pagsusulat ay ang pagsisimula sa basmallah
3. Paghingi ng pagpapala sa pamamagitan ng pangalan ng Allah Al-kareem

**(2)** Pagkatapos ng Basmallah, Sinimulan ng Shaykh – Patawarin nawa siya ng Allah- sa kanyang panimula sa pamamagitan ng panalangin para sa mga naghahanap ng kaalaman katulad ng kanyang nakasanayan, at ito ay isang palatandaan sa kanyang kaingatan at pagmamahal sa mga naghahanap ng kaalaman sa Islam, at paghingi sa Allah para sa kanila na makamit nila ang bawat kabutihan.

**(3)** Ang mga Awliyah ng Allah, sila ang mga pinagsama nila ang Al-Iman at At-Taqwa.

Sinabi ni Shaykhul Islam ibn taymiyyah- kaawaan nawa siya ng Allah-: ((Sinuman ang maging isang Mu'min o mananampalataya at maging isang Taqiy o may takot sa Allah, siya ay naging isang Waliy ng Allah)); at ang patunay sinabi ng Allah*: (Dapat ninyong mabatid na katiyakan, ang mga 'Awliyâ`' ng Allâh ay wala silang dapat na katakutan, at wala silang dapat na ikalungkot, At sila na mga malalapit sa Allâh, ang kanilang katangian ay naniwala sila sa Allâh at sumunod sa Kanyang Sugo at sa anuman na kanyang dinala na kautusan mula sa Allâh at sila ay natatakot sa Allâh sa pamamagitan ng pagsunod nila sa Kanyang mga ipinag-uutos at pag-iwas sa Kanyang mga ipinagbabawal.)*

**Al-Barakah:** ito ang paglago at pagdami.

**At-Tabarruk:** Ang paghingi ng biyaya at pagpapala.

**Al-Mubarak:** ang isang taong kapakipakinabang at pinagpala saan man siya naroroon.

## Ang Tabarruk ay nababahagi sa Dalawa:

**TABARRUK MASHRU'**

**(TABARRUK NA PINAPAHINTULUTAN)**

**Pisikal:** katulad ng Kaalaman, at Du'a at iba pa, Ang Tabarruk sa pamamagitan ng kaalaman ng isang nilalang o kanyang panawagan sa kabutihan, ito ay magiging isang barakah, dahil nakakuha tayo mula sa kanya ng maraming kabutihan. Katulad ng mga aklat ni Shaykhul Islam, at iba pang mga Imam ng Ummah na kung saan inilagay ng Allah sa kanilang mga aklat ang Barakah at kabutihan at nakinabang dito ang sambayanan.

**Sa Islam:** katulad ng Salah sa loob ng Masjid Al-haram, o sa Masjid Nabawiy.

**TABARRUK MAMNU' (TABARRUK NA IPINAGBABAWAL)**

Ito ang Tabarruk na walang matibay na basehan mula sa Islam at kahit sa pisikal na batayan, at ito ay isang uri ng Shirkul Asghar

At ibilang ka mula sa mga taong kapag sila ay pinagkalooban ay nagpapasalamat (1)

(1) Ang biyaya ay isang pagsubok, kabilang sa mga patunay sinabi ng Allah: *(At ang pananatili rito sa daigdig ay pagsubok lamang sa pag-aatas o pagbabawal)*, *(At nang makita ni Sulaymân na nasa sa kanya nang harapan na nakatayo ang trono ay kanyang sinabi: "Ito ay mula sa Kagandahang-Loob ng Aking 'Rabb' upang subukin ako: kung ako ba ay magpapasalamat o tatanggi at di magpapasalamat? At sinuman ang tatanaw ng utang na loob sa Allâh sa Kanyang mga biyaya ay magiging kapaki-pakinabang ito para sa kanya, at sino naman ang tatanggi sa biyaya walang pag-aalinlangan, ang aking 'Rabb ang Napakayaman na Ganap na Malaya mula sa lahat ng pangangailangan, na Siya ang Pinakamabait Tagapagkaloob)*, *(Sa sinumang tao na kapag siya ay sinubok ng kanyang 'Rabb' ng biyaya, at pinaluwag sa kanya ang kanyang kabuhayan, at siya ay inilagay sa marangyang pamumuhay, na iniisip niya na ito ay parangal sa kanya mula sa kanyang 'Rabb,' na kanyang sasabihin: "Ang aking 'Rabb' ay pinarangalan ako.")*

At sa Hadeeth: *((Ang tatlong tao mula sa baniy Israel, ninais ng Allah na subukin sila))*

## Ang Biyaya ay naka-ugnay sa Tawhidul Rububiyyah at Tawhidul Uluhiyah
## At ang pagpapasalamat sa biyaya ay nababahagi sa dalawa:

**Ang pakikipag-ugnayan sa Allah bago dumating ang Biyaya**

Ang uri na ito kinakailangan sa isang tao na maniwala siya nang tiyak na ang nagbibiyaya ay ang Allah Ta'ala, kaya naman hindi maaari na iugnay ng isang tao ang kanyang puso sa iba.

Kaya naman ang Paraiso ay hinihingi lamang mula sa Allah; dahil siya ang nagmamay-ari nito, ganoon din ang Biyaya, hindi ito maaring hingiin maliban lamang sa Allah Ta'ala.

*(At ipaubaya mo ang iyong sarili sa Allâh na Tunay at Walang-Hanggang Buhay na hindi namamatay)*, *(ang inyong sinasamba na mga rebulto bukod sa Allâh ay walang kakayahan na magbigay sa inyo ng anumang kabuhayan, na kung kaya, humingi kayo ng kabuhayan sa Allâh)* ibig sabihin sa Allah lamang humingi at hindi sa iba ng biyaya *(at maging taos-puso kayo sa inyong pagsamba sa pamamagitan ng pasasalamat)*

**Ang pagpapasalamat pagkatapos makamit ang Biyaya**

At ito ay mangyayari sa pamamagitan ng:

**Puso**

Ito ay sa pamamagitan ng pagkakaroon ng tunay na Iman at tamang Aqeedah at ganap na pagsuko na ang tagapag-biyaya ay ang Allah at ang lahat ng bagay na nasa isang tao ay biyayang nagmula sa Allah.

**Dila**

Ito ay sa pamamagitan ng pagpapahayag ng biyaya ng Allah at pagpupuri sa Kanya at pagpapa-salamat sa kanya, sinabi ng Allah: *(At ipahayag mo ang anumang ipinagkaloob sa iyo na Biyaya ng iyong Rabb)*

**Katawan**

Ito ay sa pamamagitan ng paggamit sa biyayang ipinagkaloob sa mabuting paraan at kinalulugudan ito sa atin ng Allah, dagdag pa diyan ang paggawa ng mga gawaing pagsunod para lamang sa Allah at paglayo mula sa mga pagsuway sa Kanya at ang pagsunod sa Kanyang mga utos.

At kapag sinubok siya ay nagtitiis **(1)** at kapag nakagawa ng kasalanan siya ay humingi ng kapatawaran

**(1)** Dahil ang Pagtitiis o Sabr ay obligado ayon sa pinagkasunduan ng Ummah.

**Nababahagi ang mga tao sa apat na uri sa tuwing dumarating ang masasakit na pangyayari sa kanya rito sa mundo**

- Pagkagalit
- Nagtitiis
- Nalugod
- Nagpasalamat

**1. Ang Pagkagalit sa masasakit na pangyayari rito sa mundo** ay isang haram o ipinagbabawal, at ito ay kabilang sa mga kabair o malalaking kasalanan. At ito ay mangyayari sa pamamagitan ng:

- Puso
- Dila
- Katawan

- Ang Pagkagalit sa pamamagitan ng Puso (Masama ang Loob): Sinabi ni Imam ibn Al-Qayyim Al-Jawziyah, sa pagpaliwanag ng mga bagay na ito, Tunay na ang ilang mga tao ay hindi sila magkakamaling sabihin ito sa pamamagitan ng kanyang dila, ngunit ang kanyang damdamin ang magiging saksi sa kanyang masamang akala sa kanyang Panginoon, siya ay magsasabi sa kanyang damdamin , "hindi makatarungan sa akin, ang Panginoon ko" " Hindi ipinagkaloob sa akin ng Panginoon" at marami pang iba, sila ay mga nagkulang, at nagmalabis. Kaya naman iyong iwasto ang iyong sarili at damdamin, ikaw ba ay ligtas? At kung ikaw ay makakaligtas mula rito, ikaw ay makakaligtas mula sa isang malaking bagay.

- Ang Pagkagalit sa pamamagitan ng Dila (Pananalita): ito ay nangyayari sa pamamagitan ng "As-siyah" o pagsigaw at "An-niyahah" paghagulgol, pagsasalita ng hindi maganda, pagmumura.

-Ang Pagkagalit sa pamamagitan ng katawan (kilos): ito ay nangyayari sa pamamagitan ng pagsampal sa sariling mukha, pagpunit ng damit, paglulumpasay.

**2. Pagtitiis (Sabr):** ang hatol nito ay wajib o obligado ayon sa pinagkasunduan ng Ummah. At nararapat at obligado na magsabr tayo sa pamamagitan ng puso, dila at katawan. Sinabi ni Imam Ahmad: (Nabanggit ang patungkol sa Sabr sa Quran nang siyamnapung beses, at ito ay obligado ayon sa pinagkasunduan ng Ummah, at ang Sabr ay kalahati ng Iman, dahil tunay na ang iman ay nahahati sa dalawa: Sabr at Shukr) [mula sa Aklat Madarijus Salikeen ni Ibn Qayyim].

**3. Pagkalugod (Ridah):** ang kanyang hatol ay Mustahabb o isang kaibig-ibig na Gawain, at ito ang pinakamataas na antas kaysa sa Sabr.

**4- Pagpapasalamat (Shukr):** Ang kanyang hatol ay Mustahabb. At ito ang pinakamainam na antas at pinakakumpleto at ganap.

## Pangalawa: Al-Qawaid Al-Arba'

Ang Apat na Panuntunan

Sa ngalan ng Allah Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain

Dapat mong malaman, gabayan ka nawa ng Allah sa pagsunod sa kanya na: Ang Al-Hanifiyah ay relihiyon ni Ibrahim: ito ang sambahin mo ang Allah nang bukod-tangi at nag-iisa at nang dalisay, dahil doon, inutusan ng Allah ang lahat ng tao,at nilikha sila sa layuning ito tulad ng sinabi ng Allah: *("At hindi Namin nilikha ang mga jinn at tao maliban lamang sambahin nila ako)* (1).

At kapag iyong nabatid na ang layunin ng paglikha sa iyo ng Allah ay upang sambahin mo lamang Siya, dapat mong malaman na ang pagsambang ito ay hindi matatawag na isang pagsamba hanggat magkaroon ng Tawheed o pagbubukod-tangi sa Allah sa pagsamba. Tulad ng Salâh, ito ay hindi matatawag na Salah maliban kung ito ay mayroon kasamang Taharah o pagdadalisay.

At kapag ang Shirk o pagtatambal sa Allah ay humalo sa anumang Pagsamba, ito ay masisira at magiging walang saysay. Katulad ng isang Dumi na humalo sa isang dalisay. At kapag iyong nabatid na ang shirk ay humalo sa anumang pagsamba, ay kanyang sisirain ito at gagawing walang saysay, at wawasakin ang anumang gawain, at ibibilang ang mga tauhan ng shirk sa mga mananatili sa impiyerno nang walang hanggan; iyong mababatid na ang pinakamahalagang bagay sa iyo ay ang malaman mo ito; maaaring makaligtas ka mula sa patibong na ito; at ito ang Shirk o pagtatambal sa Allah, na siyang sinabi ng Allah: *(Katiyakan, ang Allâh ay hindi nagpapatawad sa sinumang nakagawa ng anumang 'Shirk'; subalit pinatatawad Niya ang anumang kasalanan maliban sa ganitong uri ng kasalanan, sa sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin.)*.

At ito ay sa pamamagitan ng kaalaman patungkol sa apat na panuntunan na siyang binanggit ng Allah sa kanyang Quran.

Ang Unang Panuntunan: dapat mong malaman na ang mga Kuffar na silang kalaban ng Sugo, sila ay naniniwala sa Allah bilang isang Tagapaglikha at Tagapangasiwa sa sanlibutan, ngunit hindi sila napabilang sa Islam, at ang patunay sinabi ng Allah: *(Sabihin mo sa kanila na mga 'Mushrikin,' O Muhammad: "Sino ang nagbibigay ng kabuhayan sa inyo mula sa kalangitan at sa kalupaan at sino ang nagmamay-ari ng pandinig at paningin At sino ang naglabas ng buhay mula kamatayan at Siyang nagdala ng kamatayan sa mga buhay At sino ang nangangasiwa ng mga bagay? At kanilang sasabihin: Ang Allah. Sabihin; Kung gayun hindi ba kayo natatakot sa parusa ng Allah?)* (2).

(1) Ipinapaliwanag ng may-akda kung bakit tayo nag-aaral ng Tawheed o Kaisahan ng Allah.

(2) Ang mga Kuffar o di-mananampalataya sa panahon ng Sugo ng Allah na si Muhammad Sallahu Alayhi Wasallam, ay mga naniniwala sa Tawhidur Rububiyah o Kaisahan ng Allah sa kanyang pagkapanginoon, ganun pa man ay kinalaban pa rin sila ng Sugo ng Allah; at ang labanan sa pagitan ng Sugo ng Allah at silang mga kuffar ay dahil sa Tawhidul Uluhiyah o ang Kaisahan ng Allah sa pagsamba, kaya naman ang sinuman ang maglilihis ng anumang pagsamba sa iba maliban pa sa Allah, siya ay naging isang Mushrik Kafir.

**Ang Pangalawang Panuntunan: Ang mga Mushrikin ay nagsasabing: Hindi kami nanalangin sa kanila *(Rebulto, imahe at iba pang diyus-diyusan)*, o pumaroon sa kanila, maliban lamang sa kadahilanang, nais naming humingi ng "Qurbah" o mapalapit sa Allah at humingi ng "Shafa'ah" o gawin silang tagapamagitan sa Allah.**

**At ang patunay sa Qurbah sinabi ng Allah*: (at ang mga yaong sumamba ng iba bukod sa Allâh at nagturing ng mga tagapangalaga na sinasandalan bukod sa Kanya, sinabi nila: "Hindi namin sinasamba ang mga diyus-diyusan na ito bilang katambal sa pagsamba sa Allâh kundi upang ang mga ito ay maging tagapamagitan sa amin sa Allâh, mapalapit kami sa Allâh at iangat sa amin ang aming antas sa Allâh." Katiyakan, ang Allâh huhukuman Niya ang anuman na hindi nila pinagkasunduan sa pagsamba. Katiyakan, ang Allâh ay hindi Niya ginagabayan tungo sa Matuwid na Landas ang sinumang nagsisinungaling laban sa Allâh na di-naniniwala sa Kanyang mga palatandaan at mga katibayan.)* (1)**

**At ang patunay ng Shafa'ah sinabi ng Allah: *(At sila na mga walang pananampalataya ay sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na hindi man lang makapipinsala sa kanila at hindi man lamang makapagbibigay ng kapakinabangan sa kanila rito sa daigdig at sa Kabilang-Buhay at sinasabi nila: "Katiyakan, sinasamba lamang namin ito upang mamagitan sa amin sa Allâh,")***

**At ang Shafa'ah ay may dalawang uri: Shafa'ah Manfiyah at Shafa'ah Muthbatah (2).**

**(1) Nangangatwiran ang mga tauhan ng Shirk at Kufr na sila ay di umano ay hindi nananalangin sa kanilang mga diyus-diyusan o pumaroon sa kanila maliban lamang sa pagnanais na humingi ng Qurbah o para malapit sa Allah at Shafa'ah o gawing silang tagapamagitan sa Allah. At dahil dito, tunay na sila ay hinatulan ng Propeta Muhammad (Saw) na mga Kuffar o hindi mananampalataya at sila ay kinalaban dahil dito.**

**(2) Ang Shafa'ah sa literal na kahulugan sa Arabik: "Damm" o ginawang dalawa ang isang bagay.**

**At sa kahulugan nito sa Islam: ang pamamagitan ng isa para sa isa pa upang magkamit ng kabutihan o maglayo sa kasamaan.**

# Mga Uri ng Shafa'ah

**Muthbatah (Pinagtibay)**

Ito ang Shafa'ah na hinihingi sa Allah. Ito ay may mga kondisyon:
1- Ang pahintulot ng Allah upang mamagitan.
2- Kaluguran ng Allah para sa isang namamagitan
3-at sa pinamamagitanan niya.

Sa mga bagay na kayang gawin ng mga nilalang at ito ay magiging tama sa Apat na kondisyon:

1- Naririyan
2- Buhay
3-May kakayahan
4- Ito ay kaparaanan lamang

**Manfiyah (Winaksi)**

Ito ay winaksi o di-tanggap sa Quran, Ito ay isang bagay na hinihiling sa iba maliban pa sa Allah subalit ang may kakayahan lamang magbigay nito ay ang Allah.
Ang hatol nito ay: Malaking Shirk.

---

Natatangi sa Sugo ng Allah at hindi maaring makilahok ang sinuman dito.

- Ash-Shafa'ah Al-'Udhma

  O ang Dakilang Shafa'ah.
- Pamamagitan ng Propeta

  sa kanyang amain na si Abu talib na pagaanin ang parusa sa kanya.
- Pamamagitan ng Propeta

  sa pagbukas ng mga pintuan ng Paraiso.

Pangkalahatan para sa mga iba pang Sugo at Propeta at mga Anghel at mga Muwahhideen at Al-afrat (mga bata)

- Upang itaas ang antas ng mga tauhan ng Tawheed.
- Sa sinumang mga taong nahatulan na pumasok sa Impiyerno mula sa mga tauhan ng tawheed ay hindi sila papasukin dito.
- Sinumang nakapasok ng Impiyerno mula sa mga tauhan ng Tawheed ay papalabasin sila mula roon.

**Ang Shafa'ah Manfiyah:** Ito ay isang bagay na hinihiling sa iba maliban pa sa Allah subalit ang may kakayahan lamang magbigay nito ay ang Allah; ang patunay sinabi ng Allah: (*O kayong mga naniwala sa Allâh gumasta mula sa ipinagkaloob ng Allâh sa inyo bago dumating ang Araw ng Muling Pagkabuhay. (Sa Araw na yaon ay) walang bentahang maaaring mapagkakakitaan at wala ring kai-kaibigan sa Araw na yaon at tagapamagitan na mamamagitan sa inyo at ang mga walang pananampalataya sa Araw na yaon ay ang mga 'Dzâlimûn' (gumawa ng kasamaan).*

**Ang Shafa'ah Muthbatah:** Ito ang shafa'ah na hinihingi sa Allah, Ang tagapamagitan ay kinakailangang mamagitan sa kapahintulutan ng Allah, at ang" Mashfu' lahu" o ang pinamagitanan niya: ito ang sinuman nalugod ang Allah sa kanyang salita at gawa pagkatapos ng kapahintulutan ng Allah, katulad ng sinabi ng Allah: *(Walang sinuman ang maglalakas-loob na mamagitan sa Kanya maliban sa Kanyang kapahintulutan.)*.

**Ang Pangatlong Panuntunan (1): Tunay na ang Propeta Muhammad ay lumitaw sa mga taong may iba't-ibang mga sinasamba, tulad ng mga sumasamba sa mga anghel, propeta, mabubuting tao, bato, puno, araw at buwan. Ang mga ito ay kinalaban ng Propeta at tinuring sila na magkakatulad.**

**Ang patunay sinabi ng Allah***: (At ipagpatuloy ninyo, O mga sumasampalataya sa Allâh, ang pakikipaglaban sa mga 'Mushrikin,' na nagpapasimuno ng gulo, hanggang sa mawala ang 'Fitnah' sa 'Deen' ng mga Muslim at mawala ang pagsamba ng iba bukod sa Allâh, at ang 'Deen' ay mananatili na para na lamang sa Allâh)*

**At ang patunay sa araw at buwan, sinabi ng Allah:** *(At kabilang sa mga palatandaan ng Allah ay ang pagkakaiba ng gabi at araw at ang pagpapalit-palitan nito, at gayundin ang pagkakaiba ng araw sa buwan at ang pagpapalit-palitan nito, at ang lahat ng mga ito ay nasa ilalim ng Kanyang pangangasiwa at pamamahala. Huwag kayong magpatirapa sa araw at sa buwan – dahil ang dalawang ito ay pinangangasiwaan lamang at nilikha, bagkus ay magpatirapa kayo sa Allâh na lumikha ng mga ito, kung kayo ay tunay na sumasamba sa Kanya na Bukod-Tangi na walang katambal,)*

**At ang patunay sa mga Anghel; sinabi ng Allah:** *(At hindi maaari sa sinuman sa kanila na ipag-uutos sa inyo, na gawin ang mga anghel at ang mga Propeta bilang mga 'Rabb)*

(1) Ang panuntunang ito ay isang malinaw na patunay at lantad na kasagutan laban sa sinumang magsasabi na: "Ang Shirk ay mangyayari lamang sa pagsamba sa mga Rebulto at imahe, at ang mga batayan sa Islam ay bukod tangi lamang tumutukoy sa pagsamba sa rebulto at iba pang diyus-diyosan sa panahon na iyon lamang."

Ito ay mali dahil ang propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wasallam ay hindi sila pinag-iba-iba bagkus ibinilang silang lahat mula sa mga Taghut, at dinigma silang lahat ng Sugo ng Allah na walang pagbubukod tangi upang ang 'Deen' ay mananatili na para na lamang sa Allâh.

**Ang Patunay sa mga Propeta; sinabi ng Allah:** *(Alalahanin mo na sasabihin ng Allâh sa Araw ng Muling Pagkabuhay: "O `Îsã na anak ni Maryam, ikaw ba, sinabi mo sa mga tao na: 'Ituring ninyo ako at ang aking ina na dalawang sinasamba bukod sa Allâh?'" Tumugon si `Îsã bilang pagluwalhati sa Allâh: "Hindi maaaring sasabihin ko sa mga tao ang hindi totoo. Kung sinabi ko man ito, tiyak na ito ay batid Mo, dahil Ikaw ay walang maililihim sa Iyo na anuman, alam Mo kung ano ang nasa aking sarili at hindi ko alam kung ano ang nasa Iyo. Katiyakan, Ikaw ang ang Ganap na Nakaaalam ng lahat ng bagay na nakalantad o lihim.")*

**At ang Patunay sa mga Mabubuting Tao; sinabi ng Allah:** *(Sila ang mga yaong dinadalanginan o tinatawagan ng mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, na ito ay ang sinuman sa mga Propeta, mga mabubuti at mga anghel na itinatambal nila sa Allâh, gayong ang mga ito ay nag-uunahan na mapalapit sa Allâh na kanilang 'Rabb,' na ginagawa ang anumang kakayahan na mga mabubuting gawa, at naghahangad din ng Awa ng Allâh at natatakot sa Kanyang parusa.)*

**At ang patunay sa mga Puno at Bato; sinabi ng Allah:** *(ano naman ang masasabi ninyo, O kayong mga sumasamba ng iba bukod sa Allâh, sa mga diyus-diyusan na ito na inyong sinasamba: si 'Al-Lât,' si 'Al-`Uzzâ' at 'Al-Manât' na pangatlo, nakapagdulot ba sila ng kapakinabangan o nakapagsanhi ba sila ng kapahamakan upang sila ay ituring na mga katambal ng Allâh?)*

**At mula sa hadeeth na inulat ni Abi Waqid Al-laythiy Radhiyallahu Anhu, kanyang sinabi: "Lumisan kami kasama ang Sugo ng Allah patungong Hunain sa isang labanan, at sa panahong yaon ay kaiiwan lamang namin sa kufr, at nadaanan namin ang isang puno na pinagsasabitan ng mga Mushrikin ng kanilang armas upang magpabiyaya dito na kung tawagin ay "Dhat Anwat", at sinabi namin; o Sugo ng Allah gawan mo rin kami ng "Dhat Anwat", sinabi ng Propeta,"Allahu Akbar, Allahu Akbar, Allahu Akbar, sumpa man sa Siyang aking kaluluwa ay nasa Kanyang kamay na ganito ang sinabi ng angkan ni Israil kay Musa. Sabi ng Allah:** *(at napadaan sila sa mga tao na patuloy na isinasagawa ang pagsamba sa kanilang mga rebulto, kaya sinabi ng mga angkan ni Isrâ`îl: "Igawa mo kami, O Musã, ng rebulto na sasambahin namin na katulad ng mga rebulto na kanilang sinasamba." Sinabi ni Musa sa kanila: "Katiyakan, kayo ay mga tao na hindi nakaiintindi sa Kadakilaan ng Allâh)*

Ang Pang-apat na panuntunan: Ang mga Mushrikin sa ating panahon ay mas malubha sa kanilang Shirk kaysa sa mga naunang panahon. Sapagkat ang Mushrik noon ay tinatambal lamang nilang ang Allah sa mga panahong maginhawa ang kanilang buhay ngunit kung dumarating ang kagipitan at kahirapan sa kanila ay ang Allah lamang ang kanilang sinasamba. Ngunit ang mga Mushrik sa ating panahon ay itinatambal ang Allah sa panahon ng ginhawa at tinatambal pa rin nila ang Allah sa pahanon ng kagipitan at kahirapan. Ang patunay sa mga ito ay ang sinabi ng Allah: (*Kapag nakasakay ang mga walang pananampalataya sa sasakyang-pandagat, at natakot sa pagkalunod, ang kanilang paniniwala sa Allâh ay nagiging bukod-tangi na para lamang sa Kanya at nagiging taos-puso ang kanilang panalangin habang sila ay nasa ganitong kagipitan, subalit kapag sila ay ligtas nang nakadaong sa kalupaan at nawala na sila sa kagipitan ay bumabalik sila sa pagsamba ng iba bukod sa Allâh)* (1)

At tunay ang Allah ang lubos na nakakaalam
Wa Sallallahu ala muhammadin wa ala Alihi wa sahbihi wa sallam

(1) ipinaliwanag ng may-akda sa panuntunang ito ang panganib ng katayuan ng mga Mushrik sa ating panahon, dahil mas malubha ang kanilang Shirk kaysa sa mga naunang panahon na mga Mushrik; Dahil ang mga Mushrik sa ating panahon ay itinatambal ang Allah sa panahon ng ginhawa at tinatambal pa rin nila ang Allah sa pahanon ng kagipitan at kahirapan, at ang mga mushrikin noon ay nagtatambal sa Allah sa mga panahong maginhawa sila, at sumasamba sila nang dalisay sa Allah sa panahon ng kagipitan at kahirapan nila.

At kung ang mga Kuffar sa panahon ng Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wasallam ay mas mababa ang kanilang Shirk ngunit ay naging kafir o di-mananampalataya pa rin sila, ano sa tingin mo sa sinuman ang kanyang pagtatambal ay patuloy kahit pa sa maginhawang kalagayan o kagipitan at kahirapan, sila ay mas karapat-dapat na maging kafir sa simula pa lamang.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Ang Al-Qawaid Al-Arba'ay buod ng Aklat na Khashfush Shubuhat | Ang Panimula: Unwanus Sa'adah" (Palatandaan ng Kaligayahan) | Unwanus Sa'adah" (Palatandaan ng Kaligayahan) | kapag sila ay pinagkaloob an ay nagpapasalamat | Ang biyaya ay isang pagsubok<br><br>Ang patunay sinabi ng Allah: *(At ang pananatili rito sa daigdig ay pagsubok lamang sa pag-aatas o pagbabawal)* | pagpapasalamat sa biyaya | naka-ugnay sa Tawhidul Rububiyyah | Ang Paraiso ay hinihingi lamang mula sa Allah; dahil siya ang nagmamay-ari nito, ganoon din ang Biyaya, hindi ito maaring hingiin maliban lamang sa Allah Taala. |
| | | | | | | naka-ugnay sa Tawhidul Uluhiyah | Puso: ganap na pagsuko na ang tagapag-biyaya ay ang Allah at ang lahat ng bagay na nasa isang tao ay biyayang nagmula sa Allah. |
| | | | | | | | Dila: *("Ito ay mula sa Kagandahang-Loob ng Aking 'Rabb' upang subukin ako: kung ako ba ay magpapasalamat o tatanggi at di magpapasalamat?)* |
| | | | | | | | Katawan: paggamit sa biyayang pinagkaloob sa mabuting paraan at kinalulugudan ito sa atin ng Allah, dagdag pa riyan ang paggawa ng mga gawaing pagsunod para lamang sa Allah at paglayo mula sa mga pagsuway sa Kanya at ang pasunod sa Kanyang utos. |
| | | | At kapag sinubok siya ay nagtitiis | Ang mga kalagayan ng mga tao sa tuwing dumarating ang masasakit na pangyayari. | | | Ang pagkagalit sa masasakit na pangyayari rito sa mundo ay kabilang sa mga kabair o malalaking kasalanan. Bagkus maaaring umabot pa sa Shirk Asghar, at ito ay mangyayari sa pamamagitan ng Puso, Dila at Katawan |
| | | | | | | | Pagtitiis (Sabr): ang hatol nito ay wajib o obligado ayon sa pinagkasunduan ng Ummah. Magsabr tayo sa pamamagitan ng puso, dila at katawan. |

| | |
|---|---|
| | **Pagkalugod (Ridah):** ang kanyang hatol ay Mustahabb o isang kaibig-ibig na gawain, at ang ganap na pagkalugod sa Panginoon, ang malaman niya na ang lahat ng bagay na tumama sa kanya ito ay nagmula sa Allah at lahat ng itinadhana ng Allah sa isang tao ay kabutihan. |
| | **Pagpapasalamat (Shukr):** ito ang pinakamainam na antas at pinakakumpleto. At ito ang pinaka kaibig-ibig sa lahat, at mapabilang sa mga alipin ng Allah na mapagpasalamat. |
| at kapag nakagawa ng kasalanan siya ay humingi ng kapatawaran | |
| Bakit natin pag-aaralan ang Tawheed? At peligro ng Shirk | Ang Al-Hanifiyah ay relihiyon ni Ibrahim, nilikha ka ng Allah upang sambahin mo siya nang nag-iisa, ang pagsambang ito ay hindi matatawag na isang pagsamba hanggat magkaroon ng Tawheed, kapag ang Shirk o pagtatambal sa Allah ay humalo sa anumang Pagsamba, ito ay masisira at magiging walang saysay. At wawasakin ang anumang gawain, at ibibilang ang mga tauhan ng shirk sa mga mananatili sa impiyerno nang walang hanggan, ang pinakamahalagang bagay sa iyo ay ang malaman mo ito. |

| Ang Apat na panuntunan | |
|---|---|
| | Ang Unang Panuntunan: dapat mong malaman na ang mga Kuffar na silang kalaban ng Sugo, sila ay naniniwala sa Tawheedur Rububiyah, at hindi sila naniniwala sa Tawheedul Uluhiyah, at dahil dito ay hindi sila nakapasok sa Islam. |
| | Ang Pangalawang Panuntunan: Ang mga Kuffar ay sumasamba sa mga rebulto at iba pang diyus-diyosan sa kadahilanang nais nilang makamit ng Qurbah at Shafa'ah. |
| | Ang Pangatlong Panuntunan: Tunay na ang Propeta Muhammad Sallahu Alayhi Wasallam ay lumitaw sa mga taong may iba't-ibang mga sinasamba, ang mga ito ay kinalaban ng Propeta at tinuring sila na magkakatulad. |
| | Ang Pang-apat na panuntunan: Ang mga Mushrikin sa ating panahon ay mas malubha sa kanilang Shirk kaysa sa mga naunang panahon. |

# Pagsusulit sa Al-Qawaid Al-Arba'

Pangalan: ………………………………………….……… Bilang ng nasaulo mula sa Kitabut Tawheed: ………..

Iyo bang nasaulo ang Al-Qawaid Al-Arba': ……………………………….

| Gawain | Ang patunay mula sa Quran at Sunnah |
| --- | --- |
| Ang Biyaya ay pagsubok | |
| Paniniwala ng mga Kuffar sa Rububiyyah | |
| Paghingi ng Qurbah | |
| Shafa'ah Manfiyah | |
| Patunay sa Araw at Buwan | |
| Patunay sa Mga Malaikah | |
| Patunay sa mga Sugo | |
| Patunay sa mga mabubuting tao | |
| Patunay sa mga Puno at Bato | |
| Ang mga Mushrik ay sumasamba ng dalisay sa Allah sa panahon ng kanilang kahirapan at sila ay nagtatambal sa kanya sa panahon ng kanilang kaginhawahan | |
| Patunay sa Shirk | |

**Isulat ang iyong mga nalalaman sa mga sumusunod:**

| | |
|---|---|
| **Bakit tayo nag-aaral ng Tawheed?** | **1- 2- 3- 4-** |
| **5- 6-** | **7- 8- 9-** |
| **Bakit natin pinag-aaralan ang Al-qawaid Arba'** | **1- 2-** |
| **3-** | **4-** |
| **Nababahagi ang Aklat na Al-Qawaid Arba'** | **1- 2- 3-** |
| **Ang aklat na Al-Qawaid Arba ay buod ng Aklat na** | |
| **Bakit natin pag-aaralan ang aklat na Khashful Shubuhat?** | |
| **Unwanus Saadah** | **1- 2- 3-** |
| **Al-Hanifiyah** | |
| **Ang bunga mula sa pag-aaral ng Al-qawaid** | |
| **Ang Awliyah ng Allah sila ang…** | **Sinabi ni Shaykhul Islam:** |
| **Ang patunay dito** | **At bakit:** |
| **Mangyayari ang pagpapasalamat sa biyaya. Magbigay ng halimbawa.** | **1-** |
| **2-** | |
| **3-** | |

| | |
|---|---|
| Paano mangyayari ang ugnayan ng isang alipin sa Allah? | |
| Ang mga kalagayan ng mga tao sa tuwing dumarating ang masasakit na pangyayari. | 1- at kanyang hatol ito ay mangyayari: 1-<br>2- |
| | 2- at kanyang hatol ito ay mangyayari: 1-<br>2 |
| 3- | 4- |
| Ang Shafaa'h literal na kahulugan | Sa Islam: |
| Nababahagi ang Shafaa'ah sa | 1- 2- |
| Kondisyon ng Shafaa'ah Muthbatah | 1- 2- 3- |
| At nababahagi sa: 1- | at nabahahagi sa: 1- 2- |
| 3- | at nabahahagi sa: 1- 2- |
| Unang Panuntunan | |
| | |
| Pangalawang Panuntunan | |
| | |
| Pangatlong Panuntunan | |
| | |
| Apat na Panuntunan | |
| Hatol sa isang gawaing kapag nahaluan ng Shirk, | Ang Patunay: |

نواقض الإسلام

# Ang mga gawaing nakakawalang-bisa sa Islam ng isang Muslim

**(NAWAQIDUL ISLAM)**

# NAWAQIDUL ISLAM

**Sinabi ni Shaykhul Islam Muhammad bin Abdilwahhab (Rahimahullah):**

**Sa ngalan ng Allah**
**Ang Pinakamahahabagin, Ang Pinakamaawain**

**Alamin mo na ang Nawaqidul Islam ay sampung gawain:**

**Una:** Ang Shirk (Pagtatambal) sa pagsamba sa Allah, sinabi ng Allah Ta'ala: *(Katiyakan, ang Allâh ay hindi nagpapatawad sa sinumang nakagawa ng anumang 'Shirk'; subalit pinatatawad Niya ang anumang kasalanan maliban sa ganitong uri ng kasalanan, sa sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin.)*, at sinabi pa: *(Katiyakan, ang sinumang sasamba ng iba bukod sa Allâh ay ipinagbawal sa kanya ng Allâh ang Al-Jannah, at inilaan sa kanya ang Impiyerno na kanyang patutunguhan, at walang sinuman ang makatutulong sa kanya para makaligtas mula roon (sa Impiyernong yaon).)* , at kabilang rito: ang pag-aalay ng kinatay na hayop sa iba maliban pa sa Allah, katulad ng pag-aalay nito sa isang Jinn o sa isang libingan ng namatay.

**Pangalawa:** Sinumang gawin niya ang anumang bagay bilang tagapamagitan sa pagitan niya at ng Allah; nananalangin siya dito, at nagsusumamo ng Shafa'ah (pamamagitan) at nananalig sa kanila ay naging isang Kafir o hindi Muslim.

**Pangatlo:** Sinuman ang hindi niya itunuturing ang mga mushrikin o mga nagtatambal sa Allah bilang mga Kafir, o nagdududa sa kanilang pagiging hindi Muslim o kaya ay itinuring na tama ang kanilang mga gawaing panrelihiyon ay naging isa ring Kafir.

**Pang-Apat:** Sinumang maniwala na ang iba pang gabay maliban pa sa gabay ni Propeta Muhammad (Saw) bilang mas kumpleto kaysa sa kanyang gabay o kaya ay mas mabuti ang hatol ng iba pa maliban sa hatol niya tulad ng mga taong mas pinipili nila ang hatol ng mga Taghut o mga pinuno na nagpapatupad ng ibang batas maliban pa sa batas ng Islam kaysa sa hatol ni Propeta Muhammad (SAW) ay naging isa ring Kafir.

**Panglima:** Sinuman ang mamuhi sa anumang ipinahayag sa Propeta Muhammad kahit pa ito ay kanyang isinasagawa ay naging isa ring kafir.

__Pang-anim:__ **Sinuman ang mangutya, mang-alipusta sa anumang bagay sa relihiyon ng Propeta Muhammad (SAW) o sa mga gantimpala o mga parusa nito ay isa ring Kafir. Sinabi ng Allah:** ***(sabihin mo sa kanila, O Muhammad: "At sa Allâh ba at sa Kanyang mga talata at sa Kanyang Sugo ang inyong pag-aalipusta?" Huwag na kayong mangatwiran, dahil katiyakang, nilabag ninyo ang Allâh sa inyong mga sinasabing pag-aalipusta sa Kanya)***

__Pangpito:__ **Ang Sihr o Salamangka at kabilang rito: Ang Sarf o pangkukulam at A'tf o panggagayuma, at sinuman ang gumawa nito o nalugod sa gawaing ito, siya ay naging kafir. Sinabi ng Allah:** ***(Hindi sila (ang dalawang anghel na sina Harut at Marut) nagturo sa sinuman ng mahika at pangkukulam liban na lamang na sabihin muna nila sa kanila; na 'tunay na kami ay pagsubok lamang kaya't huwag kayong mawalan ng pananampalataya (sa pamamagitan ng pag-aaral ng mahika at pangkukulam).***

__Pangwalo:__ **Ang pagtulong sa mga Mushrikin at pakikiisa sa kanila laban sa mga Muslim. Sinabi ng Allah:** ***(At sinuman sa inyo, samakatuwid, ang makipagtulungan sa kanila, siya na nakipagtulungan ay magiging kabilang sa kanila at ituturing siyang katulad nila. Katiyakan, ang Allâh ay hindi Niya ginagabayan ang mga tao na mga masasama na nakikipagtulungan sa mga walang pananampalataya.)***

__Pangsiyam:__ **Ang sinumang maniwala na may ilang mga tao na hindi nasasakop ng Shari'ah o batas ni Propeta Muhammad (SAW) katulad ng hindi pagkakasakop ni Khadhir sa Shari'ah ni Musa -Alayhis salam- ay isa ring Kafir.**

__Pangsampu:__ **Ang pagtalikod sa relihiyon ng Allah, hindi ito pinag-aaralan at isinasabuhay. Sinabi ng Allah:** ***(Mayroon pa bang pinakamatindi ang kanyang kasamaan, sa (harapan ng) kanyang 'Rabb' kaysa sa isa na kapag pinaaalahanan sa mga palatandaan ng Allâh ay tinatalikuran niya ang lahat ng ito. Katiyakan na Kami ay maghihiganti sa mga Mujrimin (mga makasalanan)).***

**Walang pinagkaiba kung ang mga ito ay ginawa ng isang tao nang pabiro o dahil sa takot maliban na lamang sa napilitan. Ang mga nakakawalang-bisang ito ng Islam ay ang pinakamapanganib at ang may pinakamaraming nalulugmok dito kaya't kailangan sa isang Muslim ang mag-ingat mula sa mga ito at katakutan ang mga ito para sa kanyang sarili. At tayo ay magpakupkop sa Allah Ta'ala mula sa mga bagay na nagsasanhi ng kanyang pagkapoot at masakit na parusa, at itampok nawa ng Allah Ta'ala ang pagpapala at kapayapaan sa kanyang pinakamainam na nilalang na si Muhammad, at sa kanyang pamilya at kasamahan.**

# Pagpapaliwanag

## Panimula ng May-Akda

Sa ngalan ng Allah
Ang Pinakamahabagin, Ang Pinakamaawain
Alamin mo na ang Nawaqidul Islam ay sampung gawain:

### Bakit sinisimulan ng mga Ulama ang kanilang mga sulatin sa pamamagitan ng Basmallah?

- Pagsunod sa Quran at mga Sugo
- Pagbibigay ng Pansin sa Hadeeth: ((Kullu Amrin Dhi balin…)) kahit na ito ay isang mahinang Hadeeth.
- Pagsunod sa mga naunang mga Ulama at mga Salaf na ang kanilang kaugalian sa pag-aakda ay ang pagsisimula sa basmallah.
- Paghingi pagpapala sa pamamagitan ng pangalan ng Allah.

### Kapag binanggit ang A'dad o Bilang sa loob ng Quran at Sunnah

- Kapag wala tayong matagpuan sa mga kasulatan ng Quran at Sunnah na magdadagdag sa bilang na iyon; ito ay magiging isang Bilang na Mafhum: ibig sabihin ay Hindi maaaring dagdagan; halimbawa: ang bilang ng Arkanul Islam, Arkanul Iman katulad sa Hadeeth ni Jibril Alayhis Salam.
- Kapag matagpuan natin sa mga kasulatan ng Quran at Sunnah na Nagdadagdag sa bilang na iyon, ito ay magiging isang Bilang na hindi Mafhum: ibig sabihin ay maaaring dagdagan na naaayon sa Quran at Sunnah halimbawa: sinabi ng Sugo ng Allah: ((Ang limang mula sa Fitrah)) at sinabi niya pa: ((Layuan ninyo ang pitong nakakapinsalang kasalanan))

### Bakit Binabanggit minsan ang Adad o bilang, ngunit hindi ito mafhum?

Ito ay isang uri ng mabuting pagtuturo ng Sugo ng Allah, na kung saan kanyang ninais mula sa mga tagapakinig na masaulo at dumikit sa kanilang mga isipan habang sila ay nasa lugar ng pag-aaral, upang sa ganon ay madaling maalala ang mga usapin at aralin pagkatapos ng pagdaan ng panahon; katulad ng sinabi ng Sugo ng Allah: ((Tatlong bagay na aking sinumpaan sa Allah, at inyo itong kabisaduhin: Hindi na babawasan ang kayamanan ng isang alipin na nagbigay ng sadaqah)), at ang pamamaraang ito ay siyang ginamit ng may-akda sa kanyang mga sulatin.

### Bakit natin pag-aaralan ang mga Nawaqidul Islam?

Upang tayo ay makalayo rito at hindi makagawa nito, ang pag-aaral sa mga ito ay may malaking pakinabang, bagkus ito ang pinaka kapakipakinabang na aralin; katulad ng pag-aaral natin ng mga nakakasira ng Wudhu, upang hindi masira ang ating Wudhu at ganun din ang ating pag-aaral ng mga nakakasira ng Salah, upang hindi maging sira ang ating mga salah. Iniulat ni Hudhayfah bin Yaman Radhiyallahu Anhu kanyang sinabi: ((Isang araw ay nagtatanong ang mga tao sa Sugo ng Allah patungkol sa kabutihan, at ako naman ay tinanong ko siya patungkol sa kasamaan dahil sa takot na ako ay maabutan nito)).

### Ano ang Nawaqidul Islam?

Ito ang mga nakakasira ng Islam ng isang Muslim, at maglalabas sa kanya mula sa Islam tungo sa Malaking Kufr.

Ang Islam ito ang: Pagsuko sa Kaisahan ng Allah at pagsunod sa Kanya at pag-iwas sa Shirk at mga tauhan nito.

#### Ang kahulugan nito:

Ito ang mga bagay na maglalabas sa isang Muslim mula sa Islam tungo sa malaking kufr.

Ilayo nawa tayo ng Allah mula rito at pangalagaan.

#### At bakit minsan ay tinatawag ng mga Ulama na ito ay Nawaqid at minsan ay Mufsidat o Mubtilat?

Dahil ito ay isang pag-uuri upang hindi magsawa ang isang mag-aaral, ganun pa man ang kanilang kahulugan ay iisa lamang: Nakakasira ng Islam, Nakakasira ng Wudho, Nakakasira ng Salah o Sawm.

#### Ito bang mga Nawaqid ay napagkasunduan ng mga Ulama?

Oo.

#### Ito ba ay may limitadong bilang?

Hindi, hindi ito limitadong bilang.

#### Bakit sinabi na sampu?

Ibig sabihin ng sampung ito ay siyang pinaka-delikado at upang maisaulo ng mabilis.

**Maaari bang takdaan ang mga Nawaqid sa pangkalahatang pamamaraan?**

| Mula sa mga salita; pagmura sa Allah Taa'la o sa Sugo ng Allah (Saw) o sa deen. | Mula sa mga gawa; Sihr o Salamangka | Mula sa mga Paniniwala; Ang paniniwala na ang pagkamit ng pakinabang mula sa iba maliban pa sa Allah Taa'la | Ang pagdududa sa pagiging Kafir ng mga Hudyo at mga Kristiyano na mga umabot sa kanila ang Da'wah ng Propeta (Saw) ngunit hindi sila naniwala rito. |
|---|---|---|---|

**Binanggit ba ng Propeta Muhammad (Saw) ang Sampung Nawaqid? Ano ang mga batayan nito?**

Oo, ang bawat Nawaqid na ito ay binanggit ng Propeta Muhammad (Saw), bagkus ang bawat Naqid ay mayroong batayan mula Quran at Sunnah, sinabi ng Allah Taa'la: *(At sa ganitong pamamaraan ng pagpapahayag Namin sa iyo, O Muhammad (Saw) ipinaliliwanag ang mga malilinaw na katibayan sa lahat ng katotohanan, nang sa gayon ay lumantad ang daan ng mga gumagawa ng mga kasamaan.)*

**Sinuman ang gumawa ng alinmang Nawaqid, maaari bang hatulan siya nang pagiging Kafir ng bawat sinumang makakakita sa kanya o nalaman niya ito?**

Hindi, bagkus nararapat na sumangguni sa mga Ulama, at sa mga may Awtoridad na maghatol sa batas ng Islam ng pagiging kafir ng isang partikular na tao, sinabi ng Propeta Muhammad (saw) : "Sinumang tao ang nagsabi sa kanyang kapatid na: O kafir; tunay na babalik ito sa isa sa kanilang dalawa."

**Sinu-sino ang mga nagsulat ng aklat tungkol sa mga Nawaqid?**

Ang lahat ng nagsulat ng aklat tungkol sa Fiqh ay binanggit ang mga Nawaqid sa kabanata ng hatol sa mga Murtad (tumalikod sa Islam), ngunit ang may-akda ng aklat na ito; siya ang kauna-unahang nagsulat na ibinukod niya at inilagay sa isang aklat.

**Mayroong bang pinagkaiba ang mga gawaing Nawaqid at gumagawa nito?**

Oo at nararapat lamang, dahil hindi lahat ng tao na nakakagawa ng gawaing kufr ay magiging kafir agad, at nararapat na magkaroon ng matibay na katibayan at mawala ang pagdududa sa paghatol ng kufr sa isang partikular na tao. At ang layunin ng may-akda ay hindi hatulan ang mga partikular na tao; bagkus ang layunin nito ay magbabala mula sa mga Nawaqid, at ito ay isang uri ng pagpapayo para sa Ummah.

**Ano ang nararapat na gawin ng isang nag-aaral ng Nawaqid?**

**Nararapat sa isang Muslim na mag-ingat mula sa mga ito at katakutan ang mga ito para sa kanyang sarili. At magbababala siya sa mga tao mula sa mga ito. At ang paghatol sa mga tao ay nararapat isangguni sa mga Ulama at sa mga may Awtoridad na maghatol sa batas ng Islam.**

**Sinabi ng Allah Taa'la:** ***(Katiyakan, dumating sa inyo, ang Sugo na mula sa inyo, na naghihirap ang kanyang kalooban sa anumang natatamo ninyong kahirapan o kapinsalaan, nagmamalasakit sa inyo upang maituwid ang inyong paniniwala at maging mabuti ang inyong kalagayan, at siya ay maawain, ubod ng buti at mapagmahal sa mga mananampalataya.)***

# Ang Unang Naqid

**Ang Shirk (Pagtatambal) sa pagsamba sa Allah, sinabi ng Allah Ta'ala:** ***(Katiyakan, ang Allâh ay hindi nagpapatawad sa sinumang nakagawa ng anumang 'Shirk'; subalit pinatatawad Niya ang anumang kasalanan maliban sa ganitong uri ng kasalanan, sa sinumang Kanyang nais mula sa Kanyang mga alipin.)*****, at Sinabi pa:** ***(Katiyakan, ang sinumang sasamba ng iba bukod sa Allâh ay ipinagbawal sa kanya ng Allâh ang Al-Jannah, at inilaan sa kanya ang Impiyerno na kanyang patutunguhan, at walang sinuman ang makatutulong sa kanya para makaligtas mula roon (sa Impiyernong yaon).)*** **, at kabilang rito: ang pag-aalay ng kinatay na hayop sa iba maliban pa sa Allah, katulad ng pag-aalay nito sa isang Jinn o sa isang libingan ng namatay.**

## Uri ng Shirk

| Akbar (Malaki): | Asghar (Maliit): |
| --- | --- |
| (Ito ang tinutukoy ng may-akda)<br>At ito ang paniniwala na ang iba pa maliban sa Allah ay may patagong kakayahan sa pangangasiwa sa sanlibutan o nasa kanilang kamay ang pagkamit ng pakinabang o pagtaboy sa kapinsalaan. | At ito ang gawin niyang isang kaparaanan ang isang bagay na hindi naman ginawang kaparaanan ng Allah, at ang lahat ng bagay na daan patungo sa Malaking Shirk ay isang Shirk Asghar. |
| -Nag-aalis sa Islam.<br>-Hindi tatanggapin ang lahat ng gawain.<br>-Pinahihintulutan para sa mga Awtoridad ang pagpatay sa gumagawa nito at kunin ang kayaman nito.<br>-Mananatili ang gumagawa nito sa Impiyerno habang panahon.<br>-kapag tinawag sa batas ng Islam na Akbar.<br>-kapag nabanggit ang salitang Shirk at Kufr na tukoy sa pamamagitan ng (AL) sa mga kasulatan mula Quran at Sunnah; ito ay Akbar. | - Hindi nag-aalis sa Islam.<br>-Hindi tatanggapin lamang ang mga gawain na may kahalong Riya'.<br>- Hindi pinahihintulutan para sa mga Awtoridad ang pagpatay sa gumagawa nito at kunin ang kayaman nito.<br>- Hindi mananatili ang gumagawa nito sa Impiyerno habang panahon.<br>-Kapag tinawag sa batas ng Islam na Asghar.<br>-Kapag nabanggit sa batas ng Islam na ang gawain na ito ay isang shirk o kufr at hindi ito tinukoy sa pamamagitan ng (AL) bilang pantukoy. |

## Pinapatawad ba ang Shirk Akbar?

Hindi ito pinapatawad kapag namatay ang isang tao sa ganitong gawain; sinabi ng Allah Taa'la: *(Katiyakan, ang Allâh ay hindi nagpapatawad sa sinumang nakagawa ng anumang Shirk)*, at kapag nagbalik-loob ito; siya ay papatawarin, sinabi ng Allah: *(Sabihin mo, O Muhammad sa Aking mga aliping nagmalabis sa pang-aapi sa kanilang mga sarili sa pamamagitan ng pagsagawa ng anumang ipinag-uutos ng kanilang mga sarili na kasalanan: "Huwag kayong mawalan ng pag-asa sa Awa ng Allâh. Katiyakan, ang Allâh ay pinatatawad Niya ang lahat ng kasalanan. Katotohanan, Siya ang Ganap na Mapagpatawad ,ang Napakamaawain sa kanila.")*, hanggang sa hindi pa sumisikat ang araw sa kanluran; sinabi ng Propeta Muhammad (Saw): *"Hindi matatapos ang Hijrah hangga't hindi matatapos ang Tawbah at hndi matatapos ang Tawbah hangga't hindi sumisikat ang araw sa kanluran."*, o dumating ang paghihingalo, sinabi ng Allah: *(At hindi tinatanggap ang pagsisisi ng sinumang nagpupumilit sa pagsasagawa ng mga kasalanan hanggang sa dumating sa kanila ang paghihingalo at sasabihin ng isa sa kanila: "Ako'y nagsisisi na ngayon".)*.

## Ang Mga Uri ng Kasalanan

**Ang Malaking Shirk:** At ito ang pinaka-mataas

**Ang Maliit na Shirk:** Ito ay mas mababa sa Malaking Shirk ngunit mas Malaki ito sa Kabair

**Kaba'ir Malalaking kasalanan:** Lahat ng kasalan na may natatanging parusang itinakda katulad ng; pagsumpa o pagtaboy o kawalang kinalaman sa gumagawa nito o kabilang siya sa mga Kafir o Mushrik o hindi kabilang sa mga Mu'mineen o hinalintulad sa mga pinakamasagwang hayop.

**Saga'ir Maliliit na kasalanan:** Lahat ng kasalan na walang natatanging parusang itinakda.

**Ang hatol sa kanya:** Nararapat sa kanya na magtawbah, sinabi ng Propeta Muhammad (Saw): "Ang Na'ihah kapag hindi ito nagtawbah bago ito mamatay" at sa iba pang hadith: "kapag nilayuan ang Kabair..."

**Ang Antas nito:** Magkakaiba, sinabi ng Propeta Muhammad (Saw): "Ang pinaka-Malaking Kabair"

**Ang Hatol sa Gumagawa nito:**
- Mananatiling isang Mu'min ngunit kulang ang Iman o Mu'min sa kanyang Iman makasalanan sa kanyang gawaing kasalanan.
- Mamahalin siya ayon sa bilang ng kanyang Iman, at kamumuhian ayon sa dami ng kanyang kasalanan.
- Hindi maaaring lumapit habang ginagawa niya ang kasalanang ito.

**Bilang nito:** Ito ay walang takdang bilang ngunit nakatakda ayon sa pamanta-yang nabanggit sa itaas.

## (Ang Tatlong Uri Ng Dhabah (Mga Pagkatay)

| Ang pagkatay ng hayop para sa Allah | Pagkatay ng hayop para sa iba pa maliban sa Allah; bilang pagmamahal at pagdadakila | Pagkatay na Mubah |
|---|---|---|
| Katulad ng: Hadiy at Udhihiyah at Sadaqat. | Katulad ng pagkatay para sa Jinn, at mga patay sa libingan, ay itinuturing na malaking Shirk. | Katulad ng karne ng tupa upang kainin o ipagbili. |

# Pangalawang Naqid

Sinumang gawin niya ang anumang bagay bilang tagapamagitan sa pagitan niya at ng Allah; nananalangin siya dito, at nagsusumamo ng Shafa'ah (pamamagitan) at nananalig sa kanila ay naging isang Kafir o hindi Muslim.

## Mga Uri ng Shafa'ah

### Sa mga bagay na walang kakayahang gawin ito ng mga nilalang

**Muthbatah (Pinagtibay)**

Ito ang shafa'ah na hinihingi sa Allah. Ito ay may mga kondisyon:
1- Ang pahintulot ng Allah upang mamagitan.
2- Kaluguran ng Allah para sa isang namamagitan
3-At sa pinamamagitanan niya.

**Manfiyah (Winaksi)**

Ito ay winaksi o di-tanggap sa Quran; Ito ay isang bagay na hinihiling sa iba maliban pa sa Allah subalit ang may kakayahan lamang magbigay nito ay ang Allah.
Ang hatol nito ay: Malaking Shirk.

### Sa mga bagay na kayang gawin ng mga nilalang

at ito ay magiging tama sa Apat na kondisyon:
1- Naririyan
2- Buhay
3-May kakayahan
4 -Ito ay sabab o kaparaanan lamang

### Natatangi sa Sugo ng Allah (Saw)

1. Ang Dakilang Shafa'ah

2. Pamamagitan ng Propeta sa kanyang amain na Abu Talib na pagaanin ang parusa sa kanya.

3. Pamamagitan ng Propeta sa pagbukas ng mga pintuan ng Paraiso

### Pangkalahatan para sa mga iba pang Sugo at Propeta at mga Anghel at mga Muwahhideen at Al-afrat (mga bata):

1- Upang itaas ang antas ng mga tauhan ng tawheed.
2- Sa sinumang mga taong nahatulan na pumasok sa Impiyerno mula sa mga tauhan ng tawheed ay hindi sila papasukin dito.
3- Sinumang nakapasok sa Impiyerno mula sa mga tauhan ng Tawheed; ay papalabasin sila mula roon.

**Maaari bang sabihin ng isang tao sa kapwa niya na: Manalangin ka sa Allah para sa akin?**

**Kung ang paghingi na ito ay mayroong uri ng pangangailangan, ito ay uri ng Shirk Asghar, at kung ang paghingi ng Du'a na ito ay mula sa isang buhay at naririyan at may kakayahan at naniniwala na ito ay isang kaparaanan lamang ito ay maaari; ngunit mas mainam na iwanan ito.**

## TAWAKKUL

**Ito ang totoong pagsandal sa Allah na mayroong kasamang pagtitiwala sa kanya at pagkuha ng mga pinapahintulutan na kaparaanan.**

**Shirk Akbar; kapag ito ay binaling sa iba maliban pa sa Allah:**
**(Ito ang nais iparating ng May-Akda)**
**Ang Tawakkul na pagsamba at pagsuko.**
**Ito ang ganap ng pagsandal at pagtitiwala sa sinuman, na kung saan kanya itong pinapaniwalaan na nasa kanyang kamay ang pagtamo ng pakinabang at nagtutulak palayo ng kasamaan na may kalakip na pagsusumamo, katulad ng pagsandal sa mga patay.**

**Shirk Asghar:**
**Ito ang pagsandal at pagtitiwala sa isang taong buhay na may kalakip na pagsusumamo sa kanya; katulad ng sinuman sumandal at nagtiwala sa isang tao na buhay sa kanyang biyaya at ginawa niya ito bilang kaparaanan.**

**Jaiz:**
**Ito ang pagsandal at pagtitiwala sa isang tao na buhay sa mga bagay na pinapangasiwa sa kanya na walang kasamang pagsusumamo; katulad ng isang pinagkatiwalaang tao sa pagbebenta ng isang bagay.**

**Maaari bang sabihin na: (Ako ay umaasa at nagtitiwala kay pulano) o (Ako ay nagtitiwala at umaasa sa Allah pagkatapos kay Pulano)? At ano ang tama?**

**Hindi maaaring sabihin na: Umaasa ako kay Pulano, at hindi rin maaaring sabihin na: Ako ay umaasa sa Allah at pagkatapos kay Pulano; dahil ito ay isang Gawain ng puso na hindi maaaring ibaling sa iba pa maliban sa Allah, bagkus sabihin na: ako ay nagtitiwala kay Pulano; Ibig sabihin, pinagkatiwalaan ko siya, ang Propeta Muhammad (Saw) ay ipinagkatiwala sa ilang sahabah ang mga ilang gawain nito, pangkalahatan man o pangnatatangi.**

# Pangatlong Naqid

**Sinuman ang Hindi niya itinuturing ang mga mushrikin o mga nagtatambal sa Allah bilang mga Kafir, o nagdududa sa kanilang pagiging hindi Muslim o kaya ay itinuring na tama ang kanilang mga gawaing panrelihiyon ay naging isa ring Kafir.**

**Ang Hatol sa mga Mushrikeen (mga nagtatambal sa Allah) sa Islam?**

Ang lahat ng sinumang dumating at umabot sa kanya ang panawagan ng Propeta Muhammad (Saw) at hindi siya naniwala rito siya ay naging isang Kafir o nakagawa siya ng Malaking Kufr; dahil sinabi ng Allah Ta'aala*: (ang sinumang magnais ng iba maliban sa 'Deen Al-Islâm' ay hindi ito tatanggapin sa kanya at sa Kabilang-Buhay ay kabilang siya sa mga talunan).*

**Kabilang ba ang mga Angkan ng Kasulatan sa mga Mushrikeen?**

Oo, mapapabilang sila sa mga Mushrikeen na mga hindi naniwala sa Propeta Muhammad (Saw), sinabi ng Allah Ta'aala: *(kayong mga Muslim, makipaglaban kayo sa (mga kumakalaban sa Allâh na) hindi naniniwala sa Kaisahan ng Allâh at hindi naniniwala sa Muling Pagkabuhay, at hindi iniiwasan ang anumang ipinagbabawal ng Allâh at ng Kanyang Sugo, at yaong hindi nila tinatanggap ang Tunay na Relihiyon na Al-Islâm ,na katulad ng mga Angkan ng Kasulatan na mga Hudyo at mga Kristiyano, hanggang sa sila ay magbabayad ng 'Jizyah', na ibibigay sa inyo bilang kanilang ganap na pagpapasailalim.)*, at sinabi ng Propeta Muhammad (Saw): ("At Ako ay sumusumpa sa may hawak ng aking kaluluwa, walang sinumang nakarinig sa aking katuruan mula sa Ummah na ito, Hudyo man ito o Kristyano at siya ay namatay at hindi naniwala sa katuruang pinadala at pinahayag sa akin, tunay na siya ay kabilang sa mga taga Impiyerno).

Ito ba ay nangangahulugan na hindi na natin pa maaring isakatuparan ang mga Kasunduan?

Sinuman ang mayroong Kasunduan, marapat niya itong isakatuparan upang makamit niya ang pagmamahal ng Allah, sinabi ng Allah: *(Kung ang sinumang tutupad sa kanilang kasunduan sa inyo ay tuparin din ninyo sa kanila ang kasunduan. Katiyakan, ang Allâh ay nagmamahal sa mga matatakutin na tumutupad sa kasunduan.)*, nababahagi ang mga tao tungkol sa pakikitungo sa mga Mushrikeen:

- Silang mga lumalahok sa mga kuffar sa kanilang mga pagdiriwang at mga kaarawan at mga tradisyon at ritwal.
- Silang mga nagmalabis sa kanila sa pamamagitan ng pagpatay sa kanila, pananakit atbp.
- Silang mga nasa pagitan ng Dalawa, at ito ang Ahlus Sunnah wal Jamaah, hindi sila lumalahok sa kanilang mga pagdiriwang, kaarawan at ritwal, at kanilang isinasakatuparan ang mga Kasunduan sa pagitan nila, hindi sila nagmamalabis at nananakit at pinapakitunguan sila sa mga kalakalan, at hinihikiyat sila tungo sa Kaisahan ng Allah.

# Pang-Apat na Naqid

**Sinumang maniwala na ang iba pang gabay maliban pa sa gabay ni Propeta Muhammad (Saw) bilang mas kumpleto kaysa sa kanyang gabay o kaya ay mas mabuti ang hatol ng iba pa maliban sa hatol niya tulad ng mga taong mas pinipili nila ang hatol ng mga Taghut o mga pinuno na nagpapatupad ng ibang batas maliban pa sa batas ng Islam kaysa sa hatol ni Propeta Muhammad (Saw) ay naging isa ring Kafir.**

**Mga bahagi ng paggawad ng hatol bukod sa mga ibinaba ng Allah Ta'ala**

**Ang tinangkilik niya ang hatol ng Taghut at mga batas nito kaysa sa hatol ng Allah, na may pag-aakala na ang hatol ng Allah ay hindi naaangkop; siya ay nakagawa ng Kufr Akbar o Malaking Kufr na nakapagtitiwalag sa Relihiyon.**

**Sinabi ng Allah Ta'ala:**
***(Itinuring ng mga Hudyo at mga Kristiyano ang kanilang mga Paham at ang mga palasamba sa kanila na mga Diyos na sinasamba at Panginoon)***

**At kapag kanyang inakala na ang hatol ng Allah ay obligado itong isabuhay at ito ay mas naaangkop para sa mga bansa at mga tao, ngunit kanyang inuna ang batas ng mga Taghut dahil sa pansariling kagustuhan at kagustuhan sa pamumuno at iba pa; ito ay isang Kufr Asghar at isang fisq, at kung naputol dahil dito ang karapatan ng isang Muslim, siya ay magiging Dhalim, at maaring mahulog siya sa Malaking Kufr na nakapagtitiwalag sa Relihiyon.**

# Panglimang Naqid

**Sinuman ang mamuhi sa anumang ipinahayag sa Propeta Muhammad (Saw) kahit pa ito ay kanyang isinasagawa ay naging isa ring kafir.**

**Ang Batayan tungkol dito:**

Sinabi ng Allah: *(dahil sa kinamuhian nila ang Aklat ng Allâh at di nila pinaniwalaan, na kung kaya, naging walang kabuluhan ang kanilang Gawain.)* at sinabi pa: *(Sumumpa ang Allâh sa Kanyang Sariling Kataas-taasan, na kailanman ay hindi sila magiging tunay na mananampalataya hanggang hindi ka nila ginagawang hukom, O Muhammad sa anumang hindi nila napagkakasunduan sa mga pagitan nila, pagkatapos ay hindi sila makararamdam sa kanilang mga sarili ng pagtutol sa anumang iyong pinasyahang paghahatol, at sila ay susunod nang ganap na pagsunod.)* at sinabi pa: *(At sinuman ang ninais ng Allâh na gabayan, ay bubuksan Niya ang kalooban nito sa Islâm; at sinuman ang naisin Niya na maligaw ay gagawin Niya ang kalooban nito na sarado at masikip na siya ay mahihirapan sa pagtanggap ng patnubay; na ang katulad niya ay isa na umaakyat paitaas, na nagkakaroon ng paninikip sa kanyang paghinga.*
*At ganoon ang ginagawa ng Allâh sa mga kalooban ng mga walang pananampalataya na paninikip, na naninikip ang kanilang dibdib sa paghinga; na ganoon ang ginawang parusa sa mga walang pananampalataya.)*

**Ang pagmamahal at pagkamuhi para sa Allah**

Ang pagmamahal at pagkamuhi para sa Allah ay kabilang sa mga obligasyon, bagkus ito ang pinakamatibay na tanda ng pananampalataya.

**Anu-ano ang mga marapat na mahalin para sa Allah?**

- Ang lahat ng mga gawain na kalugud-lugod sa Allah at ito ang lahat ng katuruan sa Islam; tulad ng Tawheed.
- Ang lahat ng nagsasabuhay ng gawaing kalugud-lugod sa Allah; tulad ng mga Sugo at Propeta at mga Anghel, at mga Sahabah at lahat ng may tawheed sa Allah.
- Ang panahon na kung saan minamahal ito ng Allah; katulad ng Laytul Qadr at Thuluth Layl Akhir. (Huling ikatlong bahagi ng gabi)
- Ang mga lugar na kung saan minamahal ito ng Allah; katulad ng Makkah, Madinah Nabawiyah.

**Anu-ano ang mga marapat na kamuhian para sa Allah?**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Ang lahat ng mga gawain na kinamuhian ng Allah at tinanggihan ito; at ito ang lahat ng pinagbawal ng Islam tulad ng Shirk. | Ang lahat ng nagsasabuhay ng gawaing kinamuhian ng Allah at tinanggihan ito; tulad ng mga Mushrikeen at Munafiqeen at taga-sunod ng Shaytan mula sa mga tao. | Ang panahon na kung saan kinamuhian ito ng Allah; katulad na kung saan sinasamba ang Araw dito. | Ang mga Lugar na kung saan kinamuhian ito ng Allah, katulad ng mga lugar ng Shirk. |

**Magiging isang kafir ba ang isang Babae kung kanyang kamuhian ang Taaddud o pag-aasawa ng mga kalalakihan ng higit sa isa?**

Sa totoo lamang ang babae ay hindi naman niya tinanggihan ang Batas ng Islam, ngunit hindi niya gusto para sa kanyang asawang lalaki ang magkaroon ng ibang asawa kasama niya at ito ay hindi masisi sa isang babae.

# Pang-anim na Naqid

**Sinuman ang mangutya mang-alipusta sa anumang bagay sa relihiyon ng Propeta Muhammad (Saw) o sa mga gantimpala o mga parusa nito ay isa ring Kafir. Sinabi ng Allah:** ***(sabihin mo sa kanila, O Muhammad: "At sa Allâh ba at sa Kanyang mga talata at sa Kanyang Sugo ang inyong pag-aalipusta?" Huwag na kayong mangatwiran, dahil katiyakang, nilabag ninyo ang Allâh sa inyong mga sinasabing pag-aalipusta sa Kanya)***

## Ang Isang Nangungutya

### Ang kahulugan at hatol nito:

Ang Al-Istihza ay isang Sukhriyah o pangungutya sa pananampalataya, at ang hatol sa isang nangungutya sa pananampalataya o minumura niya ito ay isang uri ng kufr o naging isang kafir; at ito ay malaking Kufr na nakapagtitiwalag sa relihiyon, at ang gumagawa nito ay panghabang buhay sa Impiyerno.

At isang nakakarinig ng pangungutya sa pananampalataya ay marapat na pigilan ito at umalis sa lugar na iyon, katulad din ito kung napapanood niya o sinasalaysay ito na walang pagbabawal; dahil sa sinabi ng Allah Ta'ala: *(At inihayag sa inyo, sa Aklat ng inyong 'Rabb; na kapag narinig ninyo sa usapan na nilabag at hinamak ang mga talata ng Allâh, ay huwag kayong makiumpok sa kanila maliban na lamang kung babaguhin nila ang usapan ,Walang pag-aalinlangan, kapag kayo ay nakiumpok sa kanila sa gayong kalagayan ay magiging katulad nila kayo)*

### Tatanggapin lamang ang pagbabalik-loob ng isang nangutya sa pananampalataya sa kondisyon:

- Ang purihin niya ang Allah Ta'ala sa mga bagay na nararapat sa Kanya.
- Ang iwaksi at ipagkaila ang lahat ng kanyang sinabing pangungutya.
- Ang ilahad ang tanda ng kanyang pagbabalik-loob upang malaman ang katotohan nito.

At ang isang minura niya ang Propeta Muhammad (Saw) tunay na ang kanyang pagbabalik-loob ay tatanggapin ng Allah Ta'ala kung ito ay naging totoo, at siya ay hahatulan ng kamatayan ng kinauukulan dahil sa kanyang nagawa.

### Magiging isang kafir ba ang isang tao kung ang kanyang pangungusap ay maaring mayroong pagmumura sa pananampalataya?

**Ipapaliwanag sa kanya ang bagay na iyon, kung siya ay magbalik-loob ay hahayaan natin siya, at kung hindi ay ating idudulog ang kanyang kaso sa mga kinauukulan at mga Ulama.**

# Pangpitong Naqid

**Ang Sihr o Salamangka at kabilang mula rito: Ang Sarf o pangkukulam at A'tf o panggagayuma, at sinuman ang gumawa nito o nalugod sa gawaing ito, siya ay naging kafir. Sinabi ng Allah:** ***(Hindi sila (ang dalawang anghel na sina Harut at Marut) nagturo sa sinuman ng mahika at pangkukulam liban na lamang na sasabihin muna nila sa kanila; na "tunay na kami ay pagsubok lamang kaya't huwag kayong mawalan ng pananampalataya (sa pamamagitan ng pag-aaral ng mahika at pangkukulam").***

## Ang Sihr (Salamangka)

### Ang hatol nito:

**Ang Sihr ay isang malaking Kufr; dahil sa sinabi ng Allah Ta'ala:** ***(Hindi sila (ang dalawang anghel na sina Harut at Marut) nagturo sa sinuman ng mahika at pangkukulam liban na lamang na sasabihin muna nila sa kanila; na "tunay na kami ay pagsubok lamang kaya't huwag kayong mawalan ng pananampalataya (sa pamamagitan ng pag-aaral ng mahika at pangkukulam").***

### Ang mga palatandaan ng mga Salamangkero:

**-Pagsalungat sa mga kondisyon na pinapahintulutang ruqyah sa Islam.**
**-Pagsusulat ng mga letra, at mga salita na hindi maintindihan.**
**-Ang pagsipat sa mga bituin (Astrology), pagbabasa ng palad at baso.**
**-Pagbubuhol ng lubid at pagdura rito.**
**- Pangkukulam at panggagayuma.**
**-Ang utusan ang may karamdaman ng pagsalungat sa batas ng Islam katulad ng paggawa ng Haram o pag-iwan ng Salah, at pag-iwan ng Bismillah sa tuwing mag-aalay ng hayop na kakatayin.**
**-Pagtatanong sa pangalan ng Ina.**
**- Ang pag-aangkin ng pagkakaroon ng karunungan ukol sa Al ghayb o mga bagay na nalilingid.**

### Hatol sa pagpunta sa mga Sahir (Salamangkero o mangkukulam)

**Ang tinutukoy dito na pagpunta ay ang pagdalaw, o pagpapadala ng isang tao, o sulat tungo sa salamangkero o mangkukulam, at kabilang din dito ang panonood ng mga palatuntunan sa telebisyon at mga website, at magasin patungkol sa panghuhula, at salamangka, at pagbabasa ng palad at baso…**

**Ang hatol sa pagpunta sa mga Sahir ang sinumang gumawa nito ay hindi tatanggapin ang kanyang Salah sa loob ng apatnapung (40) araw ayon sa Hadeeth.**

**At ang sinumang magpunta o dumalaw sa kanila na naniniwala sa kanilang mga sinasabi tunay na sinabi ng Propeta Muhammad (saw): "Sinumang tumungo sa isang 'Arraf o manghuhula at naniwala sa mga sinasabi nito ay nawalan ng pananampalataya sa ipinahayag kay Propeta Muhammad.", at hindi kabilang dito ang isang nagtungo para pagbawalan ang mga Sahir o pumipigil sa kanila at sila ay nararapat sa gawaing ito.**

**An-nushra:**

**Ang panggagamot sa isang taong kinulam. Ito ay may dalawang uri:**

**Pinahintulutan:**

**Ang panggagamot sa Sihr sa pamamagitan ng Ruqya' at pagpapakupkop sa Allah at mga gamot na pinahihintulutan sa islam.**

**Pinagbawal:**

**Ang panggagamot sa kulam sa pamamagitan ng kulam. Sinabi ng Propeta Muhammad (Saw): "Tunay na ito ay mula sa mga gawain ng Demonyo"**

**Ang sagot at tugon sa mga nagsasabi na maaaring manggamot ng kulam sa pamamagitan pa ng isang kulam:**

1. Ang panggagamot ng kulam sa pamamagitan ng kulam ay isang pagsalungat sa Quran at Sunnah, at sa mga Sahaba, at mga Salaf –Kalugdan nawa sila ng Allah-.
2. Ito ay uri ng pagmamaliit sa panggagamot sa pamamagitan ng Quran at mga panalangin mula Sunnah Nabawiyah.
3. Ito ay uri ng pagpapalakas sa pangkukulam at mangkukulam, pagbibigay sa kanila ng awtoridad sa mga tao.
4. Paglihis mula sa katiyakan at ito ang panggagamot sa pamamagitan ng Quran at mga panalangin mula sa Sunnah tungo sa pagdududa at ito ang panggagamot sa pamamagitan ng Sihr.
5. Ito ay uri ng paghingi ng tulong sa mga Demonyo.
6. Kapag nagtiis ang isang taong kinulam, tunay na siya ay makakapasok sa Paraiso katulad ng nabanggit sa Hadeeth.
7. Ang panggagamot ng kulam sa pamamagitan ng kulam ay mas nakakaragdag ng kulam.
8. Ang Propeta Muhammad (Saw) ay nakulam din ngunit hindi niya ginamit bilang panglunas ang Kulam bagkus kanyang ginamit ang pinahintulutang Ruqyah sa Islam.

# Pangwalong Naqid

**Ang pagtulong sa mga Mushrikeen at pakikiisa sa kanila laban sa mga Muslim. Sinabi ng Allah:** ***(At sinuman sa inyo, samakatuwid, ang makipagtulungan sa kanila, siya na nakipagtulungan ay magiging kabilang sa kanila at ituturing siyang katulad nila. Katiyakan, ang Allâh ay Hindi Niya ginagabayan ang mga tao na mga masasama na nakikipagtulungan sa mga walang pananampalataya.)***

**Ang pagtulong sa mga Mushrikeen laban sa mga Muslimeen**

**Obligasyon ng isang Muslim na iwaksi ang mga Mushrikeen at ang kanilang katuruan at marapat na hindi maniwala ang isang Muslim sa kanila, at obligasyon din ng isang Muslim na mahalin at tangkilikin ang mga tauhan ng Tawheed. At sinuman ang mahalin niya ang Kufr at malugod dito o tumulong sa mga Kuffar at mga Mushrikeen laban sa Islam at mga Muslim; siya ay naging isang kafir na Malaking kufr na nakapagtitiwalag sa relihiyon.**

**At ang resulta sa atin: Ang pakikipagtulungan sa mga Mushrikeen ay dalawang uri:**

**Kufr at Riddah:**

**Ang pakikipagtulungan sa mga Mushrikeen laban sa mga Muslim dahil sa pagmamahal sa Kuffar at pagkamuhi sa mga Muslim at paghahangad na mangibabaw ang mga kuffar laban sa mga Muslim.**

**Hindi isang Kufr na nakapagtitiwalag sa relihiyon:**

**Hindi dahil sa pagmamahal sa mga Mushrikeen at pagkamuhi sa mga Muslim, bagkus para lamang sa makamundong pakinabang at pansariling kabutihan.**

# Pangsiyam na Naqid

**Ang sinumang maniwala na may ilang mga tao na hindi nasasakop ng Shari'ah o Batas ni Propeta Muhammad (Saw), katulad ng hindi pagkakasakop ni Khadhir sa Shari'ah ni Musa -Alayhis salam- ay isa ring Kafir.**

**Ang sinumang maniwala na may ilang mga tao na hindi nasasakop ng Shari'ah o Batas ni Propeta Muhammad (Saw):**

**Tunay na siya ay naging Kafir na Malaking Kufr na nakakapagtiwalag sa relihiyon ayon sa pinagkaisahan ng mga Ulama. At sinumang makagawa nito ay bibigyan ng pagkakataon ng magbalik-loob at kung hindi magbalik-loob; siya ay hahatulan ng kamatayan.**

**Sinabi ng Allah Ta'ala: *(Sabihin mo Muhammad! O sangkatauhan, tunay na ako ang Sugo ng Allah sa inyong lahat)*, at sinabi ng Propeta Muhammad (Saw): "Kung ang aking kapatid na si Musa ay buhay lamang; siya ay kabilang sa aking tagasunod".**

**At napapaloob dito ang mga angkan ng kasulatan na umabot sa kanila ang panawagan ng Islam; dahil sila ay mga Mushrikun katulad ng nabanggit sa una.**

**Lumabas ba si Khadhir mula sa relihiyon ni Musa? Walang napatunayang batayan sa atin na si Khadhir ay lumabas sa relihiyon ni Musa, at kung ito ay napagtibay, maaaring si khadhir ay hindi sakop sa relihiyon ni Musa, at ang mga sugo ay pinapadala sa kani-kanilang mga nasyon nang bugkod-tangi at ang Propeta Muhammad (saw) ay isinugo sa buong sangkatauhan at hindi maaaring lumabas ang sinuman mula sa kanyang batas at relihiyon.**

# Pangsampung Naqid

**Pangsampu: Ang pagtalikod sa relihiyon ng Allah Ta'ala, hindi ito pinag-aaralan at isinasabuhay. Sinabi ng Allah:** ***(Mayroon pa bang pinakamatindi ang kanyang kasamaan, sa (harapan ng) kanyang 'Rabb' kaysa sa isa na kapag pinaaalahanan sa mga palatandaan ng Allâh ay tinatalikuran niya ang lahat ng ito; Katiyakan na Kami ay maghihiganti sa mga Mujrimin (mga makasalanan)).***

## Ang pagtalikod sa relihiyon ng Allah Ta'ala:

**Sinabi ng Propeta Muhammad (Saw): (Sinuman ang naisin para sa kanya ng Allah ang kabutihan ay pinapaintindi sa kanya ang Deen), kaya naman ang sinuman na hindi ninais ng Allah Ta'ala sa kanya ang kabutihan siya ay tatalikod at magpapabaya sa pag-aaral ng Deen ng Allah Ta'ala, sinabi ng Allah Ta'ala:** ***Mayroon pa bang pinakamatindi ang kanyang kasamaan, sa (harapan ng) kanyang 'Rabb' kaysa sa isa na kapag pinaaalahanan sa mga palatandaan ng Allâh ay tinatalikuran niya ang lahat ng ito, Katiyakan na Kami ay maghihiganti sa mga Mujrimin (mga makasalanan)).*** **At ang Mujrimun ay sila ang mga magsisipasok sa impiyerno. Wa I'yadhu Billah**

## Ang hatol sa pagtalikod sa Deen ng Allah Ta'ala:

**Kung siya ay tatalikod sa pamamagitan ng kanyang pandinig at puso sa Propeta Muhammad (saw) ibig sabihin ay hindi niya ito paniniwalaan at hindi rin niya pinapasinungalingan, at hindi niya kakampihan at hindi rin lalabanan at hindi talaga siya nakikinig sa lahat ng dumating na katuruan ng Propeta Muhammad (Saw), ang hatol nito ay isang Kafir na malaking Kufr na nagpapalabas mula pananampalataya. Sinabi ng Allah Ta'ala:** ***(At kapag pinayuhan ang mga yaong mapagkunwari, na sinasabi sa kanila: "Halina kayo sa ipinahayag ng Allâh, at sa Kanyang Sugong si Muhammad, at sa Kanyang gabay," makikita mo ang mga yaong mapagkunwari na ipinapakita nila na sila ay may paniniwala at itinatago ang kanilang di-paniniwala, na tinatalikuran ka na may matinding pagtanggi.)*** **At sinabi rin*****: (At sinuman ang tatalikod sa pagsunod sa Allâh na kanyang 'Rabb' at tatalikod sa pakikinig ng Qur'ân at pag-iintindi nito, at di-pagpapatupad nito ay papapasukin siya sa matindi at masidhing kaparusahan.)*****.**

# Pangwakas ng may-Akda

**Walang pinagkaiba kung ang mga ito ay ginawa ng isang tao nang pabiro o isang seryoso o dahil sa takot maliban na lamang sa napilitan. Ang mga nakakawalang-bisang ito ng Islam ay ang pinakamapanganib at ang may pinakamaraming nalulugmok dito kaya't kailangan sa isang Muslim; ang mag-ingat mula sa mga ito at katakutan ang mga ito para sa kanyang sarili. At tayo ay magpakupkop sa Allah Ta'ala mula sa mga bagay na nagsasanhi ng kanyang pagkapoot at masakit na parusa, at itampok nawa ng Allah Ta'ala ang pagpapala at kapayapaan sa kanyang pinakamainam na nilalang na si Muhammad, at sa kanyang pamilya at kasamahan.**

**Walang pinagkaiba ang mga Nawaqid na ito kung ang mga ito ay ginawa ng isang tao nang:**

**Hazil o Pabiro:**

**Ito ang gumagawa ng Naqid pagkatapos ay nagpapanggap na nagbibiro.**

**Jaad o Seryoso:**

**Ito ay may intensyon na gawin ang Naqid at walang siyang dahilan dito.**

**Khaaif o isang takot:**

**Ito ang nagsasabi na may kasinungalingan na ang kanyang nagawang Naqid ay dahil sa takot mula kapahamakan na maaaring niyang makamit sa kanyang kayamanan o katayuan at siya ay hindi napilitan sa bagay na iyon, sinabi ng Allah :** ***(At mayroon sa tao na nagsasabi: "Naniwala kami sa Allâh," subalit kapag sila ay nakaranas ng paghihirap mula sa mga walang pananampalataya ay ituturing nilang kaparusahan ng Allâh, at kapag dumating naman ang tulong na mula sa iyong 'Rabb';sasabihin nila na mga tumalikod sa kanilang pananampalataya: "Katiyakan, kami ay kasama niyo" Di ba ang Allâh ang Ganap na Nakaaalam kung ano ang niloloob ng Kanyang mga nilikha?)***

**Ang isang napilitan:**

**Hindi magiging isang kafir ang sinumang pinilit na gawin ang isa sa mga Nawaqid ng Deen, at ang mga kondisyon ng napilit na maaaring maging dahilan ay ito:**

**1- Ang maging tunay na napilitan, at hindi magiging dahilan ang pagkatakot o pakikisama.**

**2- Hindi makakapinsala, kapag pinilit na murahin ang sinuman na maaaring maging kafir siya kung minura niya ito, at ito ay nakapinsala sa karamihan mula sa isang iyon, ito ay kufr.**

**3- Mangyari na umiwas sa abot ng makakaya at huwag maging direktang magsabi ng kufr**

**4- Mangyari na ang puso niya ay maging panatag sa Iman, ibig sabihin ang masabi ng kanyang dila ngunit mananatili ang Iman sa kanyang puso.**

**5- Dapat Hindi pilitin sa isang gawain na makakapinsala sa iba o makakapagligaw sa iba.**

**Mga mahalagang paalala:**

**Una:** Hindi ninais ng may-akda sa aklat na ito na gawing kafir ang Ummah, bagkus ang kanyang intensyon sa aklat na ito; ay ituro sa mga tao ang mga Nawaqid na ito upang mag-ingat at matakot mula rito, at kapag nangilag sila rito naging tama ang kanilang Iman, at sila ay makakaligtas mula sa masakit na parusa, at nararapat rin na magbigay sila ng babala sa iba mula sa mga ito; dahil ito ay ang pinakamapanganib, kaya nararapat sa isang Muslim na malaman ito upang mangilag at mag-ingat.

**Pangalawa:** Ang takot ng isang Muslim mula sa Shirk ay mangyayari sa pamamagitan ng pag-aaral ng kaalaman sa batas ng Islam, sinabi ng Propeta Muhammad (Saw): (Sinuman ang naisin para sa kanya ng Allah ang kabutihan ay pinapaintindi sa kanya ang Deen), ang kaalaman sa Deen ay siya ang pinakaobligado sa lahat ng obligado, at sa pamamagitan nito ay mabibigyan ng tanggulan ang isang tao mula sa shirk, Bida'h at pagsuway, at sa tuwing nadaragdagan ang pagkilala ng isang tao sa kanyang Rabb ay nadaragdagan ang pagmamasid niya sa kanyang gawain at mga kalagayan, at sa tuwing tumataas ang kaalaman ng isang tao ay nadaragdagan ang kanyang pagkadalisay para sa Allah at naging ganap ang kanyang Iman, sinabi ng mga ilang maaalam sa Islam: "kumaha kami ng kaalaman na hindi para sa Allah, kaya tumanggi siya sa anumang bagay maliban para sa Allah.".

**Pangatlo:** Hindi maaari maghatol sa isang partikular na tao ng pagiging Kafir maliban na lamang kung ito ay napagtibay at napatunayan ang kanyang paggawa ng anumang nakakapawalang-bisa ng pagkamuslim ng isang tao, at magkaroon ng mga batayan sa paghahatol na ito at mawala ang anumang nakakasagabal sa paghatol ng kufr sa isang tao, at maaari lamang na magsagawa ng paghahatol na ito ay mga kinauukulan o mga pinuno ng mga kamusliman o mga kumakatawan sa kanila mula sa mga Hukom at katulad ng kanyang katayuan. At ang mga simpleng mga tao ay hindi maaaring manghimasok sa mga bagay at usaping paghahatol na ito.

**Pang-apat:** Winakasan ng may-akda ang aklat na ito sa pamamagitan ng isang panalangin na kanyang sinabi: "At tayo ay magpakupkop sa Allah mula sa mga bagay na nagsasanhi ng kanyang pagkapoot at masakit na parusa", ito ay isang uri ng mabuting intensyon at pagnanais at pagkakaroon ng awa at kabutihan para sa mga mambabasa ng aklat na ito, at ito ay isang kaugalian niya sa lahat ng kanyang aklat at lathalain, kaawaan nawa siya ng Allah Ta'ala at patawarin siya at gatimpalaan siya ng mga kabutihan.

# Mga pagsusulit

**Sagutin ang mga sumusunod na katanungan:**

1. **Bakit nagsisimula ang mga Ulama sa papamagitan ng Bismillah?**

   ........................................................................

   ........................................................................

   ........................................................................

   ........................................................................

2. **Ano ang kahulugan ng Nawaqidul Islam?**

   ...............................................................................

   ...............................................................................

3. **Bakit minsan sinabi ng mga Ulama na "Nawaqid" at minsan ay "Mufsidat at Mubtilat"?**

   ...............................................................................

   ...............................................................................

4. **Ang mga Nawaqid bang ito ay napagkasunduan ng mga Ulama?**

   ...............................................................................

   ...............................................................................

5. **Ang bilang ba ng mga Nawaqid na ito ay limitado?**

   **- Limitado  - Hindi limitado  -Hindi limitado ang bilang ngunit limitado sa pangkalahatan.**

6. **Bakit sinabi ng may-akda na sampu ang bilang nito?**

..........................................................................................

..........................................................................................

7. **Kapag binanggit ang bilang sa Quran at Sunnah, ito ba ay magiging mafhum na hindi na ito maaari pang dagdagan?**

..........................................................................................

..........................................................................................

8. **Bakit minsan ay binabanggit ang bilang at wala itong mafhum?**

..........................................................................................

..........................................................................................

9. **Magbigay ng halimbawa ng may Mafhum?**

..........................................................................................

..........................................................................................

10. **Magbigay ng halimbawa ng walang Mafhum?**

..........................................................................................

..........................................................................................

11. **Nasa opinyon ba ng may-akda na may dagdag pa ang sampung ito?**

..........................................................................................

..........................................................................................

12. **Saan nagmula ang kanyang mga sinasabi?**

..........................................................................................

..........................................................................................

13. **Maari bang itakda ang bilang ng mga Nawaqid?**

.............................................................................

.............................................................................

14. **At paano ito itatakda?**

**1-** ...........................................................................

**2-** ...........................................................................

**3-** ...........................................................................

**4-** ...........................................................................

15. **Bakit natin pinag-aaralan ang mga Nawaqid?**

.............................................................................

.............................................................................

16. **Mayroong pa bang ibang nagsulat patungkol sa Nawaqid?**

.............................................................................

.............................................................................

17. **Magkaiba ba sa Nawaqid ang gumagawa nito at ang mismong gawa?**

.............................................................................

.............................................................................

18. **Ano ang dahilan ng pagkakaiba nito?**

.............................................................................

.............................................................................

**19. Ang layunin ba ng may-akda sa mga Nawaqid na ito ay maghatol sa tao ng kufr?**

..........................................................................................

..........................................................................................

**20. Ano ang marapat na gawin ng isang nag-aral ng mga Nawaqid na ito?**

..........................................................................................

..........................................................................................

**21. Anong uri ng Shirk ang tinutukoy ng may-akda?**

..........................................................................................

..........................................................................................

**22. Ano ang pinagkaiba ng Shirk Akbar at Shirk Asghar?**

..........................................................................................

..........................................................................................

..........................................................................................

..........................................................................................

..........................................................................................

..........................................................................................

**23. Matatanggap ba ang Tawbah ng isang taong nakagawa ng Shirk Akbar? At kailan hindi matatanggap?**

..........................................................................................

..........................................................................................

**24. Ang Shirk Asghar ba ay mas Malaki o ang Kabair?**

..........................................................................................

..........................................................................................

**25. Ano ang alintutunin sa mga kabair?**

..........................................................................................

..........................................................................................

**26. Ang mga Kabair ba ay may itinakdang bilang?**

..........................................................................................

..........................................................................................

**27. Ano ang hatol sa gumagawa ng Kabirah? At marapat bang mahalin siya o kamuhian?**

..........................................................................................

..........................................................................................

..........................................................................................

..........................................................................................

**28. Dapat bang makisalo sa mga gumagawa ng kabair?**

..........................................................................................

..........................................................................................

**29. Ang mga Kabair ba ay may mga antas? Ano ang batayan?**

..........................................................................................

..........................................................................................

**30. Mapapatawad ba ang Kabair sa pamamagitan ng mabubuting gawa? Kinakailangan ba ang Tawbah?**

..........................................................................................

..........................................................................................

**31. Ilan ang uri ng mga Kasalanan?**

.................................................................................

.................................................................................

**32. Ano ang mga uri ng Shirk Akbar?**

1- .................................................................................

2- .................................................................................

3- .................................................................................

4- .................................................................................

**33. Uri ng Pagkatay?**

1- .................................................................................

2- .................................................................................

3- .................................................................................

**34. Kailan magiging Shirk Akbar ang pagkatay?**

.................................................................................

.................................................................................

**35. Mga uri ng Shafa'ah**

1- .................................................................................

2- .................................................................................

3- .................................................................................

**36. Ano ang Tawwakul?**

.................................................................................

.................................................................................

37. **Ano ang mga Uri ng Tawakkul?**

**1- ………………………………………………………………………………**

**2- ………………………………………………………………………………**

**3- ………………………………………………………………………………**

38. **Maaari bang sabihin: ako ay nagtitiwala sa Allah pagkatapos ay kay pulan?**

**- Maaari** **-Hindi Maaari**

39. **Ano ang nararapat na sabihin?**

**……………………………………………………………………………..**

**……………………………………………………………………………..**

40. **Ano ang batayan sa pagiging kafir ng mga Mushrikeen? At kabilang ba sa kanila ang mga angkan ng kasulatan?**

**……………………………………………………………………………..**

**……………………………………………………………………………..**

41. **Ito ba ay nangangahulugan na hindi natin isasakatuparan ang mga Kasunduan sa kanila?**

**……………………………………………………………………………..**

**……………………………………………………………………………..**

42. **Anu-ano ang uri ng mga tao patungkol sa mga Mu'ahadun (isang kafir na nasa ilalim ng kasunduan sa pagitan ng mga Muslim)?**

**1- ………………………………………………………………………………**

**2- ………………………………………………………………………………**

**3- ………………………………………………………………………………**

**43. Anu-ano ang uri ng mga tao patungkol sa paghahatol ng batas liban sa batas ng Allah?**

..............................................................................................

..............................................................................................

**44. Ano ang hatol sa pagmamahal para sa Allah?**

..............................................................................................

..............................................................................................

**45. Sino ang marapat nating mahalin para sa Allah? at sino ang marapat na kamuhian para sa Allah?**

..............................................................................................

..............................................................................................

**46. Anong uri ng Kufr ang pangungutya sa Deen?**

..............................................................................................

..............................................................................................

**47. May Tawbah ba ang isang nangungutya sa Deen? At ano ang mga kondisyon nito?**

1- ..............................................................................................

2- ..............................................................................................

3- ..............................................................................................

**48. Ano ang hatol sa pagmumura sa Propeta Muhammad (saw)?**

..............................................................................................

..............................................................................................

**49. Ano ang hatol sa sinumang nakarinig ng pagmumura?**

..............................................................................

..............................................................................

**50. Ang ang patunay sa pagiging kafir ng isang Sahir o mangkukulam?**

..............................................................................

..............................................................................

**51. Ano ang mga palatandaan ng Sahir o mangkukulam?**

..............................................................................

..............................................................................

**52. Ano ang hatol sa pagpunta sa mga mangkukulam?**

..............................................................................

..............................................................................

**53. At paano ang pagpunta niya roon?**

..............................................................................

..............................................................................

**54. Ano ang uri ng Nushrah?**

**1- ……………………………………………………………………………………**

**2- ……………………………………………………………………………………**

55. Paano natin sasagutin ang mga nagsasabing maaari ang paggamot ng Sihr sa pamamagitan ng Sihr?

1- …………………………………………………………………………………

2- …………………………………………………………………………………

3- …………………………………………………………………………………

4- …………………………………………………………………………………

5- …………………………………………………………………………………

6- …………………………………………………………………………………

7- …………………………………………………………………………………

8- …………………………………………………………………………………

56. Ano ang hatol ng pagtulong sa mga Mushrikeen?

……………………………………………………………………………………

……………………………………………………………………………………

57. Maaari ba sa isang tao na lumabas siya sa batas ng Propeta Muhammad (Saw)?

……………………………………………………………………………………

……………………………………………………………………………………

58. Si Khadhir ba ay lumabas batas ni Musa Alayhis Salam?

……………………………………………………………………………………

……………………………………………………………………………………

59. Ano ang hatol sa pagtalikod sa Deen?

……………………………………………………………………………………

……………………………………………………………………………………

**60. Ano ang Khaif ayon sa may-akda? at ito ba ang napilitan?**

**...............................................................................**

**...............................................................................**

**61. Anu-ano ang mga kondisyon ng napilitan?**

**1- ……………………………………………………………………………**

**2- ……………………………………………………………………………**

**3- ……………………………………………………………………………**

**4- ……………………………………………………………………………**

**5- ……………………………………………………………………………**

**62. Ano ang dahilan bakit tinapos ng may akda ang aklat sa pamamagitan ng panalangin?**

**...............................................................................**

**...............................................................................**

**63. Paano matatakot ang isang Muslim para sa kanyang sarili mula sa Shirk?**

**...............................................................................**

**...............................................................................**

# Nilalaman


| | | |
|---|---|---|
| 1 | Ang Tatlong Saligan | 5 |
| 2 | Panimula | 6-9 |
| 3 | Ang Apat na Usapin | 10-13 |
| 4 | Ang Tatlong Usapin | 14-17 |
| 5 | Kahalagahan ng Pag-aaral ng Tawheed | 18 |
| 6 | Ang Tatlong Saligan | 19-45 |
| 7 | Pangwakas | 46-48 |
| 8 | Dagdag (Buod Talaan sa pagpapaliwanag ng Al-Usuluth Thalathah) | 49-52 |
| 9 | Pagsusulit sa Al-Usuluth Thalathah | 53-58 |

| | | |
|---|---|---|
| 10 | Ang apat na panuntunan | 59-61 |
| 11 | Panimula: “Unwanus Sa’adah” (Palatandaan ng Kaligayahan) | 62-65 |
| 12 | Unang Panuntunan | 66 |
| 13 | Pangalawang Panuntunan | 67-68 |
| 14 | Pangatlong Panuntunan | 69-70 |
| 15 | Apat na Panuntunan | 71 |
| 16 | Dagdag (Buod Talaan sa pagpapaliwanag ng Al-Qawaid Al-Arba’) | 72-73 |
| 17 | Pagsusulit sa Al-Qawaid Al-Arba’ | 74-76 |

| | | |
|---|---|---|
| 18 | Ang mga gawaing nakakawalang-bisa sa Islam ng isang Muslim | 77-79 |
| 19 | Panimula | 80-83 |
| 20 | Unang Naqid | 84-86 |
| 21 | Pangalawang Naqid | 87-88 |
| 22 | Pangatlong Naqid | 89 |
| 23 | Pang-apat na Naqid | 90 |
| 24 | Panglimang Naqid | 91 |
| 25 | Panglimang Naqid | 92 |
| 26 | Pang-anim na Naqid | 93 |
| 27 | Pangpintong Naqid | 94-95 |
| 28 | Pangwalong Naqid | 96 |
| 29 | Pangsiyam na Naqid | 97 |
| 30 | Pangsampung Naqid | 98 |
| 31 | Pangwakas | 99-100 |
| 32 | Pagsusulit sa Nawaqidul Islam | 101-111 |
| 33 | Mga nilalaman | 112-115 |